

COMPLICATED LOVE – By : Aril_daine

Sadist Lover Sequel!!!

Prologue

What if?
Akala niyo OKAY na?
TAPOS na?
Na HAPPY ENDING na?

Pero WHAT IF
Puro AKALA lang?

Pero paano kung HINDI pa pala?

HINDI ba nila alam na ang buhay nag uumpisa palang
Pagtungtong ng KOLEHIYO?

COLLEGE LIFE!
Hindi ba nila alam na madami itong inaagaw?
Tulad ng?

TIME! Oras dear! Oras!
Kaagaw mo ang Oras

Time? Presence?
...SPACE...
Studies
&
Priorities In Life.

Sino naman makapagsasabing,
Kapag mahal niyo ang isa't-isa
OKAY na?

Bakit pag mahal mo ba isang tao may makukuha ka ba dun?
Nakakain ba yun?
Nagagastos ba yun?

Hindi naman sa lahat ng pagkakataon
May naitutulong ito.

Lalo na nga't nag-aaral pa!

College Life nga naman!

Sabi nga sa natutunan sa science..
Common sense...
Ang Mundo umiikot!

Ibig sabihin hindi lahat permanente!

Sa bawat Ikot nito

May NABABAGO
May NAWAWALA
May DUMARATING
At
May NASASAKTAN

Kaya naman....

Masasabi mo pa kaya ang salitang
MAHAL KITA?
Kung ang STATUS niyo?
Laging

COMPLICATED?

Complicated love? sabi nila ang complicated ay isang salita lamang! Salita lamang ito! Pero kung itinabi mo sakanya ang salitang LOVE. bakit parang iba? Bakit parang ang sakit?

Bakit parang may magdudusa?

Bakit kelangan magdusa kung nagkataon?

Di ba pwedeng gawin nalang PERFECT RELATIONSHIP?

Pero wala namang PERFECT eh! Lahat nagkakamali! Lahat may pinagdadaanan.

Lahat may gagawing paraan para ang imposible maging posible!

Pero sa istoryang ito.

Magagampanan kaya ng dalawang tauhan ang mga dapat gampanan?

Mananatili ba ang nagustuhan niyong ugali nila?

May magbabago kaya?

Masasaktan?

Iiyak?

Tatawa?

COMPLICATED LOVE. hindi ba't kayang kaya namang lagpasan ang lahat basta nagmamahalan?

Pero kaya nga kaya nila?

Kung may MGA taong dadating at makakagulo sa relasyon nila?

Chapter 1: I wanna start a journey with you

“SHARLOT!”

Bahala ka dyan! Awayin daw ba ako? Sige bahala ka talaga dyan! Isa kang! Isa kang!! EEEEEEEHHHH
NAKAKAINIS KA LANCE MARIANO!!!

“SHARLOT!”

Wala, don't mind him! Don't mind that cool guy!!! OMG!!! Cool cool ka pa dyan Miyuki eh kita mo na
ngang nag-aaway kayo! Nakakainis kasi siya! Pagbintangan daw ba ako ng kung anu-ano? Aish!
Nakakainis!!!

“Sharlot! I'm dead serious!”

“serious mo mukha mo! Naiinis ako sayo!”

“Sharlot”

Napatingin ako sakanya. Yeah mukha ngang seryoso siya

“now what? Nakakainis”

Then....

bogsh

>____< kamot sa ulo....

Aray..... napahawak ako sa likod ko.....

Ang sakit.....

Hmmmmmm???? Panaginip! Sakit naman mahulog sa kama

Pagtingin ko sa relo ko..

OMG!!! LATE NA AKO!!!!

Waaaaaaaaaaaaaaaaah!

Naligo na ako kaagad, nagbihis!!! Takbo pababa!

"Hime! Dahan dahan lang!"

"waaaah LATE NA KASI AKO KUYA LAVI!!!"

"HAH??? Diba wala kang Klase???"

Hah???

Napahinto ako...

"anong araw ba ngayon???" tanong ko

"today is Tuesday, baby"

>____<

Ano ba yan!!! Nagmamadali ako sa wala!!!!

"Hime today is..."

"TUESDAY!!!" sigaw ko

"oo nga Tuesday nga" ngiting ngiti pa si Kuya Rex

"oo nga Tuesday nga..magkikita kami ni Lance kasi tuesday ngayon ^^,"

Tama tuwing Tuesday nagkikita kami ni Lance ito lang kasi yung freeday naming pareho.

"Baby may nakakalimutan ka ba?" asked rex-nii san

Nakakalimutan? Bakit? Wala naman sa pagkakatanda ko.

"HIME!" oops bakit nasigaw yang si kuya Lavi?

"Ay basta! Osige mga kuya aalis na po ako" paalam ko

“Where do you think you’re going?” asked kuya Shizu
“Lance’s place?”
“HIME!”

O__O

Ano bang nangyayari sa mga kuya ko?

“Miyuki” napatingin ako sa kabubukas lang na pinto..
“okasan?”

Lumapit siya saakin at saka niya ako niyakap

Super wide pa ang ngiti niya..

Anong meron?

“Your dad will come home later so be ready okay?” nakangiti lang siya habang kinakausap ako.

“May okasyon ba, Ma?” tanong ko

Napatingin si mommy saakin...

“Nakalimutan mo?”

Nag-isip ako kung ano meron... hmmm ang alam ko lang ngayon ay Tuesday at dapat na magkita kami ni Lance.

“Snap out of it Miyuki! Today is your birthday! So better make yourself beautiful!” said Shizu-nii

Birthday ko?? NOW ????

Napatingin ako kay Mommy

“Otanjoubi omedato Miyuki-chan.” bati ni mommy

Waaaaaaaaaaaaaaah so today is my day???

Ang bilis!!!

Hindi nga?

“So halika na! pagagandahin pa kita... ^^ and make sure that your escort, Oh! scratch that! That all the boys in the venue will drool over you, hahaha.”

“Kaachan!”

“Just kidding...”

Tapos umalis na kami ni mommy and then ayun ^__^, Excited ako Makita si Lance.. at syempre sa birthday ko...

Ano kayang mga matatanggap ko?

EXCITED DIN AKONG MAKITA ULIT SI GAIL!!!

Yeah si Gail ^^

Kasi nung January bumalik na siya sa ibang bansa... Siyempre with Seb yun. Di pwede maghiwalay ang dalawang yun nuh! Hahaha

So excited :)

Kysler's POV

(disappointed? Dahil hindi si Lance? Patay na si Lance!!!! (___) gomenasai XDD hahaha)

Babae talaga ang bagal! Nakakainis! Nakakabarino kaya paghintayin!

"hoy matagal ka pa?"

"HOY KA DYAN! BATUKAN KITA EH!"

Amasona! Lalaking mukhang babae!!

Madaming nagtatanong kung Girlfriend ko na ba siya. Girlfriend ko nga ba siya? Hindi ko din alam. Wala naman kasi yang pakialam saakin ! tsk.

Ako naman itong si buntot ng buntot sakanya! Kasalanan ko bang mahal ko siya? At ayaw kong may ibang lalaking lumalapit sakanya? Kaya naman pala ganun nalang kung magbantay si Lance kay Miyuki noon. Ganto pala ang feeling? Akalain mo yun? May feelings din ako? Hahaha

"Ano ayos ba? Maganda na ba ako?" tanong niya nung makalabas na siya sa kwarto niya

Tinignan ko siya mula ulo hanggang paa

"Ang pangit!" panlalait ko

Pero maganda naman talaga. Baka naman talunin pa niya sa ganda yung may birthday nito? Pero Malabo! Haha birthday nun eh di pwedeng magpapatalo yun.

Magpapatalo? Competition? Ano ba yan.

“Pangit ka dyan! Sapukin kita eh!”
“Sige nang wala ka ng kasama pumunta dun” banta ko
“Sus? Yun lang? madami akong lalaking mahihila dun!”

Ah talaga lang ah? Inaasar ba ako nito? Naku! Kung hindi lang kita mahal alesana!!!

“MOMMY!!! AALIS NA PO KAMI!!!”

“Mag-enjoy kayo dun.” narinig kong sabi ni tita Marie.

Umalis na kami.

Ang totoo niyan ang ganda talaga ni Alesana ngayon.

Dagdag mo pa yung pagka-Tan niya ngayon!

Oo nagpa-tan pa talaga yan para lang dito sa birthday ni Miyuki.

“Kysler ano sa tingin mo ang ireregalo ni Lance kay Miyuki?”

“Malay ko dun sa mokong na yun”

“Pero siguro kahit ano na! basta galing kay lance nuh?”

“yup”

Ako ang driver. Haha.

Sa university, kaklase ko pa din naman si Miyuki sa ibang subject, at dahil ako kaklase niya... Sus pinapabatayan siya sakín ng prinsipé niya ahhaahhaa.

Kaso syempre di naman ako parati pumapasok >:)) pinupuntahan ko pa kaya sa kabilang building ang Alesana ko! Kahit na pinagtatabuyan niya ako. Haha.

Si Lance?

Malay ko dun. Madami pa din may HD sa lalaking yun eh nakakainis lang.

Kinakawawa niya ang mga girls. Tsk. Ayaw niya ako bigyan ng mga ginamit niyang moves kay Miyuki! Di ko tuloy magamit dito kay Ales!

Nakarating na kami sa venue...

Ang dami ng tao.

Ang debutant? Natural wala pa!

Eh ang escort? Aba malay ko dun -___- nasan na kaya yung si Lance?

“Kys!!!” natatarantang tawag ni Ales

“Bakit?”

Nakaupo kami ngayon sa iisang table... Sakto din ang dating nila Gail. Nandito na ulit siya sa bansa.

“Nasaan si lance?” tanong ni Gail.

“Yun na nga eh! Wala pa!” sagot naman nitong isa.

Natataranta? Mga adik ba sila? Hindi naman sila ang eescortan ni Lance ah?

“Hala magsisimula na ah! Asan na ba yun?”

“Baka naman nandun na siya?”

“Siguro nga?”

Wala kaming paki ni Seb sa dalawang nag-uusap. Paki ba namin kung wala si Lance? Joke! Haha.

Asan na ba yung gagong yun? Loko yun ah! Wag mong sabihin na ngayon pa yun magloloko? 18 na yung babaeng pinakamamahal niya! Pwedeng pwede na niyang pakasalan! Haha.

Kidding aside, syempre! Ay basta. Hahaha

Sharlot’s POV

Nasa venue na kami, nandito ako inaayusan pa din. Nasan na ba si Lance? >__< wala akong escort? Lokong yun!!!

Ang dress ko? Kulay puti siya, si Mommy ang pumili nito gusto ko sana blue kaya lang wag daw, kaya may touch of blue nalang ito. Tapos ang buhok ko nakataas ^^ ang ganda ko! Syempre yung gown, yeah gown yung tube type. Basta maganda ako! Ang kaso

“Kuya” I pouted

“Uupakan ko yun pag dumating!” –Lavi

“I’ll kill him!” –shizu

“Relax!” – Rex

“HOW?” >__< mas tense pa mga kuya ko?

Haist...

Wala baka natraffic na siya. Pero di niya ako tinitext eh TT^TT baka kung napanu na siya! Aish! Nakakainis >__<

Ngayon? Pababa ako sa hagdan, ng walang kasama! Nagtitinginan ang lahat saakin nagbubulungan. At ako? Hinahanap ang taong gusto kong Makita. Pero wala siya. Taong tanging gusto kong kasama ngayon kaarawan ko. Pero wala ni anino niya.

Nag-umpisa na ang kasiyahan, ang dami naming bisita. Yung iba mga elementary friends. Well high school? Si Gail lang! Si Jake din nandito of course mawawala ba naman si makulit na si Dennis? Kysler is there, Alesana is also there pati si Seb... si Lance? Wala pa din :(pinapalungkot ako ng lokong yun!

Pag siya di dumating ngayon...

Ewan ko nalang TT__TT

Kainis siya!

Natapos na yung halos lahat ng 18, at heto sa 18 candles na kami... Dalawa nalang

“ehem, hi Miyuki, actually I’m speechless, you see thanks to Lance that I’ve met you, wag ka magbabago okay? I love you my dear friend” saka ako nilapitan ni ales at hinalikan sa pisngi

“Thank you.” I said.

Then si Gail na ang magsasalita.

“Bessy Happy birthday I love you so so so so so much! And thanks kasi I thought di kita magiging kaibigan, kasi alam mo naman nung high school tayo right? Walang pumapansin sakin, di ko nga din alam kung anong nasa isip mo nung pinapansin mo ko, alam mo na I was a nerdy back then, and ikaw din naman ganun haha, pero..OMG naiyak ako” nagtawanan ang lahat sa sinabi niyang last na sentence.

“Dalaga na ang bestfriend ko... Kapag bumalik nanaman ako sa ibang bansa wala nanaman akong makakasama parati na mag-mall, mamimiss kita bessy.” saka niya pinunasan yung luha niya, ako din tuloy naiyak.. I wiped away my tears,,, kasi naman eh!

"Ayan, ano ba yan, dapat pala happy tayo.... Ahaha.. So yeah... Malalagot sakín si Lance pag pinaiyak ka niya, tawagan mo lang ako okay? Uuwi ako agad dito para lang masuntok siya!" dagdag niya....

Napangiti ako, lumapit siya saakin saka niya ako niyakap

"I will miss you Bessy, Happy birthday."

"Thank you, Gail." I murmured

Ano ba yan? Nag-iiyakan kami? Dapat happy! Kasi umuwi lang siya dito para lang sa birthday ko. >__<

And then....After that nag umpisa na ang 18 roses, wala pa si Lance

First Dance ay si Daddy.

Kinausap lang niya ako na sana maging Masaya ako sa napili ko. At wag sana dumating sa point na magsisi daw ako.

But I smiled instead and answered him: "I love Lance dad."

He smiled in return, then next ay si Dennis..

"Crush pa naman kita kaso wala na! sayang sana pala umuwi ako kaagad noon!"

"Ikaw talaga! Kahit kailan isip bata!"

He chuckled.

Next ay yung mga pinsan ko.

Wala masyadong napag-usapan ang sabi lang nila ang ganda ko daw. Na mag smile lang daw ako.

Twelve na ang naisayaw ako, labing dalawa na.

Sumunod si Jake... Ang song beautiful seed by corrinne

"You're still beautiful as ever." he said smiling

"Thanks."

Yeah we're in good terms na. Okay naman kami. Friends na kami.

"Thank you for everything, Jake"

“Tsk! Wag ka nga mag thank you! Nagsisisi ako lalo eh!”

“Oh tama na yan, ako naman” said kuya Lavi.

Pang-14 na siya...

Tumingin ako sa paligid... Wala pa din si Lance :(

Meanie! Paano ang last dance ko?

“Why hime? Looking for your Prince?” naiinis pa niyang tanong.

“Yeah >__<”

“Uupakan ko talaga yun.”

“Nii-san!”

“Just kidding, don’t think of any okay? Dapat Masaya ka.”

“Yeah, kaya alis na dyan! Ako na!” si Kuya Rex ^__^

Ang swerte swerte ko kasi ang gwagwapo ng mga kuya ko!

“Dalaga na ang baby namin.. Stay cool okay? Wag gagayahin ang ibang babae na alam mo na, haha.”

“Kuya talaga...”

Grabe....

Dalaga na nga ako...

“Move out -__- ako na”

Kahit kelan talaga si Kuya Shizu, ang sungit! Bagay silang magsama ni Lance ko <3

“Miyuki, just tell me and I’ll kill that Lance for you -__-“

“Kuya naman! Wag naman ganun boyfriend ko pa din yun.”

“Tsk! Really? Paano ang last dance mo? Who will cover?”

Yeah :(

Paano ba ang last dance ko???

Lumapit na si Kysler saakin... Siya na ang pang labing pito. Iba nanaman ang kanta: Bizarre Love Triangle by Frente.

Tumingin ako sa paligid. Still no sign of Lance Mariano.

“Tsk! Loko talaga yun.” sabi ni Kysler

“Yeah :(“

"Don't be sad."

"Alam naman kasi niyang today is my day right? Tapos >___<"

Sumasayaw lang kami... Ang tagal.. Yung song ayos siya for bestfriends, and I think si Kysler naman ang bestfriend kong lalaki. ^^ Pero pang dedicate ito sa mga two timer eh. Haha.

Pero naalala ko, ang tagal naming nagsasayaw as in tinapos ang song....

pero

Wala pa ba si Lance???

Then....

Suddenly

Pitch black...

Nagsigawan ng saglit.. Pero as in sandali lang....

Nakita ko... Hawak pa din ako ni Kysler... Nakangiti siya...

Napangiti nalang din ako kasi nakangiti si Kysler kahit na nag brownout, haha. Natawa naman ako dun... Then hawak ni kysler yung kamay ko..

Ehh??? Nag switch ang song

Yung song.....

Naglalakad kami ni kysler....

'We were strangers, starting out on a journey
Never dreaming, what we'd have to go through
Now here we are, Im suddenly standing
At the beginning with you'

Wait???

LANCE?????

'No one told me I was going to find you
Unexpected, what you did to my heart
When I lost hope, you were there to remind me
This is the start' patuloy lang yung kanta.

Kainis yang kanta naalala ko yung mga nangyari nung nakaraan
na he's always there reminding me na "There is still tomorrow, move on. This is just the start." Na
madami pang mangyayari.

Bigla akong iniwan ni Kysler sa gitna >///
<

Nakangiti siya.. Tapos tinititigan niya ako habang papalapit siya saakin dala dala yung last na rose...
Nakaputi siyang tuxedo. Hindi siya mahilig sa puti nuh? Naalala ko din nung prom nakaputi siya.

>///
<

'And life is a road that I wanna keep going
Love is a river, I wanna keep flowing

"Am I late?" nakangiti niyang bungad saakin

'Life is a road, now and forever, wonderful journey
Ill be there when the world stops turning'

"Suuuuper late." I answered back.

'Ill be there when the storm is through
In the end I wanna be standing
At the beginning with you'

"You never fail to surprise me Lance." sabi ko nung binigay niya yung last rose

Hinapit niya yung waist ko, kumapit din ako sa leeg niya.

'We were strangers on a crazy adventure
Never dreaming, how our dreams would come true'

"Tsk, are you expecting something?" tanong niya
Expecting? Now that he asked...

"Yeah" ^^,

'Now here we stand, unafraid of the future
At the beginning with you'

Inexpect ko na baka may kalokohan siyang gawin! Joke! Inexpect ko na may something siyang pakulo pero parang wala naman >___<

Walang nagsasalita saamin

Tapos...humiwalay na siya after nung chorus.

Binalik niya ako kay dad???

Anong meron??

Bakit yung mga lalaki nagkaroon ng formation? I mean yung mga naisayaw ko???

Anong nangyayari?? I'm puzzled!

Walang ganito sa invitation
I mean....

'Knew there was somebody, somewhere
A new love in the dark
Now I know my dream will live on
Ive been waiting so long
Nothings gonna tear us apart'

Si Kuya Lavi... siya yung nasa may table... yung parang sa altar...

Bakit napaka familiar ng set up?

Napatingin ako kay Seb.

Si Seb na ayaw sumali sa 18 roses, haha. Pero super familiar talaga ng set up nito as in!

Nasa harapan na si Lance. At si Dad... dinadala niya ako papunta kay Lance??

OMG...

White gown pa ako..

Tas si kuya Lavi.. hala???

thump thump thump

Napatingin ako kay Gail...

She shook her head... meaning wala siyang alam! Same with Ales!

So you mean yung mga umaarte kanina na papatayin si lance!! Sila ang may alam! >__<

Nakarating din kami sa harap...

"Oh, siya wala ng paligoy ligoy! Kiss the bride na!" kuya Lavi Said O__O

"Baliw! Yung singsing muna!" said kuya rex O__O

Nagtatawanan mga tao sa venue....

>///
< I'm hearing Lance's chuckles..

Humarap si Lance saakin...

'And life is a road that I wanna keep going
Love is a river, I wanna keep flowing'

Kinuha niya yung kamay ko....

'Life is a road, now and forever, wonderful journey
Ill be there when the world stops turning
Ill be there when the storm is through'

Then sinuot yung singsing.. and I did the same thing

'In the end I wanna be standing
At the beginning with you'

"Since the beginning, I've always liked you"

Since the beginning?? Liked?

"Sharlot, I wanna be with you forever" he paused

'Life is a road that I wanna keep going on
Love is a river, I wanna keep going'

"O, Game! Kiss the bride na!" sabi ulit ni kuya Lavi >///
<

'Starting out on a journey'

And so, Lance claimed my lips for seconds...

'Life is a road that I wanna keep going
Love is a river, I wanna keep flowing
In the end I wanna be standing
At the beginning with you'
--end of the song ---

"Oi Nathan Lance Mariano! Mangako ka sa harapan ng pamilya namin na---" Lance cut off Kuya rex

"I, Lance mariano is promising----"

"TAGALOG!" reklamo ng iba

Syempre ang mukha ni Lance ay ganito nanaman - _____ -

Mawawawala ba naman kasi yun???

Teka kinikilig ako >//<

Humarap si Lance saakin... saka ngumiti... at humarap ulit sa mga tao...

Hala? May ganun??

"Ako, si Lance Mariano ay nangangako na hindi ko pababayaang magiging asawa ko sa hinaharap na si Miyuki Sharlot Parco. Aalagaan ko siya at aalagaan niya ako. At habang ako ay nabubuhay hinding hindi ko siya ipagpapalit kaninuman kahit na mas maganda at kahit pa type ko yung isang babae.

TANGING SI MIYUKI SHARLOT LANG ANG MAMAHALIN NI NATHAN LANCE SUAREZ MARIANO"

Tapos...He knelt down... Held my right hand and kissed it...

Ngayon... Pinaramdam niya saakin na para akong isang tunay na prinsesa...

"I love you Sharlot."

Ngumiti ako.... And answered him with all my heart...

"And so do I, Lance Mariano :">"

Thank you for being my prince...
Thank you because I have you.

I wanna start a journey with you and fill this journey with happy memories.

Chapter 2: Sinusulit lang!

Sharlot's POV

Last night was the best night ever! Kinikilig ako to think sa harap ng madaming tao nagpakabady at nagpaka-corny ang BAH ko! Hahaha, kinikilig pa din talaga ako as in!

Nakayakap pa ako ngayon sa unan ko. Kasi naman eh! Kayo kaya ang gawan ng ganun sa birthday mo? Sa harap ng pamilya at mga kaibigan mo? The sweetest thing he did last night was when he kissed my hand, I felt like I was a princess even just for one night. Kyaaaaah! <3

Lance Mariano! MAHAL NA MAHAL NA MAHAL KITA! AS IN!

Nasira ang pagmomoment ko nung biglang kumatok at sumigaw si kuya "HIME!! BANGON NA! LATE KA NA!"

"YAH! NII-SAN! ISTORBO KA!"

"Bangon na!"

Buti nalang ni-lock ko yung pinto haha, di nila ako mapasok dito. Tinatamad kaya ako pumasok. Amp! Puyat ako kagabi ah.

riiiiing riiiiing riiing

Lance Calling

Aysus! Namiss naman kaagad ako ng Lance ko haha

"Morning Bah." bati ko

(bangon ka na daw sabi ng kuya mo) medyo mahina ang boses niya, saka husky pa halatang bagong gising! Gwapo ng boses! Lalo akong naiinlove.

"Ginising ka ni Kuya?"

(hmmm...yeah and I'm still sleepy...my head hurts you know, I drunk a lot last night)

“Sabi ko naman kasi sayo hayaan mo lang sila kuya eh.”

(.....nakakahiya sa mga kuya mo)

Bumangon na ako mula sa pagkakahiga.

“Nakapikit ka pa siguro no?” I asked then I pouted.

(yeah...)

“Wag ka na kaya pumasok?”

(why? Want to go on a date?) narinig kong parang naglakad siya, natural bumangon na siya nuh? Haha.

“Hindi ah! Papasok ako mamaya, may ipapasa akong plate.” I said yawning.

Pumasok ako sa cr para mag toothbrush^^ adik ba? Habang kausap ko? Haha

(Labas tayo di kita nasulit kagabi) >///
< makapag sabi naman ng di nasulit! Nakakaloko itong boyfriend ko ah!

“SIRA!”

(aray. Now! that was very rude of you.) naiimagine ko ang kanyang mukha habang sinasabi niya yan. Haha.

Walang nagsasalita saamin, wala parehong nag to-toothbrush eh! Edi kami na nga ang sweet :”> kelangan sabay talaga? Wala lang trip lang.

Naririnig ko yung tubig sa kabilang linya. Amp naman! Wala siyang balak ibaba yung call? Kasi ako wala pa haha. After kasi niyang sabihin yung corny na sinabi niya ano... kinantyan na siya nung mga bisitang lalaki tapos ako naman nilapitan ng mga kaibigan kong babae. Super nakakatuwa talaga yun! Saka nung natapos yung party nagkaroon pa ng after party! How great! Kaso mga lalaki lang nag after party! Hahaha. Nag-inuman sila. Ang sama nuh? Ako may birthday pero di nila ako sinama! Lahat ng girls iniwan! Haha

(KUYA KUYA!!! KUYA!!! DALI LATE NA AKO!!!!)

(Tsk! Kay mommy ka magpahatid di ako papasok)

(okay haha OY! HAWAK ANG CP! HI ATE SHARLY!!! GOOD MORNING)

“Haha! Ang kulit talaga ng kapatid mo, College na ba talaga yan? Haha.”

(Yeah, energetic, as always)

“Halata nga, baka mamaya may boyfriend na yan ah. Dalaga na eh haha.”

(Tsk! Meron yata?)

“EHHH? Hindi nga?”

(Ang alam ko boyfriend niya yung isa sa mga kaibigan niya, not sure about that.)

“BALIW!!! Tanungin mo kaya! Napapansin mo bang napapangiti yan pag nagtetext? O kaya naman nakababad sa internet? O kaya may kausap sa phone?”

(Di ko napapansin mga yan. But I think everynight she’s talking to someone. Not sure though)

“Hmmm baka nga may boyfriend na ang nakababata mong kapatid! Hala lagot! Baka umiyak na yan or what! Nag-aalala ako.”

(She cried several times I think that was last year. Kung kilala ko lang yung gumawa nun baka inupakan ko na.)

“hahaha adik ka talaga! Well at least she’s still hyper as ever.”

(lumala pa nga ata... tsk.)

“haha ang kulit lang niyan.”

(pumasok ka na, baka ma-late ka pa. I’ll pick you after your class. See yah.)

tooooot toot

Ay binabaan ako! Hmmp. Naligo nalang ako, nag-ayos ng gamit and there! Papasok na ako.

“Kuya aalis na po ako.” paalam ko sakanila.

Commuter lang ako, nakakahiya kasi kay Lance kung parati niya ako sinusundo papasok ng school. Syempre magkaiba naman kami ng schedule ni Lance. Kaya nga heto ako sa bus lang ako.

Pagsakay ko, wow!?! Anong meron? Punuan ba lahat ng bus ngayon o kulang lang ang bus? Grabe ah! May nakita akong isa pang upuan doon kaso may nakaupong GITARA! What the? Nagbayad ba yang gitara ng pamasahe? Nakakainis ah

“Excuse me.” I said pero di ako pinansin ng lalaki, tinitigan ko siya at yun pala ang dahilan! May nakasaksak sa tenga niya!

Hinila ko! Bastusan kung bastusan, pero di ako maririnig nito hangga’t di ko ginawa yun

“Ano?” may galit sa tono ng boses niya.

Aba! At siya pa ang may ganang magalit!

“Pwede naman po sigurong maki-upo diba po?” sinusubukan kong hinaan lang yung boses para naman di magmukhang eskandalosa!

“Tsk. Oh ayan.” saka niya tinanggal yung gitarang naka-upo.

Nagbabasa ako ng constitution, may graded recitation kasi kami bukas oo bukas pa naman para lang advance. Pero di ako makapag concentrate! Naririnig ko kasi yung rock song na nagpl-play sa ipod niya! Ano ba yan.

Ang high blood ko ba? Kasi naman eh. -- wala pa ako naaral ni isa para ngayong week, nung isang araw pinagpuyatan ko yung ipapasa kong plate, tapos kagabi puyat ulit ako dahil 12 na din natapos yung birthday party ko kagabi.

Yieeee napapangiti nanaman ako dito mag-isa! Haha.

Huminto na yung bus, yung bus kasi sakto sa university humihinto.

Bumaba na ako at naglakad papunta sa room ko.

“Good morning.” bati nung nakasalubong kong si Ales.

“Gandang umaga din. Ang aga mo ah?” tanong ko.

“Ah oo hinihintay ko si Kysler malilintikan yun sakin!”

Hala brutal! Haha

“Kayo na ba?”

“h-hah? ano yun? Nabingi naman ako sa tanong mo?”

“Sus! Sabi ko kayo na ba?”

“HAHAHAHAHAHA! Hindi”

Hala? Hindi pa pala sa lagay na yun?”

Napatingin ako sa wristwatch ko

Late na pala ako! Patay ako neto!

“Sige pasok na ako ah. Kasi late na haha. Bye bye.” saka ako naglakad.

Napansin ko nanaman yung mamang may gitara. So dito din siya pumapasok? Ah! Baka hindi haha malamang hindi talaga! Ay malay ko ba dun? Naiinis lang ako dyan. Ang sungit kala mo naman kung sino.

Nagmadali na akong pumasok sa room namin patay na ako neto! Lagot lagot!

“Parco???”

“PRESENT!” phew! That was close! Haha nagchecheck palang ng attendance! Ayaw ko ma FA nuh! Failure due to absences! Grabe lang higpit kasi sa attendance ng matandang prof na ito.

Tumingin ako sa paligid, patay kang Kysler ka! Wala ka nanaman? Haha, lagi ata siyang absent sa subject namin na ito? Baka mabagsak siya ng malupit at matandang prof na ito! Hahaha.

Ipinasa lang namin yung plate tapos pwede ng lumabas ^ ____ ^
Nakakatuwa naman 5 hours kasi yung klaseng yun! Eh nakakatamad pasukan haha buti at may mercy din siya! Ang aga tuloy ng dismissal ko! Tawagan ko kaya si Lance? Eh kaso baka natulog ulit yun? Si kysler nga di pumasok. O baka naman kasama ni Kysler si Ales? Kasi diba hinihintay siya ni Ales kanina?

“Hey, morning!”

“Hi, morning din.”

“Belated happy birthday, I wasn’t aware that yesterday was your day” she said smiling. But like duh! Alam ko naman na ayaw mo pa din saakin haha.

“Thank you.”

“See yah around.” saka siya umalis kasama nung mga friends niya.

“Oops I forgot, where is Lance? He didn’t attend our class; tell him someone is looking for him. Bye.”

“Sure.” Tsk kung umasta naman tong si JL.

Haha ako na pikon! Kasi hanggang ngayon kaklase pa din niya si JL eh! Inggit ako!

bzzzzt bzzzzt bzzzzt bzzzzt

Kung makavibrate ang cellphone wagas! Haha bawal kasi ang naka-Loud pag klase! Maco-confiscate kasi.

Lance Calling

Sinagot ko nalang yung call

“Hello”

(Where are you?)

- ____ - diba pwedeng hello bah? Miss na kita nasan ka ba? Kaso Malabo! Haha

“Sa university malamang.”

(Yeah I know, so where?)

“Sa may---“

(Bagal oh)

“Ganun mo ko kamiss? Gusto kaagad Makita ganun?” haha

(Tsk! Masama?)

Waaaaaah! Baliw na siya! Simpleng sagot lang kinilig na ako! Haha, mali ako pala ang baliw! Haha

“nasa----“

(Wait! Don't tell me nasa---)

“Nasa????“

(Sa likod?)

“Nope“

(Where then?)

“Atat ka kasi masyado! Di mo ko pinapatapos magsalita haha“

(Where?) medyo naiinip na niyang tanong hahaha sarap talaga pinagtritripan ni Bah <3 kaya ko siya mahal eh! Di ako nagsasawa sa magaspang na pag-uugali niya! Joke! Sa ugali niya pala haha.

Actually naglalakad lakad nga ako eh, kaya di ko masabi kung nasaan ako haha.

But I think, 'di na niya ako kelangan hanapin ^^,. Kita ko na siya eh haha ayun oh! Cool niyang tignan, naka short siya ng checkered tapos naka t-shirt na white na may print na drawing na alien ata yun hahaha. Nakasandal sa sasakyan. And oh! Para sabihin ko sainyo black na ulit ang buhok niya! At ako ay kinikilig na nakikita palang siya * ____ *

Gwapo kaya! Nakasandal pa siya sa sasakyan niyang itim ang kulay! Ewan ko kung anong tawag sa car niya. Wala naman akong hilig sa cars.

“Lance.“

(Oh?)

“Nakita na kita.“ nakangiti pa ako

Nakita ko siyang lumingon lingon sa kung saan! Haha di niya ako Makita! Haha nagtago kasi ako sa may poste haha.

(San ka? Di kita mahanap)

“Hmmm sa puso mo...haha”

(I’m not joking, where are you?)

“Ganun mo ba ako ka-miss???”

(Oo kaya kung di ka pa magpapakita dyan gagawin kitang misis mamaya!)

“Talaga? Hahaha”

(Talagang gustong gusto mo ng makasal saakin ah? Galak na galak ka dyan)

Ayan na kitang kita ko mukha niya mula dito na naka-poker face nanaman siya! Hahaha ang cute cute talaga niya! Este gwapo pala! Baka sabihan nanaman ako niyan ng: I’m not a puppy.

Tumalikod ako sa poste este kay lance, nakasandal ako sa poste.

“Haha gusto ko na grumaduate kaagad.”

(Excited mapalitan ang Parco ng Mariano?)

“Adik!” di naman sa atat ako, pero mahal na mahal lang kasi kita^^

Natahimik kaming dalawa...

toot toot

Eh? Disconnected?

“Got you”

“Hello bahahaha”

“Tsk, tama bang pagtaguan ako?”

“Ang cool mo kasing tignan dun, parang ang sarap mo i-display haha”

“Pwedeng pwede mo naman ako titigan ng malapitan, mas pinili mo pa dyan sa malayo”

“AY KAPAL!!!” saka ko pa kinurot yung ilong

Napahawak siya sa ilong niya. Ano ba yan? NR siya? Kinurot ko na nga eh --
O baka nasanay na siya sa kurot ko? Ah basta gwapo siya!

“Let’s go.”

“Where to?” I asked

“Hmmm remember my secret place?”

“Ah! Oo naman! Yung magandang lugar na parang abandoned garden ba yun?”

“Yeah.”

Kinuha niya yung librong hawak hawak ko, tapos hinawakan niya yung kamay ko. Napapansin ko na pinagtitinginan siya nung mga students dito. Lagi naman! Di pa ako nasanay. Tsk! Edi siya na nga kasi ang campus heartthrob! Buti nalamang at wala pa masyadong nakakaalam na soccer player siya! Kundi! Naku!!! Mas madami nanaman magkakagusto sakanya.

He intertwined his fingers to mine. Di na siya nagsasalita so ganun din ako haha. Wala din naman ako sasabihin. Di uubra pagkamadaldal ko pag si Lance kasama ko eh. Lalo na pag ganitong tahimik siya. Wala kaya siya sa mood?

He opened the car’s door beside the driver’s seat. Saka siya pumasok na din sa sasakyan. Pinaandar na niya ito at ayun nakatulog ako sa byahe!

“Bah, wake up”

“Sharlot....”

“Pag di ka pa bumangon dyan hahalikan kita - ___-“

“Heto na! Gising na po ako!” di na mabiro haha

Lumabas na ako.. wow walang pagbabago sa lugar maganda pa din! He once again held my hand saka kami sabay naglakad papunta doon sa may secret garden namin! Inangkin? Haha

Eh kasi walang tao.

“Ah Lance nga pala..sabi ni JL kanina may naghahanap daw sayo.”

“Tsk baka yung prof.” sabi niya.

“Siguro nga haha di ka kasi pumasokeh. Bukas pasok ka na ah. Wag ka na iinom baka magalit pa ang coach mo.”

“Okay.”

Nagliliwaliw ako dito sa garden, pinitas ko yung isang bulaklak.

“Ang ganda oh.” saka ko pinakita kay Lance.

Cute kasi nung kulay, ano ba tawag dito? Red siya pero di naman talaga Red, medyo pinkish siya. I so love the color.

Lumapit saakin si Lance saka kinuha yung flower at nilagay sa tenga ko.

“ayan edi mas gumanda yung bulaklak”

“ano ako? Dekorasyon sa bulaklak?” naasar kong tanong

Ngumiti siya! Oo ngumiti nga siya!!!

Eeehhh!! FOUL YAN FOUL!!!! KUNWARI NAIINIS PA AKO EH!! FOUL YAN! WAG KA NGINGITI! KINIKILIG KASI AKO! Hahaha

Hinawakan niya yung mukha ko tapos...tapos.... He brushed his lips to mine!

“Lance ad---“

He then kissed me once again >//<

“baliw ka n---“

And again!

“baka may makak---“

This time he is kissing me a bit longer and sweeter

And when he finally parted his lips away... nagsalita siya

“isa pa”

“hah? tam---”

di na niya pinapatapos mga sinasabi ko... he is now kissing me again deeper, sweeter and and and..

@__@

Inilayo niya ulit mukha niya saka siya ngumiti! Ano ba! Name-mesmerize ako sa mga ngiti niya >///<

He pulled me closer and for the last time!!! Hinalikan niya ulit ako... his lips are soft, kumapit ako sa leeg niya to feel his kisses much better.

At pakatapos nun

“baliw ka na!” I said panting

“tsk, di naman kasi kita mahalikan ng ganyan sa harapan ng mga kuya at lahat ng pamilya mo - ___ - sinusulit lang”

What the?

ADIK NA SIYA!!!

“Perv” I mumbled

“Stop muttering or else, I’ll kiss you again.” pagkasabi niya yun. Tinakpan ko na yung lips ko.

Tama na yun! NAKARAMI NA SIYA! GRABE NA YUN!

SINULIT NA NIYA MASYADO MGA LABI KO! > ___ <

May mga taong bigla nalang darating
May mga taong di mo alam
na baka isa sa dahilan kung bakit may masisira
Dahilan kung bakit mawawalan ng oras sa isa’t isa

At dahilan kung bakit nagkakaroon ng tinatawag nilang:
PAGDUDUDA.

Pero pagdududa? Sa mga taong walang tiwala lang naman yun.
Sa mga taong hindi talaga mahal ang isang tao.
Sa mga taong WALANG tiwala sa taong minamahal.
Eh minamahal mo nga ba talaga kung ganun nga?

Simple lang naman eh.

UMIWAS ka sa taong makakasira kung maari.
Pero kaya mo kayang iwasan? Kung may magagawa kang kasalanan sa taong yun?
At isa pa! alam mo ba kung sino ang dapat iwasan?

Siya nga ba dahilan ng pagkakaroon ng pagdududa?

O may iba pa?
Siya ba ang dapat magduda?
O IKAW?

Ay complicated nga naman! haha

Chapter 3: Accident

Sharlot's POV

Nandito pa din kami ngayon sa garden, yung dating pinuntahan namin noon. Ang pagkakatanda ko dito niya sinabi na unang beses niya manligaw. Yun kasi yung time na nagbreak kami dahil may ginawa siyang kasalanan saakin.

Nakakatuwa lang kasi nandito kami ulit pero this time kami na ulit.

"Bah, paano mo nalaman itong lugar na ito?" I asked

Nakayakap siya saakin mula at yung mukha niya nakatago sa balikat ko. Para siyang bata^^,.

"Hmmm I don't know either" he replied

Ay ano pa ba ang inaasahan kong sagot niya? Ganyan naman siya parati

Humigpit yung yakap niya saakin... possessive? Haha

Nakaupo kami sa may kabilang bench, nahihiya na nga ako eh! Buti kaninang hinalikan niya ako walang tao. Pero ngayon meron eh TT__TT

"Masakit ba ulo mo bah?" I asked kasi diba? Uminom sila kagabi?

"Hhm..hindi. gusto ko lang yakapin ka?"

Aish ito talagang Lance na to! Ewan ko dyan mula nung dumating masyadong siyang makapit saakin! Hahaha pero parang nakakatakot siya pag ganyan ang creepy! Parang ayaw niya ako palapitin o may lumapit saakin na lalaki! Hello? Course ko po ay Archi! Di maiiwasan yun nuh! Dami kayang lalaki sa populasyon ng course ko!

"Gusto ko matulog." he whispered.

"Hoy! Di ka pwede matulog dito! Nakakangawit yun!"

"Edi payakap muna."

"hala, Lance para kang bata"

"yeah right."

Tinanggal ko yung kamay niya mula sa pagkakayakap saakin saka ako humarap sakanya

"What?" naiinis niyang tanong

Hinawakan ko yung magkabilang pisngi niya saka ko siya

KINUROOOOT!!!! Hahaha

“Ang cute cute cute cute cute cute mo talaga bah!” I giggled

Hinawakan din niya magkabila kong pisngi

Oh no!!! >____<

I closed my eyes when he suddenly pinched my cheeks real hard!

“Mas cuuuuuuuute kaaaaaa”

“AH!! BAH!!! Masha-----kiiiiit!”

>____<

“Bah naman!” I exclaimed

“Hahaha look at you! “

“What’s wrong with me? You’re laughing like a---“

“Like a what?” saka pa siya lumapit saakin lalo >____< I mean nilapit niya mukha niya

“Ghad Lance! You’re teasing me again.”

“Di din.”

“Naku.. hindi daw?”

“Ikaaaw kasi!” he said while nipping my nose

Tumayo ako saka ko siya hinila patayo din...

“Tara sa baba!” yaya ko

Yung sa beach kung saan naka-upo noon si Lance sa may bato ^^

(refer to sadist lover: chapter entitled 3 POINTS)

Yun kasi yung hindi ko pa napuntahan dito.

Yung Makita yung dagat ng malapitan. Kasi parang ang ganda pag doon sa baba.

“pasimple ka pa, gusto mo lang ako masolo” he said

“oi! Hindi ah!”

Pagkadating namin sa baba

Parang tumugma ata yung sinabi niya? Wala kasi masyadong tao dito >___<

Binitawan niya yung kamay ko, we’re no longer holding each other’s hand.

Nauuna siya maglakad tapos yung kamay niya inilagay pa niya sa bulsa ng shorts niya sa magkabilaan.

“tomorrow will be a busy day again” sabi niya habang naglalakad

“yeah”

“I’ll call you everynight” he continued

“Lance Lance Lance Lance. Lance”

“oh?” napatingin pa siya saakin

“wala lang gusto ko lang kasi yang pangalan mo, ang gwapo kasi ng pangalan eh! Haha”

“natural gwapo ang may-ari ng pangalan eh”

“sus! Yabang mo!”

Umupo siya sa may bato.

Nakakatuwa siya pagmasdan.

Ewan ko ba >///
<

Ganito ata kapag hindi madalas magkita? Haha

“Lance tingin mo yung si Seb seryoso talaga kay Gail?”

“Why’d you asked?”

“nothing really, concern lang naman ako sa bestfriend ko. Wel all know that Seb is a Playboy so...”

“you don’t need to meddle on their affair because both of them are matured enough to know what is what and what they are supposed to do. Gail is intelligent she can do that by herself, if Seb will cheat on her, then....his lost. Tanga nalang siya”

“oohhh ano daw? Hahaha... ah basta kapag umiyak si bessy ko lagot saakin si Seb”

“you planned the fake marriage back then right? Tapos ganyan ka ngayon?”

“ah! But I thought Seb was really serious with her! Tapos biglang umalis si Seb! Grabe kaya galit ko nun! >___<” (refer to sadist lover extra story: 3 months contract)

“You can’t blame him for that, he has a reason”

“what? His ex?”

“psh”

“ah basta! Pag sinaktan niya ulit ang bestfriend ko malalagot siya saakin”

“fine fine”

Wala ng nagsasalita saamin pffft booring >3<

“sit here” he commanded

Edi ako naman ay umupo sa tabi niya

“hihintayin natin ang sunset?” I asked

“yeah” he answered in husky voice

Napatingin ako sakanya

“Bah! May kwintas ka? Yaaaaaaaah ang cuuuute” hinahawakan ko yung pendant

“I gave you a necklace like this before, why aren’t you wearing that anyway?” (Refer to sadist lover’s chapter entitled future)

Oooops.. oo nga pala >___< eh!

“tinatago ko kasi yun Lance baka may humingi kasi eh”

“kaya ko nga binigay yun sayo para pareho tayo” - ___ -

Hala! Patay na nagalit na!

“edi isusuot ko na bukas ^__^”

“paano kung ngayon ko gustong Makita na suot suot mo yun?”

Hala ka dyan >__<

“Lance naman eh!!!”

“tsk.”

“at least you are wearing that one” he pointed the bracelet I’m wearing right now

“kasi ito yung unang bigay mo saakin , kasi you said before na this represents that I am yours, and yours alone.” I said smiling

He didn’t reply but at least he smiled in return then held my hand.

Together we waited for the sunset and watched it together.

:”>

The next day....

Thursday!!! Ghad I so hate this day talaga as in!

“kysler! Where’s Dennis?” tanong ko

“wag ka nga mag-english dyan di ako si Lance”

“oh nasan na siya?”

“aba? Baka late?”

“HALA NAMAN! Yung book ko nasa kanya pa!!!”

“ayan kasi pahiram ka ng pahiram ng gamit!”

May report kasi kami mamaya eh di ko pa nababasa ang report ko! Patay nanaman ako nito eh!

Lagot ka saakin mamaya dennis!!! Makakalbo kita pag ako na sinco!!!

“Miyuki!” tawag nung kaklase ko

She’s Irish, friend ko na din siya kahit papaano. Well tuwing may group report or whatsoever na groupings kasi siya kasama ko. Why? Eh ano naman kasi mapapala ko kina kysler at Dennis? Hello! Kung estudyante ako! Hahanapin ko naman yung magandang kagrupong nuh! Ayaw ko yung ako gagawa ng lahat. Sakit kaya sa ulo! Gagawa ka ng design tapos ide-defend hindi naman yung medaling gawin!.

“bakit?” I answered

“well, tignan mo ito paano kung lagyan natin ng blah blah blah” ang dami niya sinabi eh haha

“osige basta call mo nalang ako pag may kelangan pang idagdag ah” I said

Yung irereport namin bukas sa lit yun. Yup may minor subjects pa din kami.

Wala ata kaming prof? tumingin ako sa palibot ng room

At may napansin ako..

“kysler may late enrollee ba?”

“wala. Bakit mo natanong?”

“ayun kasi oh” sabay turo ko

“ah! Di siya late enrollee, bihira lang talaga yan pumasok”

“oh? Bakit naman?”

“yung sa kapatid daw niya kasi”

“ah ang bait naman, pero buti nakakausap mo yan?”

“friendly ako eh hahaha”

“SUS!!! PLASTIC MO TOL!” pang aasar ni Dennis

Si Dennis parang kabute! Bigla bigla nalang siya susulpot! Ano ba yan. Pero at least magkasundo sila ni Kysler

Nakakatawa nga sila kasi nag try-out sila sa basketball team ng course namin. At ayun pinalad naman sila at nakapasok!

Oi! Magagaling sila ah infairness :)

At sa wakas! Next class na namin!!!

“Miyuki kindly get all the materials in my office”

“yes ma’am”

kung makapag utos naman tong prof na ito! Akala mo ang galing galing magturo!

Lumabas ako sa room namin. Sa klase kong yun di ko classmate yung dalwang asungot haha

Break ata nila ngayon? Hmm

Pumunta na ako sa office ni Ms. Capitulo, office ng mga chairperson ito. Kung akinin naman niya akala niya sakanya lang haha.

Ano nga kasi pinapakuha niya? Ah eto....

Kinuha ko na yung libro, yung mga gamit na kelangan. Ang bigat ah! Bakit ba ako ang inutusan? Dapat mga lalaki eh.

Buhat buhat ko ang mga yun...

Lumabas na ako sa office and then paakyat na ulit ako papunta sa 4th floor! Tama pang apat na palapag pa! kung pwede lang sana gamitin yung elevator kaso hindi eh! Nakakainis >___<

Nasa second floor pa kasi itong office eh! Pwede bang sa 3rd nalang ilagay ang office? Nakakainis kasi maglakad lalo na pag inutusan! Ano bay an haha

Ano kaya ginagawa ni Lance?

Asus! Napapangiti nanaman ako mag-isa dito.

Paakyat na ako sa hagdan ng bigla... na out-of-balance ako!

Hindi ko na alam kung ano ang nangyari... ang alam ko lang nakapikit na ako

Mahuhulog ako

“KYAAAAAAAAAAAAH”

Fdcskdjsa/ldgwa.kebfas:Df
Fdfghajksdlakjhgdcvbnmals,mgcxacvbsnbna.xgcacxvbnalhdgacdakca
asfdjaslkfgLJKSFSALDFMf;
asdkajldlad

absdkASDFhalsd

!!!!!!

blag

“Sh!t!” I heard someone cussed

“will you please get off of me!”

Napa....woah...

Ah...

Tumayo ako bigla...

Ouch....

Yung paa ko....

Umupo ako...hinawakan ko yung paa ko...

“ouch”

Tumayo din yung lalaking nadamay sa pagkakahulog ko TT____TT

“sorry...sorry” I said...

“ah sh!t” he once again cursed.. pero this time hinawkan niya yung kamay niya

Hala...

“sorry” i apologized again

Kinuha ko yung mga nagkalat na gamit...

“next time mag ingat ka!” may halong pagbabanta ang pagkasabi niya

“sorry”

“tsk sorry? Anong magagawa ng sorry mo?”

TT____TT

Tumayo ako

Ouch.... Yung paa ko...

Lance TT____TT

I’m in trouble....

Kysler... Dennis....

“sorry di ko naman----“

“next time tignan mo naman yang nilalakaran mo! Alam mong hagdanan yan tapos hindi ka nag iingat?”
nakahawak pa din siya sa braso niya

“are you okay?” tanong ko pa habang nakahawak siya sa braso niya

“OKAY?? TINGIN MO OKAY AKO!.. ah shit talaga!!!”

Wala na ba siyang ibang alam na word kundi... tae? Nakakainis ah!

“I said sorry okay? That was an accident! Who would want to fell anyway?” galing kong sabi!

Nakakainis kasi...

“hoy! Anong nangyayari dito? Pare babae na nga pinapatulan mo pa”

“at sino ka naman? Boyfriend niya?”

Actually nagulat din ako eh...

“lokong to! Pasalamat ka good mood ako ngayon kundi binasag ko na mukha mo!”

“ei Jake stop it.. okay lang... I admit kasalanan ko. I was careless... kaya nga ako nag sorry... but I you can't accept my apology then fine!”

Pagkatapos kong sinabi yan nilayasan lang ako nung lalaki!

Nakakainis...

Ang sama ng ugali...

“kapag nasira pangarap ko ng dahil sayo malalagot ka sakin!” sabi pa niya saka siya tuluyang umalis..

Masira ang pangarap? Baliw ba siya??

Aish! Nakakainis

“thanks Jake”

“no prob... ano bang nangyari at galit na galit yung lalaki nay un?”

“I accidentally slipped from the stairs and fell on him”

“ah so that explains everything.. hayaan mo nalang..may masakit ba sayo?”

“yung paa lang pero I can manage it pa naman.. thanks again”

Kinuha niya yung mga gamit na dala ko saka niya sinabing: “hatid nalang kita”

Hindi na din ako tumanggi kasi masakit yung paa ko talaga

Aish! I hate that guy! Sinira niya araw ko as in!!!

I got bruises!

Sa arms....

TT_____TT

Lance may nagalit saakin....

Tingin mo? Makakaaway ko yun??

To think

Siya yung lalaki kanina sa klase...

Patay ako...

Ang sungit pala....

***** **

Chapter 4: the obligation to do!

Sharlot's POV

"KYSLER NAIIRITA TALAGA AKO DUN!" nanggigil na sigaw ko habang binubunot yung damo!

"di ka din naman nag-iingat eh! Tama lang yun!" said Dennis

"HEH! Manahimik ka! Ikaw kaya balian ko sa paa?" banta ko

"sadista ka talaga!!!!" sagot niya

"hoi! Tama na yang bangayan baka sabihan ako ni Lance na hindi nagbabantay" sabat ni kysler

"ano ka aso ko? bibantayan ako?" tanong ko

"pasalamat ka nga binabantayan kita"

"eh kung binabantayan mo ako edi sana pala nandun ka pinagtanggol ako!"

"MABUTI PA SI JAKE!" sigaw ko sakanya >____<

"what's with Jake?"

Lagot! Patay ako...

Napatigin ako sa bagong dating na si Lance

Lagot... mukhang ang sama ng tingin niya saakin TT__TT

"ah.. ano kasi---"

"I'm asking you. What's with Jake?"

"ano kasi..."

“eh yan kasing girlfriend mo Lance! Nakabangga niya yung masungit daw namin na kaklase haha yung katukayo mo nga yun eh! Ayus ah! Parehong masungit tapos parehong Lance pa pangalan haha”—kysler

“hah?? parehong Lance ang pangalan???” tanong ko

“di mo kilala?” tanong ni Dennis

“ay kilala ko! kaya nga ako nagtatanong eh!”

“ah kilala naman pala eh”

Binubwisit nanaman ako ni Dennis! >____<

“so what’s up with him?” yung boses niya medyo nakakatakot na

Huwag ka na magtanong bah TT____TT

Umupo din siya, nasa may garden kami. Nakaupo kami sa damuhan at tumabi siya saakin.

“what’s wrong with your foot? It’s swollen”

Hala!!!

“ah ano...”

“nahulog kasi yan kanina sa hagdan” said kysler

“WHAT?” saka pa niya ako tinignan

Hala >____<

“what’s wrong with you? Were you spacing out again?” tanong niya

“HAHA! GAGO! Daydreaming kamo! Hahaha” tawang tawa na sabi ni Kysler

“manahimik ka kundi kakalbuhan kita!” banta ko sakanya

>____<

“ano kasi Bah... paakyat kasi ako ng hagdan tapos nadulas ako >____<”

“clumsy” he murmured

“narinig ko yun ah!”

“tsk. Patingin ng paa mo”

“Tignan mo lang wag mo hawakan Lance!” sabi ni Dennis

At ayon natikman niya ang deadly glare ni Lance TT__TT

“sabi ko nga aalis na ako may quiz pa ako sa subject ko eh hahah tara Kysler sabay tayo mag-aral!”

“ayoko nga! Pagkamalan pa akong bakla parating ikaw kasama ko! puntahan ko nalang ang Ales ko!”

“kung maka "Ko" ka naman! Bakit kayo ba ni Ales?” tanong ni Dennis

“hindi” sagot naman nitong isa

Tama nakakainis yang dalawang yan! Sabi nila noon sila na, tapos biglang bawing hindi!!! Nakakainis! Sarap nila untugin! Ano bang problema ng dalawang ito? Sayang! Akala ko noon sila na talaga! Napaniwala nila ako.

At hetong Lance busy naman siya sa paa ko

“a-aray naman Lance! Dahan dahan naman.. masakit” I complained

“hoy Miyuki! Kung maka aray ka naman parang yung mga napapanuod ko!” sabi ni Dennis

Hah???

Tinignan ulit siya ni Lance ng masama

“yung napanuod ko sa geographic channel!” sabi niya

“HAHAHAHA” tawa naman nitong isa >____<

Ano bang sinasabi nila???

“a-aray!” sabay hampas ko kay Lance

“tsk kasalanan mo yan di ka nag-iingat”

“k-kasi---Lance! Wag mo na nga kasi!!! Masakit!!!”

“HAHAHAHAHA” tawa nanaman yung dalawa...

“ano bang problema niyong dalawa ah? Alis alis!” taboy ko

“oi remind lang ah! Nasa university pa tayo! Baka kung anong isipin ng mga hindi nakakakita sa inyo hahahaha” sabi ni Kysler

Hah??? ang labo talaga nung dalawang yun!

“don’t mind those two idiots!”

“okay”

“Hoy Lance narinig ko yan ah!” said Kysler

“anong pangalan nung kaklase niyo?” tanong ni Lance

“ah! Lance Erick Tamayo.” Sagot niya

“bakit kaya masusungit ang mga Lance?” tanong naman ni Dennis

Lance din pala ang pangalan niya? Ano ba yan!

“don’t go near that guy” banta ni Lance

“bakit?”

“nakaaway mo diba? Wag mo lapitan” simpleng sagot niya

“o siya maiwan na namin kayo punta pa ako kay Ales.”

“sama ako!”

“huwag na huwag ka sasama kundi babatukan kita!”

“toh naman! Di ko nakausap yun nung birthday ni Miyuki eh!”

“tumigil ka nga! Dun ka sa GF MO!”

At tuluyan na silang nakaalis

Nag-inat siya at saka humiga na si Lance.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata,

Hwag ka nga pumikit! Pagnasahan kita dyan eh -___- nahawa na ako sayo.

“ang sakit ng ulo ko” sabi niya

“hala! Baka mamaya---“

“I haven’t got any sleep yet”

“ay kaya naman pala eh!”

“matutulog ako”

“ngayon?”

“yeah.. so shut up”

>___<

Shut up daw miyuki...bihira lang na pumunta si Lance dito kasi ang pagkakaalam ko may klase pa siya dapat ngayon eh. Baka nabadtrip? O kaya walang prof? o baka naman para matulog lang? hmmm anong gagawin kon ngayon??

“bah patingin ako ng bag mo ah” sabi ko

Silence means yes!!! Haha

Kinuha ko ang bag niya... tinignan ko kung nagsusulat ba siya ng notes

Okay? Kumusta naman ang dala niyang libro? May isa pero makapal.

Wala siyang notebook. Ay may isa pala yung filler lang na kulay blue at may Rabbit? Siya ata ang adik sa rabbit hindi ako eh!!! >___< speaking of Rabbit suot ko yng bigay niyang kwintas saakin noon pa. ^^,

Anyways!

Mabasa nga ang laman... hoho.. tignan ko kung nag no-notes ka bah ah!

Ihhhh! Sarap mo sana kurutin! Kasi ang bait mo tignan pag nakapikit! Hahaha di pa yan tulog halata eh haha

Hmmm...

O__O

Wait...

Diary ba niya to nung wala siya dito???

'I would like to see her first before anyone! I would like to but she's not here with me. While they were undoing the bondages on my eyes I thought that I don't wanna open my eyes yet... 'cause I wanna see her first before anyone....but as I opened my eyes I saw her.'

Hah??? ano??? Teka.. isang flip pa Miyuki baka...

'pwede naman na ako umuwi nun but she-----'

Biglang may humila ng notebook...

"that was an imprudent act Sharlot"

"ah.. sorry.. ano.. kasi..."

"wala to...."

Saka niya tinago ulit sa bag niya.

>___< babasahin ko pa eh!!!! Nabitin ako eh!!!

"ano ba yun Bah? Diary mo ba yun nung nasa ibang bansa ka???"

"parang.. aish! Siopao naman!" parang nag blush pa siya

"TALAGA??? Pabasa ako!! Puh-lease??? Hehe"

"no"

"ah! Lance naman" I pouted

"when I say no... NO"

Aww

>___<

“kaya ba di ka nun umuwi agad kasi---“

“soccer nga”

“pinagpalit mo ako sa soccer!”

“hindi”

“oo kaya.. di ka nga umuwi nun tas pinag-aalala mo pa ako...”

“no....”

Sarap sana awayin kaso baka mapikon. Walang tulog eh! Pikunin mo na ang lasing wag lang ang walang tulog! Nakakatakot! Hahaha

Yung paa ko medyo umayos ayos na nung kung anu-ano ang ginawa ni Lance sa paa ko.

Ano nga ba ginawa niya? Ewan ko sinaktan lang naman niya paa ko lalo kanina. Pero umayos na siya?

Labo ah!

“Lance tara na! mukhang uulan eh” makulimlim na kasi.

“aish sagabal na ulan.” He said saka siya tumayo

Inabot ko yung pareho kong kamay para itayo na din niya ako.. but instead

“waaaaaah Bah!”

>///
<

BIGLA NIYA AKO BINUHAT!!!

“paa mo baka masakit pa”

“hindi na ah! Ayos na!”

.....

“ah ah! Ibaba mo na ako! >___<”

“yoko nga”

“hala naman Lance!”

“gusto mo ibagsak na kita ngayon? Bibitiwan talaga kita”

Hala

“eh yung maayos na baba naman!”

At ayun! Binaba din ako... hala umaambon na!

Umupo si Lance sa harapan ko.. parang---

“piggy-back ayaw mo?” tanong niya

>///
<

Gusto ko!!! gusto ko!!

“hindi wag na”

Tanga Sharlot!!! Naman eh!!!

Hala tatayo na siya...

“AH GUSTO PALA!” sira ulo ko talaga^^

Umupo siya ulit hihi

Sweet ni Bah ^^

Sumakay nalang ako sa likuran niya! Haha. Masakit din paa ko ah!

Napahinto bigla si Lance sa paglalakad..

Tumingin ako sa harapan...

Oh oh!!! si si.. ano kasing pangalan nito? Ayoko siya tawagin na Lance eh! Ah!!! ERICK!!!

Nagtinginan lang sila... @__@

I'm confused!

"move out" utos ni Lance

Ayan nanaman yung kinglike niyang ugali!

Teka O__O

Yung braso ni Erick.... Naka... naka....waaaaaaah! nabalian ata siya???

Hala!!!

Umiwas nalang si Erick saamin saka na naglakad ulit si Lance

"hala.. yung braso ni Erick" I said softly

"don't go near him"

Ayan nanaman siya sa don't go near him na yan.. bakit?

"teka... Lance.. kilala mo ba siya?" bigla kong tanong

"no" he answered

Ah oo nga Malabo kasi eh. Saka isa pa.. nasabi ko lang pangalan na Erick at sinabi ni Kysler na Eick name nung guy.

Pero teka.. familiar siya eh. Saan ko ba siya nakita?

Isip Sharlot..

"AH!"

"what's wrong with you? Bigla ka nalang sumisigaw!"

"ah sorry naman.. wala naman"

Ngayon napansin ko.. masyado pala kaming nakaw attention ni Lance.. ang dami kasing nakakakita saamin!!!

“teka ibaba mo na pala ako”

“no dadalhin kita sa health service”

>__<

Pero teka siya nga ba yun??

Alalahanin mo Sharlot.. siya ba yun?

Nakarating na kami sa health service ni Lance

“iiwanan muna kita dito... balikan kita mamaya. Mag quiz lang ako” he said then left

Nandito ako sa isang kwarto nung health service. OA ah? Sinabi kasi ni Lance kanina dun sa Doctor nahihilo din daw ako. Haha adik talaga yun!

Ang lame ng excuse pero napayagan ako matulog dito! ^^

Teka may iniisip pala ako kanina.. siya ba yun??

Biglang bumukas yung kurtina, kasihindi anman buong kwarto parang hati hati lang sa tulong ng kurtina.

O__O

“hoy”

O__O

t-teka....

“kita mo to?” turo niya sa braso niya

“ngayon... makakapag-gitara ba ako sa tingin mo?”

O__O

Gitara...

“ikaw nga!!!” sabay turo ko sakanya

“hah?” tanong niya

“ikaw yung nakasabay kong masungit sa bus na pinapaupo yung gitara! Yung walang manners na lalaki!”

“ANO?” medyo pagalit

Oh no >__<

“wala palang manners ah! Sino kaya yung tangang umaakyat at nag d-day dream! Kaya nahulog sa hagdan at kaya naman ngayon ako ay nabalihan?”

Hala >__<

“ng dahil dyan pupunta pa ako sa hospital para ipasemento ito!”

“paano ako mag-gigitara? Magluluto? Wala pa naman alam yung kapatid ko!”

Hala saakin niya sinisisi!

“yung plates ko! sino kaya ang gagawa nung plates ko???”

Hala >__<

“teka lang! hindi lang naman ikaw yung nasaktan pati din naman ako a-----“

“at sinong may kasalanan ako?”

>__<

“ako” TT__TT

“buti alam mo”

“a-ano... papakiusapan ko nalang yung profs natin na---“

“tingin mo mapapakiusapan mo sila? Hah?”

Yung boses niya nakakatakot na siya ah >____<

“paano ako ngayon makakasama sa gigs? Takte naman kasi oh!”

Natahimik kaming dalawa

“ikaw gumawa ng mga plates ko..”

“hah ano???”

“sabi ko ikaw gumawa ng mga plates ko!”

“pero ka----“

“ikaw din ang magluto”

“HALA NAMAN!”

“ano may angal ka?”

Hala >____<

Di ako makapagsalita

“yung kapatid ko kelangan niya uminom ng gamot sa tamang oras”

“anong kinalaman ko ngayon sa kapatid mo?”

“ikaw magluluto ng hapunan niya”

“HAH??? ano ako?? Katulong niyo???”

“OO! Hanggang sa gumaling braso ko! maliwanag???”

@__@

Ano daw???

Hala naman eh!!!!

TT__TT

Lance! Bakit mo kasi ako iniwan dito!!!!

Si Lance nga hindi ko napagluluto!!! Tapos siya pa???

Hala naman kasi!!!!

Bakit kasi ang clumsy ko???

Ayan!!! May obligasyon tuloy ako!!!

TT__TT

Kainis ka!!!!

Chapter 5: trip trip lang

Sharlot's POV

Hala naman! Anong gagawin ko? ako gagawa ng plates niya ako pa magluluto? Aba! ABUSO NA YUN!
Wala ba yung mga magulang nila?

Teka ngayon na naisip ko yan

“wala ba yung mga magulang mo para sila nalang magluto? Di naman kasi pwede na dahil sakin kay---“

“wala na sila”

Napanganga ako sa sinabi niya >__<

w-wala na?

“s-sorry”

“basta! Ikaw ang gagawa ng mga ginagawa ko! pwera nalang sa mga gig! Takte panu ko sasabihin sa mga kabanda ko nito! Shemay”

Saka na siya umalis. Siguro mga 30 minutes din ako nag idle!

At ako? Iniwan niyang... iniwan niyng hindi pa u-muo! Aba? Lokong yun! Ano ang tingin niya saakin?
KATULONG NIY? PERSONAL ALALAY?

Eeeeeeeehhhhhh! Kainis!

Humiga nalang ako sa kama! Naiinis ako. Hindi ito pwede! Baka kung anong isipin ng iba! Pero wala naman silang iisipin eh. Oo nga wala naman silang iisipin! Tumingin ka nalang sa liwanag sharlot!!! Tingin sa liwanag!

Napatingin tuloy ako sa ilaw. Masakit sa mata TT____TT

Ibig sabihin... baka may masaktan. At dahil mata ko yung nasaktan...hindi imposibleng ako yun

Gumulong gulong na ako sa maliit na kama...

“para kang baliw”

O__O

Pagtingin ko at biglang umupo ng maayos >///
<

“ah Lance you’re back. Ang bilis mo naman?”

“ganun talaga”

Umupo siya sa tabi ko and patted my head like a kid. >//<
Hinawakan ko yug kamay niya para tanggalin na niya sa buhok ko, nagugulo eh haha

“nakatulog ka ba?” he asked

Paano ako makakatulog kung may biglang pumasok dito at biglang sasabihin na gagawin niya akong alalay?

“ah.. oo naman ^^”

“good then”

Haist

“so how’s your foot?”

“ah ayus na siya Lance...”

“ihatid na kita sainyo”

“hah?”

“sabi ko ihatid na kita”

“pero may klase ka pa ah”

“early dismissal”

“soccer practice?”

“bawal magpahinga sa practice?”

“ah....ano... wala ka bang ibang pupun—“

“sabihin mo nga? Ayaw mo bang ihatid kita?”

TT____TT

“hindi naman sa ganun”

Kakausapin ko sana yung Eric na yun eh!

“edi halika na, i-uuwi na kita”

“i-uuwi mo ako?” I asked excitedly!

“oo sa condo ko” he answered seriously

“HAHAHA sige ihatid mo na ako sa bahay NAMIN” I emphasized the word namin talaga haha

“tsk”

Adik na Lance! Pero in fairness kinikilig ako haha, ikaw daw ba kasi ang i-uuwi daw sa condo niya! Haha naloka naman ako dun eh :”>

Ah teka teka yung classmate ko pa! paano na yun? TT__TT

Hinawakan na niya yung kamay ko at saka siya tumayo

“tara” he said

“eh?”

“tayo ka na dyan Sharlot”

“i-tayo mo ako ^^”

“you just want me to carry you again, don’t you?”

“OI! Hindi ah! Kapal nito!” tumayo nalang ako kasi naman itong si Lance di na mabiro. Hiya nga ako kanina eh.

Pero buti di siya nagreklamo na mabigat ako haha

“sakit ng likod ko” bigla niyang sabi

Teka wag mong sabihin na

“ang bigat mo pala” - ___ -

“aray naman Sharlot!” reklamo niya nung hinampas ko siya, kasi naman sabihan daw ba ako ng mabigat! Sa sexy ko na to!

At katulad nga ng sinabi niya hinatid niya ako sa bahay at saka na siya umalis kaagad. Nagmamadali? Haha ewan ko ba dyan. Di na siya pumasok sa loob eh.

Pagpasok ko sa loob nakita ko sila kuya..

Lavi's POV
(first time ba siya mag POV?)

"Hime! Dito ka muna" with matching tap pa ako sa sofa

Kadarating lang ni Miyuki, himala? Wala si Lancelot!

Mabuti yun! Mabuti! Kahit kasundo ko yung boyfriend niya di naman pwedeng madalas yun dito!
Spoiled na yun masyado kay miyuki.

Tsk.

"hindi kuya, magpapahinga nalang ako sa taas" at umakyat na nga siya

"hoy Rex!"

"bakit? Gwapo ko nuh?"

"ahaha! Asa ka pa! mas naman ako!"

"stop arguing!" at tuloy pa siya sa pagtetext. Sungit nito! Pagtabihin ko kayo ni Lance eh!

"di niyo ba napansin ang paa ni Princess?" tanong ni Rex

Napatingin pa si Shizu kay Rex! Syempre ako din! Di ko kasi napansin

"bakit ano meron?" tanong ng gwapo! Syempre ako yun!

"sabihin mo munang ang gwap ni Rex"

"wag naman! Labag sa loob ko yun!"

Di ba magsasalita itong masungit namin na kapatid?

"edi wag! Pupuntahan ko na nga siya"

"OI!! Wag ganyan! Sige na! gwapo mo talaga kapatid! Pero mas gwapo ako"

>:))

"ay! Void yan Lavi..sige aakyat na ako"

"pwede? Sabihin mo nalang?" haha barado ka ngayon Rex! Nagsalita na si Shizu!

"minsan napapaisip tuloy ako kung sino panganay satin eh!"

Panganay si Rex saamin, ako naman pangalawa! Pangatlo naman si Shizu at syempre ang prinsesa namin na si Miyuki!

“ang pangit kasi niya maglakad! Napilay ata” dagdag niya

“ANO?? SINONG PUMILAY?”

“hoy! OA ka Lavi ah!”—Rex

“mabuti ng OA kesa naman sa isa dyan walang reaction!”

Nagtetext lang! pagkatapos malaman na napilayan si Hime text text lang siya? Aba! Sapukin ko tong bata na to eh!

“wo oh wo oh! stuck like glue!” napatingin kami sa kumakanta...

Si Dennis! Nandito nanaman.. uubusin nanaman niya mga pagkain namin!

“Dennis what happened to baby?” tanong ni Shizu

PFFFT! Hahaha natatawa talaga ako sa tawag ni Shizu kay Miyuki! Baby! Baby damulang kamo! Hahaha

“ah! Ayun nananaginip tapos nahulog! Hahaha” umupo siya at saka kumuha ng cookies!

Nakalimutan ko may cookies pala kaming kinakain

Si Rex nag Focus na ulit siya sa nilalaro niya. Mga lokong ito! Wala ba silang pakialam kay Hime?

“bakit mo tinatawanan ang pagkakahulog? Saan ba nahulog?” tanong ko

“sa hagdan” sabay subo pa siya

“ANO? SA HAGDAN?” tanong ko

“hindi! Sa upuan sa upuan kuya Lavi! Sa upuan siya nahulog! Ibang klase ka din magtanong eh”

“ikaw wag na wag mo ko pinagloloko! Kundi kukuhanin ko yang cookies”

“hala! Wag naman!”

Umakyat si Shizu

“OI LAPTOP!!!” sabay kuha naman ni Dennis

Parang ngayon lang nakakita ng laptop ah?

“may klase ka pa ah? Bakit ka nandito?” tanong ni Rex

“masama sundan ang crush ko? hahaha”

Wala ako mapapala sa isang ito. Mapuntahan nga si Hime

Nakabukas yung pintuan nandun siguro si Shizu

“eh kuya kasi kasalanan ko din eh... di kasi ako nag iingat kaya heto ang paa ko kawawa”

“next time be careful okay?”

“hai nii-san!” (yes kuya)

Lumabas na si Shizu, tinitigan pa ako. Lokong yun. Ako naman pumasok sa kwarto ng prinsesa namin!
Haha

“daijoubu desu ka?” (okay ka lang?)

“hai! daijoubu desu!” (yup, okay lang)

“oh” sabay abot sakanya nung chocolate

“waaaah arigato ^^”

“nahulog ka daw sa hagdan?”

“ah opo pero I’m okay na oh see? Haha..saka ano ba naman yang hagdan na yan?”

“sa susunod kasi mag-iingat... pero buti at paa lang ang---“

“may nadamay nga po sa pagkakahulog ko eh, nakokonsensya tuloy ako..nabali ata ang braso kuya”

“di nga? Mag ingat ka naman kasi!”

“waaah eh kasi kuya di ko naman sinasadya.. tapos na galit yung kaklase ko saakin TT^TT”

“tsk yaan mo na nga yun! Di ka naman siguro pinapabayad diba? Di mo naman sinadya eh”

“hindi po”

“oh... baka di naman nagalit”

“sana”

“alam ba ni Lance??”

“ah opo alam niya... medyo umayos nga yung paa ko nung pinakiaalaman niya eh haha”

“good for you then”

“ah sya sige kuya matutulog muna ako...mag tutuos pa kami ng libro mamaya”

Pagkasabi niya nun lumabas na din ako..

At pagbaba ko...

Ano yan??? Anong pinapanuod nung tatlo???

“hoy! Anong pinapanuod niyo?”

“lika dito dali! Ang sexy ng mga ito!” said dennis

Sexy???

Due to curiosity! Heto ako nakikinuod

Ah oo nga sexy nga sila....

“Shrimp” said Shizu

“ayus na yan! Yung isa naman ice cream!” sabi naman ni Dennis

“hahaha ayus na yun! Kesa naman lollipop lang!” natatawang sabi naman ni Rex

Kung di niyo ma gets.. eto ang ibig nilang sabihin:

Shrimp: kain katawan tapon ulo! Ibig sabihin maganda lang katawan pero pangit! Haha

Lollipop: maganda pero ang pangit ng katawan... kung kakain ka ng lollipop yung candy lang ang kakainin mo tapos tatapon mo na yung stick!

At ito ang the best!! ICE CREAM! Makakain mo ng buo eh! Hahaha MAGANDA NA SEXY PA!

“hahaha nakakatawa naman sumayaw ito! Hahaha” bulalas ni Dennis

“itong batang to! Pumasok ka na nga!” sabay batok sakanya ni Rex

“give me back my laptop” gadget boy talaga tong si Shizu... di nalang siya magtext

“teka lang naman! Ang ganda pa nitong pinapanuod ko eh”

Sa youtube siya nanunuod

Babaeng sumasayaw. Kumusta naman yan?

Pero I admit magaganda sila ah

ding dong ding dong

Sino naman kaya yun?

“dennis buksan mo yung pinto” utos ko nung maka upo ako

Naka upon a ako eh alangan naman tatayo pa ako

“tamad talaga nito!” saka siya tumayo

“OI LANCE!!! Nandito ka! UMUWI KA NA!”

“wanna die?”

“JOKE! Joke lang sama talaga nito..manuod ka nalang din

“oh bumalik ka?” tanong ni Rex na busy pa din sa pinapanuod nila

“Sharlot forgot this” pinakita niya yung cellphone

Excuse lang ata niya para makabalik eh?

“oi! Panoorin mo toh dali!!!” hinila pa nila si Lance

Hahaha

Ano naman kaya sasabihin ni Lance?

“ano sa tingin mo Lance? Ganda ba?” tanong ni Rex

“hmm... maganda at sexy”

O___O <--yan kami!!! Nagulat kami

Si Lance ba yan? May sinabihan siyang Magana at sexy?

Na ibang babae???

At hindi sa kapatid ko????

“HOY! ANO YAN???”

Si Hime

“Lance? Bakit ka nandito? Sinoa ng maganda at Sexy?” medyo inis niyang tanong

“yan” sabay turo naman ni Lance sa laptop

“sino yan???”

Hala selos ang prinsesa! Hahahaha ang cute naman niya

Kaso lokong Lance to ah!! Pinag tritripan ba niya ang Hime namin?

“eeeeeeeeeh! Sinong babae yan?”

“yung maganda at sexy” sagot pa ni Lance saka nag focus din sa pinapanuod hahaha

Ang kulit lang eh!!!

Agad agad lumapit si Hime saamin at hinablot ang laptop at

At

At

“HOY!! TEKA! LAPTOP KO YAN EH!” si Shizu may sabi niyan! Ayos ah

GO HIME!!!

“SINONG MGA BABAE TO???”

“Wag mo naman sirain ang laptop miyuki!!” said dennis

“eh sino ba kasi ang mga to??? Yan?? Maganda? Sexy?”

“oo maganda at sexy. Magaling pang sumayaw” lalo pang nang asar itong si Lance

Haha pinagtritripan nga siya ni Lance

“nakakatakot magselos si Miyuki! Mukhang monster! Di na kita Crush!”

“heh tumahimik ka!”

Si Rex natatawa na! ako din di na makapagpigil! Ganito pala magselos ang bunso namin?

Pati mga nasa youtube pinagseselosan? Hahahaha

“Lance pag nasira Laptop ko----“

“hindi yan” sagot niya

Aba yung dalawa nag usap!!! Ayos!!!

“EEEEEEHHHHH LANCEEE!!! Baka mamaya---“

“di ko kilala mga yan...”

“hah???”

“sabi ko I don’t know them. Okay?”

“hah?”

“aish! Babaeng nasa youtube lang yan! Asa ka namang pupunthan ko sila! Tignan mo nga! Mukha namang hipon yang isa...”

“hipon?”

“HAHAHAHAHAHA” ayan nakawala na ang mga tawa naming magkakapatid! Hahahaha pati si Shizu tawa ng tawa!!! Ang sarap pala panuorin si Hime na pinagtritripan eh! Hahahaha

“trip trip lang yan Hime! Hahaha pinagtritripan ka ni Lance!”

“hmmmp! Kainis kayo!” saka niya binato yung laptop kay Lance!

Buti nalamang

At nasalo

Kundi! Lagot naman kami kay Shizu! Hahaha

Nakakatawa sila...

Pasado talaga si Lance saamin!!! Ayos!

Chapter 6: meeting her so-called-bestfriend

Sharlot’s POV

“GAIILLLLLLLL!! SHOOOPPIING!! Haha”

“haha wagas ka naman bessy! Di halatang namiss mo ko ah!”

“eh kasi! May chika ako sayo”

“oh? ano? Parang nabaon ka sa utang ah? Anong balita?”

Today is Friday!!! At dahil nandito pa ang aking bessy. Heto ako ngayon nakatambay sa bahay nila. Actually kadarating ko nga lang.

“you know what! May nakakairita akong classmate! As in di ko siya matagalan!!! AS IN!”

“really? Bakit naman?”

“eh kasi! Bessy! Nahulog ako sa hagdan”

“WHAT?”

“maka what ka naman bessy >___<” nagagaya ko na si Dennis amp yun!

“nahulog ako sa hag---“

“eh okay ka naman ba? Wala bang nabali sayo??? Bessy naman! Paano nalang ku---“

“cut it out Gail-chan.. okay na ako ^^.. yung isang di okay lang ay a----“

“kita mo di ka okay!!”

“bessy!!! Patapusin mo ako magsalita”

Kaloka itong si bessy >___<

“okay hahaha over reacting lang ako bessy. Di ka na mabiro” natatawa niya sabi

Biglang may lumabas galing sa kusina..

Napa....ah??? ako!!

“bakit nandito si Seb? Live in kayo?”

“HOY! HINDI AH! >///<<”

“kayo ah!”

“morning Miyuki” bati niya ako inalok ng cake.

Ang gwapo ni Seb! * ____ *

Naka pambahay lang siya eh, shorts saka loose t-shirt... dito ba siya natulog???

Napatingin ako kay Gail

"GAIL!"

"oh?" sabay iwas ng tingin

"dito ba siya natutulog?" bulong ko sakanya

"bessy! Wag nga yan ang pinag-uusapan natin! Yung iyo ang chinichika mo! Hindi yung akin >__<"

Hala!!!

Dito nga ata

"bessy wag mong sabihi----"

"oo na dito na siya natulog pero natulog lang... eh kumusta ang pagkakahulog mo sa hagdan?" aysus sumegwey si bessy! Haha

"ayun may nadamay eh.. tapos gusto niya ako gawin katulong! Di nga ako pumasok kahapon para di ko siya Makita.."

"eh kanina?"

"kanina? Siya ang hindi pumasok saka 7-10am lang ang pasok kanina^^"

"ah buti naman.... So.. ano name nung guy?"

"Erick"

"walang appeal!"

"Lance Erick Tamayo"

"LANCE DIN???"

"oo haist bessy! Anong gagawin ko???"

riiing riiing

Istorbo naman eeehhh >__<

"hello?" walang galang kong sagot

(come here)

O__O

"Lance???"

“sharly! Si Lance na ano ba ya—“

“Mariano” sagot ko

“ah”

(what?)

“sabi ko hello bah^^”

(tsk.. halika dito)

“saan?”

(university)

“bakit nafe-feel ko na parang HB ka ata?”

(HB?)

Hahahaha ano ba naman itong si Lance! Hindi alam ang HB?

(heartbroken?)

“ADIK HINDI!”

(eh ano?) atat niyang tanong

“high blood hahaha”

(tsk! Dali na)

“I’m with Gail Lance. Pwede later nalang?”

(ngayon na!)

“oo na po heto na paalis na nga kami ni Gail eh. Gail! Sama ka!”

“hah? gagawin niyo kong chaperone sa date niyo? Ayaw!” she answered

(it’s not a date)

“di daw date yun” I said facing Gail

“ah sige.. Seb!!! Aalis muna kami ah”

“sure. Ingat”

Di man lang kami ihahatid ng magaling na fiancé niya? Ano ba yan! Yaan na nga... so nag-taxi nalang kami ni Gail papunta sa university. Habang nasa taxi napag-usapan din namin yung about Erick nga. Sabi saakin ni Gail hwag ko nalang daw pansinin. Hindi ko naman daw kasalanan na nangyari yung pagkakahulog? Kumbaga daw hindi naman daw act of man yun kundi accident naman daw talaga which is true naman talaga.

Wala akong kasalanan kaya malinis ang konsensya ko

Malinis ang konsensya ko!

Hindi ko kasalanan na mabali ako kanyang braso

Hindi ko kasalanan na nandun siya

Hindi ko kasalanan na....

Hindi siya makagawa ng plates niya TT__TT

At lalong di ko kasalanan na di siya makapag gitara TT__TT

HINDI TALAGA!!!

Pero... errr konsensya ko eh

Nang makarating kami sa university... heto na...

Si Kysler ang agad na bumulaga saamin ni Gail!!!

>__< where's my BAH???

“Nasan na yung nag-aalburotong bulkan?” asked Gail

“ah! HAHAHA dun!” natatawa turo naman ni Kysler sa bandang garden

Sa garden^^

“ano pala nangyari? Di binanggit saakin kung bakit eh?”

“malamang may surprise ang BF mo ulit nuh?” she's just guessing. okay!

Si Kysler natatawa talaga siya eh! Ano bang meron?

Nakakaloka. Kinakabahan tuloy ako.

“hoy bakit ka tawa ng tawa?” tanong ko

“ah?” sabay tingin saakin, naglalakad na kasi kami papunta doon sa garden

“basta basta hahaha”

Hindi nag sheshare! >___<

“si Ales?” tanong ni Gail

“siya? Ewan”

“hala ang lalaki!!! May away kayo?” tanong pa niya

Close ba sila ni Kysler? Parang hindi naman diba? >___<

“hmm ewan ko haha” sagot lang ni Kysler

Ngayon ko napatunayan na: Laughter is the best mask for a broken hearted person

Broken nga ba puso niya? Haha malay ko sinasabi ko lang naman haha

“ayun na hahaha” tawa ng tawa itong si Kysler >___< kinikilabutan ako

Pagtingin ko

Woah.. sino naman yung ----

“XYla?” tanong ko

“ATE SHARLY!!!!” sabay takbo niya saakin at niyakap ako

May kasama sila eh.. lalaki... two guys and 1 gal...

Friends siguro ni Xyla.. pero pwede din na.....

“Lance...” I greeted

“hey huge favor.. Accompany these two for awhile” he pointed at Xyla and the other girl

“eh? Bakit di nalang ikaw? Magmamall pa kami ni---“

“Mi-yu-ki” slow motion pa niyang binaggit ang miyuki TT__TT SHARLOT KASI SHARLOT!!!

“heto na oh... tara Xyla”

“eeeehh ATE!! HINDI PWEDE!! HINDI HINDI HINDI!!!”

TT__TT KC natutuliling ang tenga ko sayo eh..... kung hindi ko lang kaharap kuya mo sinabi ko na yan
TT__TT

“Lance! Ano ba kasing gagawin mo?” tanong ko

Lumapit ako sakanya...

“sino pala sila?” tanong ko pa

Napatingin ako kay Gail.. ayun bumibili ng ice cream.. oo may nagtitinda ng ice cream dito!

“AH ATE!!! Si Hann, si KZ at si L-Louie”

Teka something is fishy. Bakit siya nauutal utal sa pangalan na Louie?

Napatingin ako kay Lance... naiinis siya... sinasabi ko na nga ba

“Boyfriend po ni Xyla” sagot nung si L---

“BOYFRIEND?” tanong ko

Nakakagulat.. pero din a ako nagulat.. pero gulat pa din ako...

Napatingin ako sa batang si Xyla... mali dalaga na pala

“Go Sharlot... isama mo tong dalawa” saka pa ako pinag tulakan TT__TT

Ano ba kasing gagawin nila???

Naglakad na sila Lance paalis eh.. kasama yung boyfriend daw ni Xyla???

“Ate baka kung anong gawi nil-----“

“Xyla nuh ka ba! Ang gwapo pala ng kuya mo? Hahaha sayang ate dapat nauna ko makilala yung kuya niya kesa sayo!”

O__O jusmiyo itong batang ito!!!

“pero syempre Joke lang! hahahaha... Xyla yaan mo si Louie. Tatanga tanga kasi eh hahaha”

O__O

Nagugulat ako! Ano ba naman ang mga kabataan ngayon

“gagawin kong SIOMAI SI KUYA PAG NISAKTAN NIYA SI HABELABS KO!”

Ano daw?? Habelabs daw???

O__O

“hoy! Kabata batang tao eh” suway ni Gail

si Hann.. oo si Hann nga ata? Kung tama pagkakaalala ko ah... siya naman tawa ng tawa...

nilibot nalang namin itong university... sinusubukan ko tawagan si Lance pero wala! Out of reach!!!
Amp... itong kapatid niya natatakot na >__<

lagot ka saakin Lance!!!

Kysler’s POV

Sa totoo lang tawa ako ng tawa ngayon!!! Ikaw ba naman! Sa facebook kasi may kumalat na may Boyfriend na daw ang bunso niyang kapatid! Hahaha sayang crush ko pa naman si Xyla. Kaso child abuse daw ako . saka may Ales na nga daw ako! Edi ako na ang may ales kahit wala naman talaga! Tsk! Asar lang.

Akala ko kami? Tsk!

Nga pala! Sinadya naming abangan yung sinasabi nilang Boyfriend ng kapatid niya. At natyempuhan magkakasama pa sila ng mga kaibigan niya at kasama natural ang kapatid niyang si KC. Cute pa din, mali maganda nap ala siya. Dalaga na may boyfriend na ang bata!

“ah...k-kuya”

“siya ba?” tanong ni Lance

Hahahaha hayaan ko lang sila magsalita....

“kuya mga kaibigan ko... sila...Hann, KZ at si---“

“Louie po... boyfriend niya”

“siopao naman oh! so its true?”

“kuya.... Ano.... Waaaaaaaah>___<”

Grabe naman tong si Lance

“dun tayo”

“hah?”---KC

Mga kasama niya.. natahimik.. natatakot siguro sa aura ni Lance

Ikaw kaya makakita ng itim na aura sa ganito kaliwanag at kapayapang panahon? Hahahaha ibang klase!

Pero.. napatingin ako sa lalaki ni Xyla. Kung tumawag naman ako ng lalaki akala mo may asawa na ang batang to! Haha

Hmmm ayos na, gwapo naman? Mas gwapo nga lang ako. Mukhang.. okay na? kung kumilos? Natural lang...

“anong sport mo?” tanong ko

“ako?” tanong niya

“hindi.. hindi ikaw tinatanong ko! itong miss maliit dito ang tinatanong ko!”

“ah ako pala.. badminton po”

Ba naman tong mga kaibigan ni KC! Untugin ko sila e!

“pangalan mo ulit?”

“ako?” tanong niya...yung boyfriend

“hindi siya! Siya!”

“ako?” tanong pa ng isang lalaki

“ah Kuya Kysler.. yan po si Zen, si Hann naman ito at saka si Louie” si KC na sumagot

Ah Louie pala

“Louie.. anong sport mo?”

Baka jackstone! Hahahahaha

“ang totoo niyan di po ako mahilig sa sports”

“wag mo ko i-po parang ang tanda ko naman, eh ano pala?” tanong ko

“naglalaro ako ng konti ng Basketball, pero bihira talaga... more on photography kasi hilig ko”

Ah photographer pala to.. napatingin ako kay Lance.. lokong to! Parang pinasama lang niya ako dito para sabihin na: DO THE JOB! Sa tanong tanong tsk

“kelan mo pa niligawan ang bunso namin?” tanong ko. syempre makikibunso na din ako. Parang kapatid ko na mga to di lang halata

“nung 4th yr po”

“ganu katagal?”

“more than 7 months po”

“GANUN KATAGAL?” nagulat naman ako dun!

May ganung lalaki pa pala? Aba!

At nung nasa garden na nga kami inutusan ako ni Lance na sunduin sila Miyuki. Kung di nalang kaya niya papuntahin dito diba? Lokong to! Ihampalos kita sa sahig eh! Hahaha joke lang patayin pa ako ng sadistang girlfriend niya balita ko pa naman nagiging monster yun! Lalo na daw nung isang araw haha.

Pagkatapos nun.. humiwalay na kami kina Sharlot... lalaki lang...

Usapang lalaki na ata to.

Nag ririing ang cellphone ko pero pinapatay ni Lance. Si Miyuki kasi yun

“sabihin mo nga. Ikaw din ba yung nagpaiyak sa kapatid ko nun?”

Lagot ka ngayon Louie....

“ah.. kasi---“

“Kuya ni KC---“

“shut up I’m not talking to you”

Ayan sabat pa.. Zen? Haha

“Kuya Lance—“

“wag mo ko tawaging Kuya ang sagwa!”

Choosy pa tong si Lance mukha naman nag eenjoy matawag na kuya hahaha

Nag-inat inat ako.. kapagod kaya....

Tapos

BOGSH

O__O

PUTAKTE!!!!

“Hoy Lance!”

Itinayo ko yung si Louie... tangna! Lokong Lance to ah!

“o-ouch” sabay hawak pa siya sa pisngi niyang nasuntok

“Warning Shot Louie... mapaiyak mo lang kapatid ko ulit.. lagot ka saakin”

“then???”

“30-70.... Hindi ko pa kayo tanggap”

“HAH?”

“Lance maawa ka sakanila hahahahhaa” natatawa kong sabi.. paano ba naman! 30-70? Edi ganun na din yun! Tanggap na din!

“tsk! That was a warning shot but you can count it as a welcome shot as well”

“po?”

“call me Lance.. don’t bother calling me kuya..”

“edi Lance!!!”

“what?”

Si Zen yung kausap niya ngayon.. alam niyo magkamukha itong Zen at si Louie eh

“tanggap mo na kapatid ko sa kapatid mo?”

Ah kaya pala magkapatid

“malay ko”

Tas naglakad na si Lance.. kinuha ang cellphone

“don’t shout! Where are you?”

Ano pa nga ba? Alam na! - ___ -

Sharlot’s POV

“waaaaaaaah Louie! Ang mukha mo TT_____TT KUYA!!!”

“tsk”-Lance

“thank you ulit” sabi nung Bf ni KC

Thank you???

O__O EDI!!!

Napatingin ako kay Lance

“let’s go” bigla niya ako hinila papunta sa sasakyan niya

“pinayagan mo na???” natutuwa kong tanong

“ano pa? subukan lang niya paiyakin kapatid ko.. makakatikim pa sakín yun ng hindi lang isa”

“sinuntok mo?”

“oo”

O__O

Kakaiba siya pumayag

“lagi dating umuuwing umiiyak kapatid ko... di ko lang pinapansin... siya pala dahilan”

“yaan mo na.. past is past Lance ^^”

“yeah...”

Pumunta kami ngayon ni Lance sa field kung saan sila nag prapractice ng football. Walang tao...tahimik ng lugar.. wala naman kaming ibang ginawa kundi tinulugan lang ulit ako ni Lance...

May bagong nakaukit sa puno ni Lance... ang nakalagay???

Rabbit!!!

Kumusta naman ang rabbit na yan? Hmmmph!! Di na nga ako nag clip ng rabbit eh. Kasi mang-aasar lang yan!

Pumunta ako sa kabilang puno....

Yung may nakaukit din...

Umupo ako doon at naglabas ng sketchpad... nag dradrawing ako ng kung anu-anp na Makita ko hanggang sa inaya na nga ako ni Lance umuwi...

“salamat sa paghatid. Ingat ka sa pag uwi^^” I kissed him

“yeah.. tulog ka ng maaga” paalala niya

“yup bah^^”

Ngumiti siya at saka umalis na....

“TADAIMA!!!” I’m Back

Hmm? Walang tao... umakyat na ako sa kwarto ko...

Nilapag ko yung bag ko...

O__O

Teka... may nakalimutan ba ako???

Binuksan ko yung bag ko.... wala....

Hala!!!

Yung SKETCHPAD KO!!!! nandun mga assignments ko!!!!

Hala madilim na!!! yaan na nga!!! Malapit lang naman!!!!

Naglakad ako papunta doon sa field di naman siya kalayuan katulad ng sabi ko dati pa...

Tumakbo ako kaagad papunta sa may puno....

May napansin ako....

May kung ano sa puno'

Teka...

Hala....

Multo???? Hindi hindi... hinahawakan niya yung puno eh....

"ah, excuse me po.. may nakita ka ba----"

"sayo ba to?" yung boses niya... parang ang sigla... I mean.. basta di ko maexplain.. at lalong di ko Makita ang mukha nung babae....

"gabi na ah.. bakit ka nandito?" tanong ko

"ah... may inaalala lang ako" feeling ko nakangiti siya habang sinasabi niya yan...

Nakatalikod siya saakin.... Nakatingin sa siya puno at ganun din naman ako

Aalis na ba ako???

“kung galing ka dito ibig sabihin nakita mo yung vandal ko sa puno?” tanong niya

“a-ah.. oo” siya nagsulat ng mga yun???

“alam mo ba... galit na galit ako sa ex ko nun... pero may isang tao na nagsabi na.... life is not revolving in just one person. He might not be the right person for you. So stop crying and move on”

Teka ako kinakausap niya diba?

“that time.. sabi ko sa sarili ko... so di pala maganda mag revenge???so okay lang kahit na niloko ako ng ex ko?”

....

“tapos alam mo sabi niya? Sabi saakin... he’s stupid coz he cheated on you, a fool, you’re pretty so stop crying already! Naiirita ako..... yun ang exact na sinabi niya saakin”

Bakit niya sinasabi saakin???

“that time.. umalis ako ng bansa..... and ready to move on.. pati na din ready na ako sa napagdesisyunan ko.....and then.....ngayon nagbabalik ako dito.... Hahanapin ko siya..... kasi I think I fell in love with him... that day... kahit na sinabi niya saakin na last time na nakita ko siya na... stop it... because i can’t return your feelings... I’m sorry but thank you.....”

...

...

“ah hahaha nagiging emosyonal nanaman ako.. sige bye bye” she said saka siya umalis...

She’s weird..

Super weird.....

pagtitiwala

-ito yung nagpapatatag sa mga relasyon, na kapag mahal mo ang isang tao hindi mo naman maiaalis ang salitang TIWALA.

kaba

-ito naman yung biglang sumusulpot kapag may ibang pumapasok sa relasyon.

dalawang salitang kapag pinagsama mo, parang may masisira

dalawang salitang parehong pwedeng makasira

KUNG, KUNG lang naman, magpapadaig ka sa kaba at hayaang mawala ang pagtitiwala.

Chapter 7: Missed Calls

Sharlot’s POV

Pffft iwasan na nga. Di naman niya ako nakita. Pero bakit siya nandito? Baka malapit lang din bahay nila dito? Wag naman sana!

Kesa naman Makita niya ako dumaan nalang ako sa kabilang daan kahit na mas malayo pa! ayaw ko kaya yan makausap. Pero bakit nga bay an nandito? Mag try-out ba siya ng soccer? Tsk stupid Sharlot! Kung anu-ano iniisip mo! Guitar boy nga siya diba? Guitar freak! >__<

Sinisira ko na ba pangarap niiya sa lagay na yan?

Asar lang, pero konsesnya ko talaga eh.

‘stay away from him’

Pero sabi kasi ni Lance stay away daw eh...

Nakabalik na ako sa bahay namin, si Piffie kumakain. Remember my dog? Siya yan^^

riiing riiing

I picked up the phone call

“yes???”

(is this Lance’s Girlfriend?)

“hmm yeah. Why? And you are???”

Girl eh... sino to?

Kinakabahan ako

(n-nothing... bye)

toot toot

Eh? Weird! Wait! Girl siya and she was asking me if ako ang GF ni Lance! So....

I am now calling Lance

Lance! Pick it up!!!

Answer it!! >__<

Di ako magkandaugaga sa paglalakad

“hime.. what’s wrong?” sabi ng kapapasok lang na si Kuya Lavi

“ah..nothing...” I answered smiling

“you sure?”

“hai” (yes)

“okay... so lagay ko lang to sa kusina” sabay pakita niya saakin nung binili niyang foods

Ngumiti lang ako

Agad akong umakyat sa kwarto ko!

Ghad Lance! Are you cheating?? Pero ang busy niyang tao para magcheat siya!

(napatawag ka? Miss me?)

-___-

“Lance are you cheating on me?”

(are you insane?)

>___<

“seriously Lance! Are you?”

(no. why would i? so are you?)

“Lance..seryoso ako!”

(and I’m damn serious too! Why are you acting like that anyway?) may galit sa tono ng boses niya

At di ako makasagot, sasabihin ko ba na may tumawag saakin na babae? Na tinatanong kung girl ba niya ako? NAKAKAINIS!

(you’re doubting me, don’t you trust me?)

“Lance I trust you, so much..” yung boses medyo nanginginig

Kasi I don’t know if I’m going to feel guilty for doubting him.

(tell me what’s bothering you?)

“n-nothing”

(you’re lying)

“Kasi”

(kasi?) medyo yung boses niya sweet na parang inaakit akong sabihin ang totoo >___<

“someone called me”

(and?)

“she’s a girl”

(so what about her? Do you know her?)

“unregistered number siya”

(tinanong mo ba kung sino siya?)

“siya una nagtanong”

(ng?)

“if..i’m you’re girlfriend”

(oh? ngayon?)

“I said yes”

(just change your number.) he suggested. As in kada pagkatapos ko sumagot sasagot siya agad.

“Lance...kilala ka niya”

(baka isa sa mga fan ko sa soccer yan)

Fan? Sa soccer? Per--- baka nga >____<

Paranoid lang! ayaw ko kasi mawala si Lance

(don’t mind those girls... they’re nothing compared to you)

(just trust me. okay? I love you)

“I love you too Lance.. sorry”

(its okay)

“sure?”

(masakit lang. pinagdudahan mo ko agad eh)

“eeeh kasi! Takot lang naman ako na mawala ka”

(I know...)

“sorry bah”

(that’s okay)

“hmm...ang bait mo masyado”

(‘cause I love you)

“bumabanat ka niyan?”

(not really)

Humiga ako sa kama

“naalala mo pa si Piffie?” bigla kong singit

Ayaw ko na kasi pag-usapan yung pagkakamali ko TT____TT tanga ko eh! Bigla ko siya pinagdududahan!
Sa ugali niyang yan? May makakalapit ba sakanya?

Na babae?

Malabo yata

(yung aso?)

“wow! Tanda mo pa siya? Isang beses mo palang siya nakita ah?”

(ano akala mo sakin? Matanda?)

“peace na tayo^^... ipasyal natin siya”

(I hate dogs)

“ah naman Lance eh! He’s my baby!”

(gawa nalang tayo yung totoong baby)

“LANCE!!!”

(kidding) saka ko siya narinig na tumawa...

Ang sarap pakinggan ng tawa niya. Parang musika sa tenga? Parang gusto ko tuloy siya kaagad Makita...

Kahit na kasama ko siya. Parang wala lang kasi nga nagpatulong lang siya sa kapatid niya tapos tinulugan lang din niya ako kanina.

Haist

“Lance gusto kita Makita”

(ngayon?)

“yeah” I pouted

He chuckled after hearing my answer

(papunta na ako)

“hah???ano?”

(I’ll ring you back later..pag nasa harap niyo na ako)

Ano daw???

toot toot

Binabaan ako!! Ano daw? Pag nasa—hah??? eh ---

>___< sabagay may naririnig akong bumubusinang sasakyan kanina sa call!!! Di pa siya nakakauwi tapos babalik na siya kaagad dito???

Hala!!!

Tumakbo ako pababa sa kusina

“NII-SAN!!! LAVI NII-SAN!!!” (kuya! Kuya Lavi!)

“doushite hime?” (why princess?)

“May pagkain diba? Meron diba?”

“oo bakit? Gutom ka ba?”

“ah hindi po! Si Lance kasi pupunta dito”

“NANAMAN?” napalingon ako sa door.. si kuya Rex

>___<

“eh kasi sabi ko gusto ko siya Makita tas ayun pabalik na siya”

“la kang awa sa tao” biglang pasok din ni kuya SHizu

Hala naman! Kasalanan ko pa!

Ewan ko para silang natatawang ewan! Amp! Kasi baka hindi pa kumain si Lance! Ako nga hindi pa din kumakain eh!

riing riing

--Lance calling--

“hala kuya nandito na siya!”

“kung mataranta ka naman parang pagkain sa kasal inaalala mo ah”

Bakit nandito nanaman si Dennis?

“shizu peram laptop mo! Mas mabilis yung iyo kesa dun sa laptop ng dalwa eh!”

“shut up will you?”

(__ __)

Ang hirap ng mag-isang babae!!!

Sinagot ko na yung call ni Lance

(anong gusto mo?)

“hah?”

(gusto mo?)

“ikaw?”

(alam ko yan pero wag ako! Di ako pagkain)

“ah! Pagkain!”

“Miyuki! Sabihin mo cake!” said dennis

“ice cream” said shizu nii

“lasagna saakin hime!” sabi naman ni kuya Lavi

“ano ba saakin? Ah! Cookies!”

O__O

(how bout you?)

“hala Lance! Wag mo nga bilhan mga yan!”

Narinig kong nag apiran yung mga kapatid ko >___< mga KALOG!

“kahit ano nalang”

(okay)

toot toot

“paranoid ka naman Hime! Wala pa naman pala siya!” –Lavi

“sabi kasi niya kanina tatawag siya pag nandito na siya eh”

“masyadong in love itong kapatid natin” sabay subo ni kuya Rex sa kinakain niyang platos

“DENNIS! I’ll kill you!!!”

“damot nito! Manunuod lang naman ako ah!”

“gwapo ko talaga”—rex

“sira mas gwapo ako!”—Lavi

Patawarin niyo po ako! Ang gugulo ng kapatid ko TT__TT

Pumunta ako sa sala para manuod ng TV, iniwan ko muna yung mga lalaki doon sa kusina.

Ang gugulo nila eh. Nag-aaway away nanaman sila kung sino mas gwapo sakanila

Para walang away! Ako na gwapo! >___<

Tumunog na ulit cellphone ko.

Pero...

Hindi si Lance ang tumawatag

Another unregistered number

Sasagutin ko ba???

>___< ayaw ko na sagutin baka kung sino nanaman? Malay mo may fans club pala si Lance? Tas balak nap ala ako i-barbeque nung mga babae? Waaaaaaaaaah

Ayan naging missed call na siya tapos

--Lance calling-- ^^

Ayun!!!

Di ko na sinagot yung tawag iniwan ko na yung phone ko sa sala tas tumakbo ako para buksan yung gate!

Si Lance na nga!

At at

At

Ang dami niyang bitbit!!!

“AYUN NA YUNG MGA PAGKAIN NATIN!!!” isa isang naglabasan mga kuya ko saka kinuha mga bitbit ni Lance at saka sila pumasok

“hala Lance naman sabing wag na bumi---“

“suhol ko sakanila para hindi ako isumbong sa tatay mo”

“eh?”

“bawal ako maglagi sainyo, pinagsabihan ako ng tatay mo -___-“

“eeehhh?”

“boys talk yun kaya di mo alam. Tara sa loob” saka niya ako inakbayan papasok ng bahay namin

Adik talaga siya! May nalalaman pang ganun tatay ko? at at! Bribe niya yung mga pinamili niya?

Ayus din ah^^

Pumunta kami sa kusina at as expected

Ang gugulo nila! As in!!!

“kumain ka na ba?” tanong ko kay Lance

“hindi pa”

“ako Miyuki di mo tatanungin?” tanong ni dennis

“eh bakit pa kita tatanungin kung ngayon palang ngumunguya ka na?”

“sus! High blood ka nanaman! Hahahaha” sabay agaw niya sa laptop ni Shizu at nagmadaling pumunta ng Sala

“THIS BRAT!” at hinabol naman siya ng kuya shizu ko

“mga isip bata talaga mga ungas na yun hahaha”

“basta ako gwapo” nakangiting sabi ni kuya Rex

“anong ikaw? AKO!!!”

“pasensya na magulo sila” bulong k okay Lance

Ngumiti lang siya saakin

“ayos lang. ang saya nga eh”

Napatingin ako kina kuya Rex

Naka-awang pa yung bibig nila

Parang di makapaniwala?

“oh?” tanong ni Lance

“ngumiti ka?” tanong ni Rex

“marunong ka pala ngumiti eh!” sabay batok pa ni kuya Lavi kay Lance

“KUYA!”

“sorry naman. Hahaha nakakatawa lang kasi! Marunong pala yan ngumiti! Hahahaha ngiti ka nalang parati!” sabay alis na niya

“sus basta ako gwapo” sabi ni Rex saka umalis na din at nagpunta na din ng sala

>___<

“nakakatawa mga kuya mo” he whispered.

“alam ko.. hayaan mo nalang sila. Ganyan sila eh. Pero pag seryosong usapan. Seryoso sila”

“halata nga...”

Mas nilapit na niya yung upuan sa tabi ko.

Hinapit niya yung bewang ko

“subuan mo ko” he ordered

Kung maka-utos! >__< pero ginawa ko naman^^ haha

“ikaw naman” sabi niya saka ako sinubuan yieeee edi kami na nga kasi ang sweet!

.”>>

“heto pa”

“oi Lance naman..di ko pa nga tapos nguya----“

Sinubo pa din niya saakin T___T

“oh”

Tinakpan ko yung bibig ko! aba! Namumuro na susubuan nanaman ako.

“Lance” suway ko

Tumawa siya g bahagya

>///
<

Pinapanuod lang niya ako kumain eh!

“nag-eeenjoy ka bas a ginagawa mo?” tanong ko

“very much”

Pffft

Inabot niya saakin yug juice

“thanks”

“may nilagay akong pill dyan” he said nung iniinom ko na ----

Wait

“WHAT?”

“kidding”

>__<

“LANCE!”

“just kidding! Haha”

“pinagtritrpan mo nanaman ako eh!”

Idinikit niya yung noo niya sa noo ko

“ganda mo talaga lalo na sa malapitan” >///
<

“kasi naman eh”

“namumula ka” saka pa niya ni-touch yung tip ng ilong ko. note! Naka dikit pa din noo namin!

Ngayon naman hinawakan niya pareho ang magkabilang pisngi ko >///
<

"I love you" he whispered

"and I too" I answered

Hinalikan niya ako, smooch lang

"don't doubt my love for you. Okay? Sakit eh. Tumagos sa likod. Nagulat pa naman ako kanina" sabi niya ng di nakatingin saakin

Namumula kasi siya

"about dun.. sorry ah.. din a po mauulit...."

"dapat lang kasi hahanapin ko yung tumawag sayo - ____ -"

"kahit babae??"

"oo! Papasapak ko siya kay Alesana kung babae."

"kung lalaki?"

"anong silbi ng mga barkada ko kung di ko naman pala magagamit kamao nila?"

Napalunok naman ako., katakot ^__^

Katakot pero nakangiti? haha

Ipinagpatuloy nalang namin ang pagkain ni Lance tapos sumunod na din kami sa sala at nanuod ng movie.

Di din nagtagal umuwi na din siya. Lumalalim na din kasiang gabi.

Sila kuya umakyat na din sa mga kwarto nila

Naglilinis nalang ako ng mga kalat namin kaninang nanuod ng movie

And then nakita ko yung cellphone kong nakatabi...

Tinignan ko kung may nagtext ba

And I'm surprised! Nang Makita kong

29 missed calls! From the same number!

Which is unregistered

>___<

Mukhang gusto ata ako lechonin ng tumatawag!

Wag naman po sana T_____T

Kinain ko nalang yung mag chocolates na binigay saakin ni Lance kanina. Magpataba daw ako. Gagawin ko nalang itong pampakalma!!! Kinakabahan ako sa tumatawag eh!!!

Ayaw ko naman i-call back..

Baka kasi...

Amp lang!!!

baka kung sino nanaman na makakadagdag ng kaba ko.

malaki tiwala ko kay Lance

Chapter 8.1: SPIES!!!

Sharlot's POV

riing riing

Tumatawag nanaman. Sasagutin ko na ba? Iba naman ito sa unang sinagot ko na tawag eh.

Bahala na. kung sino ka man.

>__<

“h-hello?” natatakot pa ako :<

(so at last! Sinagot mo din!)

“kilala ba kita?” bigla kong tanong! Paano ba naman! Lalaki

(Lance)

“wag mo nga ko pinaglolo! Kilala ko boses ng boyfriend ko ah!”

(asa ka pang girlfriend kita! Lance Erick Tamayo!)

O__O

Bigla ko pinatay yung call

Hala! Paano niya nalaman number ko???

Hala naman eh!!! >__<

Ayan nanaman tumatawag!!!

Agad ko ng pinatay yung cp ko! kasi naman eh!!!

Natakot naman ako! Paano niya nalaman ang number ko? >__< waaaah si Lance! Teka si Lance! Baka bigla tumawag saakin si Bah :<

Kasi naman itong mr. Tamayo na ito eh! ITAYO KITA SA GILID NG BANGIN! Tsk

Bahala na nga...

Mag online nalang ako sa FB! Adik naman si Lance sa FB eh. Mahilig magpasabog ng notifications ng tao!

(a/n sino nabibiktima niya?? Ako parati! :< dun sa group pasabog ng notif! Amp. Sumegwey? haha)

Oi may friend request! Ang dami... O__O mula nung naging girlfriend ako ni Lance ang dami nag-add saakin! Mga taong lelechon ata saakin itong mga ito eh >__< bessy!! Help me.

Confirm, confirm, confirm, ignore!

Confirm..... wait...

Lance Erick Tamayo. Confirm.. Ignore O__O

Eh??

Message 1. Lance Erick Tamayo.

ACCEPT MO KO!

Hala!!! Pati ba naman FB account ko nakita niya?

Mutual friends: okay? Nangunguna, kysler joseph buenafe, dennis arceo at pati itong Lance Mariano na ito?

At paano naging friends yan? O baka naman dahil... dahil... dahil nga nag-aalala saakin si Lance kaya naman in-add niya si Tamayo?

Bahala na nga.

Confirm!

>__<

Status:

'HALA NAMAN! In-add niya ako!! T__T'

Hindi pa online si Lance >__<. Tinignan ko ang account niya

'daan lang baka may babae eh! Clear! Wala naman :D'

Then click share! ayan

Hoho ^^,. Subukan niyo lang magawi sa profile ng bah ko! makikita niyong TAKEN siya at married saakin! Feeling lang namin na kasal kami eh! Haha kahit sa FB lang

Tingin tingin lang ako ng mga kung anu-ano sa FB. Then biglang

'lance Erick tamayo posted on your wall'

O__O

Hala!!!

'3pm! And Plate ko!'

T____T ako na ang pinakamalas na babae sa mundo!!! Mali medyo lang pala kasi swerte ako kay Lance ko! kay Bah ko!! kay Nathan ko!

So there nandito ako ngayon sa profile ng mr. guitar man na ito!!

Di ko nalang pinansin yung sinabi niya :< kasi naman eh!!! >__<

Tapos biglang nagpost nanaman siya!!!

Ah ah!! FLOOD!!!

Nagcomment na ako! Kainis eh!
'STOP IT!!! Di ko naman sinasadya ah!!!'

Tapos out na...

Ay hindi! One last sa account ni bah! Dun lang peaceful eh TT__TT

Bah mag online ka dali!!!

Baka hindi pa nakauwi yun? Haist

Naglaro nalang ako ng kung anu-ano sa PC.

toot (wag kayo!!! Tunog yan ng chatbox! XD)

Nathan Lance Mariano: your phone is off. Why?
Me: lobat bah

sinungaling ka miyuki!!! Sinungaling ka T__T

Tapos biglang..: Nathan Lance Mariano posted something on your wall

'don't go near him'

Kinabahan ako bigla.. na parang nanlamig....wala man lang dot? Smiley? Or or bah? :(

Tapos nakita ko

O__O nasa baba lang pala niya ang post ni ERICK!! Ito na nga ba sinasabi ko! dapat nidelete ko pala!
Nakalimutan ko >__<

Kinabahan ako.. naman kasi eh >__<

Me: bah! Hindi ko siya pinansin!
Nathan lance mariano: ok, tulog na. night

Then wala ng green sa chatbox niya!!! Nag out na siya!!!

Ay naman eh!! Tatampo yung bah ko :<

Kinuha ko yung phone ko para tawagan siya.. pero.. busy daw ang number! Sino naman ang tinatawagan ng mokong na to? Hmmp

Matutulog na nga ako...

Shizu's POV

(oh ayan na oh!! simula ngayon hindi na ako focus sa Sharlan!!! Next time kina SEB naman. Request granted guys! Babalik ko yung ibang cast! Pati sila JL!)

"hoy! Gisingin mo si Hime" he ordered

Like hell I will!!! -__-

"HOY!! Ano ba! Ang aga aga laptop nanaman kaharap mo" said Rex

Ignore them.

"Shizu! Inuutusan ka ni Lavi..."
"then go. Wake her up! Don't order me around!"

Psh!

"hoy! Lokong to! sabihin ko kay kaa-san mga pinag gagawa mo!" and there! Blackmailing me again!

"fine!" psh

I went to baby's room and found out that she's already gone or maybe went to their university already!
Are they making fun of me again? THOSE TWO!!!

I have two idiotic big bros! psh!

"SHIZU! BILIS MAGBIHIS KA! SUNDAN NATIN SI HIME!!!"

Hah?

"am I needed there? Give her some privacy!"

"BALIW!! May tumawag dito sa bahay!! KANINA!"

"so?"

"hinahanap si Hime! Sabi punta daw doon!"

"where?"

"DOON! Basta doon!" Rex said while laughing

Nakakatawa ba yun? Tsk

"who called anyway?" I asked

"kaklase niya ata? Erick daw eh? Ako nakasagot. Gwapo ko kasi" hilig talaga magsabi ng nonsense ni Rex

Is he really the eldest?

"oh tara! Mukhang nakaligo naman na kayo kanina pa! sundan natin kung saan pumunta si Hime!"

Obsessive big bro! - ___ -

Can't they just leave her alone?

At wala naman ako magawa kundi sumama

Psh.

Weird siblings!!!

We used Lavi's car and Rex did the driving. I really don't know where we were going until I found myself here in the.. wait? Supermarket.

What am I doing here?

At nasaan yung dalawang yun?

I walk, walk.. and just keep on walking 'till I saw Miyuki. Why is she here anyway?

And who's with her?

“wag kasi yan! Look! I'm doing this kasi may kasalanan ako! So okay? Wag ka nga dyan! Ako na bahala! Okay? Ngayong araw ko lang ito gagawin kaya wag ka aasang babalik pa ako sa bahay niyo! Yung mga designs na gagawin mo! Fine! Ako na gagawa just please! Wag ka naman ganyan! Magagalit boyfriend ko eh!”

Is she cheating?

No she won't do that. What am I thinking? Of course she won't!!! she's my sister so she won't and I know her very well...

So is this the guy she was talking about the other night?

“Shizu??”

“AJ?”

“yeah! So naalala mo pa pala ako? Haha”

Sinong makakalimot sa madaldal na kaklase? Tsk

“so what are you doing here? Anong binibili mo? Bibili ka ban g food sa bahay niyo? Ah sino pala yung tinitignan mo kanina? Girlfriend mo? Ay hindi pala! Nakita ko kasi dati... yung kapatid mo yan diba?”

Nevermind her shizu!... - ___ -

Tsk.. where's Miyuki?

O'cmon!!

this

“look! Kung hindi ka nagdadada dyan edi sana nasundan ko na siya!”

Irritating!

“eeeh??? Galit ka? Sorry na sorry.. kasi na excite lang ako ngayon lang kasi ulit kita nakita.. sorry sorry”

Ignore her!

Psh

REX'S POV!

(syempre mahal ko yan eh ex ko yan sa FB XD. HI EX!!!)

“hoy lavi na pangit! Nakita mo na?”

“pangit ka dyan! Mas ka naman!”

“oo mas talaga ako! Mas gwapo!”

“loko mamaya na nga tayo magtalo! Hindi mo pa din nakita?”

“hindi eh.. san nab a napadpad yung gadget boy na yun..”

Naglalakad kami ngayon nitong kapatid kong piling gwapo. Syempre mas gwapo kasi ako kaya siya piling gwapo lang. :D

“Lavi tignan mo yun”

“si Hime galing mo!”

“syempre! Gwapo eh”

“anong connect? Hahaha”

“mambara pa sige! Loko ka! Itapon kita sa swiping machine eh!”

Nagtago kami kaagad ni Lavi dun sa kabilang side!

“sino yung kasama niya?” tanong ni Lavi

“aba malay ko! close ba kami? Sa gwapo kong to! Asa naman nuh!”

“leche! Sino ba yang lalaki na yan? Si Lance lang yung pwede! Wag na dumagdag yan! Pasado na si Lance satin eh!”

“tama ka dyan! At oi! Tignan mo oh! may gitara pa! haha pilay naman!” sabi ko

Tama pilay! May bandana kasi yung braso niya

Teka

Nagtinginan kami ni Lavi

“pilay?” ulit naming dalawa

“gwapo ako” sabi ko

“tanga!!! Seryoso muna tayo”

“sige sige seryoso pala sorry naman”

Di mo lang tanggap na mas gwapo talaga ako >:))

“okay na to? Sigurado ka? Yung kapatid mo ba? Akala ko ba may kapatid ka?”

“oo para sakanya nga lahat ng to”

“eh?? Paano ikaw???”

- ____ - ?itsura ni Lavi

Lalong pumangit eh! Hahahaha

“iba nararamdaman ko sa lalaking yan! Baka magkagusto kay Hime!”

“oo nga!”

Nakiki-oo nalang din ako kahit wala ako nararamdaman

Ano ba feeling? Di ko alam dyan sa kasama ko..

Nalingat lang ako sandal.. nakita ko naman itong si Shizu

“hoy kita ko na din yung isa” sabay kinalabit ko pa siya haha

“woah! Tignan mo may babae na sumusunod kay Shizu” sabi ko pa

“Hindi nga?”

“tignan mo kasi!”

At ayun napalingon ko din siya kay Shizu

“oo nga nu! Oi maganda! Lokong Shizu to ah! Kaya siguro text ng text at laging hawak ang laptop!”

“siguro nga” saka ako tumango

Pagtingin ko sa lugar nila Princess...

Okay? Nasan na sila?

“HOY LAVI! Nawala na!”

“aish!!! IKAW KASI!”

“sira! Hindi ako! Si Shizu sisihin mo!”

“oo sige si Shizu nalang sisihin ko!!”

Tapos inikot namin yung supermarket!

Kaso wala na sila...

Bumalik kami sa sasakyan...

Wala na talaga -___-

Palaisipan saamin..

Sino yung lalaki na yun?

“hindi dapat malaman ni Lance to! Baka i-break niya yung kapatid natin! Pangaralan mo si Miyuki mamaya Rex!”

“hala? Bakit ako! Baliw! Ikaw nalang kaya! Ikaw nakaisip”

“nyemas naman to! Ikaw matanda! Ikaw dapat responsible!”

“bakit ba kasi tayo nangingialam? Malay tumutulong lang yung tao?”

Pilay daw eh... ang pagkakatanda ko sa kwento ni Shizu nung isang araw napilayan daw ng braso yung nakasapo sakanya!

Edi siya yun?

Kawawa naman princess namin...

Wala lang kasi kami magawa ni Lavi kaya sinundan namin siya.

At dinamay lang namin si Shizu.. alam kasi namin na maiirita yun kapag sinama namin. Kaya sinama namin siya para mairita siya.

Nasa sasakyan kami ng Makita ko si princess...

Parang naiinis nga siya sa lalaki. Wala naman ata siyang ginagawang masama?

Wala naman..

Oo wala naman kaya wala kami dapat ipag-alala

Ang laki kaya ng tiwala namin kay princess! Ang bait bait niyan eh :>

Natripan lang talaga namin magpaka-spy ^__^v

Gwapo ko eh.!

Bago manghusga dapat kinikilala muna ang isang tao

Bago mo siya sabihan ng masama, dapat talagang kilala mo na siya

Hindi naman kasi sa tagal ng panahon nakikilala ang ugali ng isang tao

Pwede namang kahit sa isang oras lang makikilala mo na siya kaagad!

Basta ba totoo siya.

Wala sa tagal ng pinagsamahan ang pagkikilanlan.

Minsan nga dyan pa nasisira ang magkakaibigan, kasi akala nila magkakilala na talaga sila, yun pala hindi pa!

Ganun din sa relasyon. Sabi nila mas maganda kung mananatiling may misteryo sa isa't isa. Para daw exciting! Para daw hindi kayo magsawa.

Pero minsan dito din nasisira ang lahat: sa pagiging MISTERYO.

Sa pagtatago ng mga bagay bagay na dapat hindi naman talaga itinatago.

Chapter 8.2: Lance Erick Tamayo (part 1)

Jade Louise's (JL) POV

"texting this early? Now that's---"

"who cares"

>:(kairita tong Lance na to! Di nanaman ako pinapatapos magsalita. Well anyway as if I care

We're friends, yeah. But not that close.

"so sino naman katext mo? Don't tell me si Miyuki? Matatawa ako pag siya nga" I said with sarcasm

"well ask yourself" he said smirking

>:(

"you see Lance... I know something"

"what?"

"I think.. that was last night... I saw your car..."

"so?"

"and you're with someone"

"so what now?" he said as if he's challenging me >:(ghad Lance! You don't know me!

"was that girl... your ----"

"how are you and Jake?" he asked to distract me!!! Ghad

"kayo ni Jake?" he asked once again

"like hell that would happened" I said then bit my lower lip

"why not?" he placed his phone on his desk

“he’s not over with----...”

“with whom.. with—“ I know he knew, so don’t ask me as if you don’t!

“don’t act as if you do not know something Lance Mariano.... Kahit na hinabol habol ko pa siya.. wala na talaga.. welll then... take good care of you Mi-Yu-Ki... you know what.. someone might attack her.. and steal her away from you”

Tumayo ako.. and left him speechless

We saw something Lance...

We saw it....

But we don’t have any proofs yet.

So be careful...

Jake might take away your most precious woman..... Miyuki

Sharlot’s POV

Kainis! Pati ba naman phone number sa bahay alam? Stalker ko ba siya? Kainis ah!

At dahil dyan! Ano pang magagawa ko kundi sundin ang sinasabi niya! Oo na! kasalanan ko na! so wag na niya ako konsensyahin ng konsensyahin pa!

At oo! Magluluto na ako ng magluluto sa apartment nila!

Lance wag ka naman sana magalit kapag nalaman mo ito. Pero ayaw ko ipaalam kasi tiyak! Patay ako kay Lance eh. Kasi naman kung di lang ako nakonsensya!

Papunta na kami ngayon sa apartment nila.

Walang umiimik saamin. Paano ko nga naman kasi kakausapin ang taong may nakasaksak sa tenga diba? Maawa naman sana siya saakin at paalisin ako ng maaga

May klase pa kami mamaya eh

Commuter lang talaga siya. Hindi siya tulad ni Lance na galante , isa din siyang likas na walang galang sa babae! Saka... may itsura din. Dala dala niya parati gitara niya kahit saan magpunta. Isa siyang musician? Adik ba ako? May banda ata sila?

Siguro? Malay ko naman diba?

Tumayo siya...

Teka dito na ba? Tumayo na din ako at bumaba na sa bus

Hindi man lang sinasabi na dito na!

Sinusundan ko lang siya...

Lakad lang kami ng lakad...

Napatingin ako sa mga tao...

Katakot dito >___<

I mean hindi naman gaano pero yung tingin kasi nung mga babae! Akala mo naman may masama akong gagawin sa Erick na ito!

“sikat ka ba dito?” tanong ko

Di niya ako pinansin

Nakalimutan ko! may nakalagay pala sa tenga niya!!! Hmph

Huminto siya sa isang building na may gate. Hanggang anim na floor lang siya...

Binuksan niya yung gate

“ah dito na ba?”

“ano sa tingin mo? Bus to?”

Sa wakas! Nagsalita din!!!

And note ako ang nagbibitbit ng mga pinamili!

Ako na ang alalay! AKO NA TALAGA

Umakyat kami hanggang sa dulong floor!!!

Sakit sa paa ah! Walang elevator? Tsk

Okay naman yung lugar madaming umuupa dito. Malinis naman siya at mukhang kilala siya lahat ng mga nakatira dito?

Kasi naman!!!

“hello Lance.. kumusta ? sino siya?” ang taray ng tingin saakin ng babae na to

Pero nilagpasan lang siya ni La—este ni Erick! Bakit kasi Lance tawag sakanya eh!

Pagpasok namin sa apartment nila...

Ahm...

Paano ko ba idedscribe?

Maganda....maayos....

At...

Walang gamit - _____ -

Meron naman pero kakaunti lang.. I mean.. malaki yung space pero.. walang gamit dito sa parang sala??

At may dalawang pintuan.. baka kwarto nila

Ang pagkakatanda ko kasi.. may kaptid siya...

“Eris???” tawag ni Erick

Eris? Nice name...

cough cough

Tama pumunta pala ako dito para ipagluto ang kapatid niya..

May lagnat daw kasi kapatid niya...

Kaya tutulungan ko siya.. kesa naman kinakain ako ng konsensya ko...

Eris... maganda kaya? Kasing gaspang kaya ng ugali niya ang kapatid niyang si Erick?

Hwag naman sana >____<

oo! Nandito ako sa apartment nila T____T
at may kapatid siya

yung kapatid niya nakahiga pa din sa kama.

“okay ka lang?” tanong ni Erick...

Mabait siyang kapatid.

And in fact nagulat ako nung pagpasok ko sa apartment nila, silang dalawa lang ang nakatira. I mean.. nasaan ba yung parents? And the fact na..... saan sila kumukuha ng gastusin?

Kambal sila...

“okay lang ako kuya... nanghihina lang”

“sure?”

“oo naman”

“hala ate ako nap o magluluto” bigla siyang tumayo

“Erin! Mahiga ka lang dyan” suway naman ni Erick

So Erin pala ang pangalan niya? Kanina pa kasi ako di nagsasalita dito. Basta pag pasok namin dito gulat na ako.

Chapter 8.3: Lance Erick Tamayo (part 2)

“Eris?” tawag uli ni Erick sa kapatid niya

“K-kuya?”

Naglakad si Erick papunta sa isang pintuan

Kumatok siya...

“papasok ako ah?”

“ah! Teka wag.. magulo kwarto ko kuya”

“umiiyak ka nanaman ba?”

“OI! HINDI AH!”

Si Erick ba talaga ito? Ibang iba yung Erick na pinapakita niya saakin eh. Este sa kapatid niya pala

“hoy.. ikaw.” Saka ako tinuro

“bakit?”

“dun yung kusina” saka pa niya tinuro yung isa pang pintuan

Maluwang dito, naglakad ako patungo sa tinuro niyang pintuan.

“Lance???”

Mula dito rinig ko pa din yung dalawa, katabi lang kasi nitong kusina nila yung kwarto.

Nilapag ko yung mga pinamili namin. **ANG GANDA KO PARA MAGING KATULONG LANG NITONG ERICK NA ITO!**

Tumingin ako sa relos ko, haist 11am na pala.

Tinext ko si Kysler para tanungin kung anong ginawa nila. Malay ko ba kung may graded recitation o kaya naman surprise quiz! >__<

Nasaan ba yung kutsilyo dito? Para maumpisahan ko na magluto!

“Erick???”

“nasan na yun? Kala mo naman alam ko pasikot sikot dito ah!”

“narinig ko yun ah” napatingin ako sa likuran ko. si Erick - ____ - at mukhang ayos naman? Hindi galit?

“Nandito lahat ng kelangan mo, mga seasoning naman nandun banda. Saka pa niya tinuturo kung nasaaan ba.”

“nasaan yung kapatid mo?” tanong ko

Kung di lang naman niya mamasamain ang tanong ko diba? Di na ako nag eexpect ng sagot baka di nanaman ako kibui----

“nasa kwarto niya, ayaw nanaman lumabas.”

“eeeh? Bakit?”

“lagi siyang ganyan nakakasawa na nga. Kung hindi ko lang siya kapatid tsk”

“hoy wag ka naman magsalita ng ganyan. Malay mo may problema”

Maging kapatid ka ba naman niya. Talagang mamromproblema siya! Buti nalang hindi ganyan mga kuya ko.

“ewan ko dyan. nag iinarte nanaman.”

“LANCE LANCE! KUYA LANCE!!!”

“teka lang ah” paalam niya

Aba at nag paalam siya? Siya nga ba talaga si Erick? Nawiwindang ako SWEAR!

Pero mabuti na din yung ganun kesa naman ini-snob niya ako haha

Anyways, si Lance kaya? TT____TT gusto ko siya Makita naguiguliy kasi ako!

“ikaw ba yung girlfriend ni Lance?” napatingin ako sa pinanggalingan ng boses

“girlfriend???” baling ko sa tanong

“ako nga pala yung tumawag kagabi..so ikaw ba ang girlfriend?”

Ang taray niya magtanong >__<

“Oo?” bigla kong sagot

“IKAW ANG GIRLFRIEND NG KAPATID KO???” gulat na may halong tuwa yung mga mata niya

“hah???”

Hinawakan niya pareho ang mga kamay ko

“a-ano yun?” tanong ko

“girlfriend ng kuya ko” nakangiti pa siya

“hala.. hindi... hindi... mali”

“ay” sumimangot siya na para bang disappointed siya

“bakit mo nga pala natanong? Classmate lang ako ng kapatid mo saka baka kung anong isipin mo kaya ako nandito ah. Ako kasi yung may kasalanan kung baki---“

“kung bakit nabali ang braso ni kuya?”

TT____TT

“ano ka ba! Hayaan mo si Lance , mabait naman yang kapatid ko hindi lang halata kapag una sweet yan. At pag di ka niya talaga kilala sinusungitan pero kapag---“

“Eris!”

Kapag tinatawag niyang Lance si La—Erick nalilito ako. Parang si Lance lang din tinutukoy ang pagkakaiba hindi naman mahilig sa music si Lance. Ata?

“hoy Lance wag mong susungitan si...si....ano kasi pangalan mo?” tanong niya saakin

“ah..miyuki” nakangiti kong sagot

“ayun! Si Miyuki! Magaan loob ko sakanya ...kaya Lance” lumapit siya sakanya at saka may ibinulong

“A-ADIK KA BA??? H-HINDI KO YUN GAGAWIN!”

“haha sabi mo eh..edi maniniwala nalang ako...KUYA haha”

Pansin ko lang ah.....

Hmmm

“Kambal ba kayo?” tanong ko

“hindi” sagot ni Erick

“oo kambal kami kaya nga di ko tanggap na siya daw ang kuya at ako ang bunso... ahm... ay Miyuki.. tulungan na kita magluto...”

“hayaan mo siya” saka umalis na si Erick

“HOY LANCE! Grabe to... hayaan mo lang siya sinusumpong hehe. Hindi naman ganyan si Lance.. mabait yan... palabiro nga yan at mapangtrip eh. As in grabe kung mang asar!! Parang walang bukas. Pero kapag ganitong may bisita hindi yan namamansin. Nahihya siguro? Ang sungit din niya kapag sa una”

Oo nga sinabi mo nay an kanina :) hahaha madaldal siya compared to Erick ah. Kambal talaga sila? HINDI NGA? Weh?

“parang defense mechanism ata niya yun? Hehe..naloko nay an ng babae noon! Grabe lang yung babaeng yun! Panira sa image ng mga babae! Sarap sana sabunutan.... Oi oi balik ka dito ah?”

Pinapaalis na niya ba ako? Balik daw ako eh hahaha. Nakakaloka siya

“nanahimik ka dyan.. masyado nab a ako napapadaldal? Hala! Sorry alam mo kasi wala ako masyadong ka-close kasi si kuya parang pinagdadamot ako sa mga tao. May sakit kasi ako”

“sabi nga din ni Erick may sakit ka daw...” lagnat lang diba?

“ayaw ko din kasing masaktan yung mga taong mapapalapit saakin hehe... pero alam mo ba...ay hehe wala pala.. nahiya na ako bigla haha”

Pagkatapos namin magluto, umalis na din ako. Si Eris ang bait niya talaga. Kapag bumalik man ako dyan na imposible at least!!! Nandyan si Eris at na eentertain naman ako

riing riing

Lance calling

Yieeee si bah!!!

“hello bah?”

(di ka pumasok?)

“ah! Papasok palang ako bah”

(date tayo)

“eh?”

(date tayo... san ka? Sunduin na kita)

Nandito na ako sa may tapat ng seven eleven... malapit na din naman ako sa school eh^^

“wait mo nalang ako dyan bah... malapit na din ako eh”

(susunduin kita... para di ka na mapagod)

“sweet ah! Haha... I love you talaga”

(I know... san na?)

“sa 7-11 bah... sige hintayin nalang kita dito.. yung dun sa bandang kanan ng university ah”

(okay...wag ka kakausap ng mga lalaki dyan.)

“yes sir ^^”

toot toot

riing riing

Grabe itong cellphone ko ah! BUSY much? Daming tumatawag haha

“hello?”

Unregistered number siya

(miyuki hello.... Haha ako ito si Eris... pwede na ba kitang maging friend??? Kasi nakaksawa si Kuya eh..
yayain sana kita lumabas after ng klase mo kung pwede lang naman)

“ah kasi may gagawin ako eh >___<”

(ay date ba yan???)

“parang hehe...”

(ay wala na pag asa ang kapatid ko? ECHOS lang!!! hehe.. sige sige ingat ka ah... edi punta ka nalang dito
bukas ulit.. please please???)----- HOY LANCE ano ba nang-aagaw ka nanaman ng cellphone!!!-----)

Hala

(talagang babalik ka dito.. katulong ka namin hanggang gumaling ako!)

toot toot

Ka-katulong???? TT____TT

Akala ko pa man din mabait na siya!!! Ang bait bait ng pagkakadescribe ng kakambal niya!!!

Tapos ay naman katulong daw?? TT____TT

“feeling blue? Tsk” tumabi siya saakin

Ngumiti ako sakanya

Hinalikan niya ako sa pisngi

“pumapangit ka pag nakasibangot... so smile”

“che! Pangit ka dyan ganda ko kaya! Sabi ng mga kuya ko^^”

“kahit naman pangit ka... ikaw pa din naman mamahalin ko” saka siya ngumiti

O

Wag ka ngumiti! Kinikilig ako!!

At aba? Marunong na siya bumanat ah?

“yieeee ikaw Lance ah!” saka ko pa siya bahagyang tinulak ^^

“sadista tsk - ____ - kelangan nanunulak?”

“Sungit mo!”

Ah basta may date daw kami eh^^

Date date date....

Ano nanaman pakulo niya..namiss niya ba ako? Parang kagabi kasama ko lang ah? Hehe...

Wala na yung every Tuesday namin! Naging araw araw na!!! hahaha

Lance Erick Tamayo... at Nathan Lance Mariano? Hahaha parehong masungit pero.. MABAIT ANG LANCE KO AH^^

Nakakaloka! Sana wag na nilang tawaging Lance si Erick!! >__<

Si Erick... mabait kaya yun???

Ah basta!! DATE!!!

Date with Lance muna ako! Hayaan ko na yang katulong thingy nay an! TT____TT

Si Lance lang iisipin ko..

Kasi may date kami ni Lance *O*

Yippiee!!

Chapter 9: Mga Banat ni Lance Mariano (part 1)

Naglalakad kami at nakaakbay siya saakin.

“no car today?” tanong ko

“ayoko, gusto sulit ang araw”

“sus! Masyado ka naman, di ka nagsasawa saakin?” tanong ko

“Why would I? nakakasawa ba yung babaeng laging kinikilig dahil saakin?”

“ayieeee! Ikaw Lance ah! Kelan ka pa naging ganyan?”

“since I dated you?”

“weh? Di nga Lance?”

Naglalakad lang kami, tapos yung nakaakbay niyang kamay ngayon nakahawak na din sa mga kamay ko

“Lance.. subukan mo nga magpaka-corny? As in yung super duper corny kahit ngayong araw lang hehe”

Tinignan niya ako with confused-look pa saakin hehe

“napanuod mo ba yung Amnesia Girl?” tanong ko

“no.. bakit naman ako manunuod ng ganun? I’d rather watch basketball, football and tennis than---“

“ito naman! Kasi madaming banat dun! Yung tuland nung mga—“

“banat?”

“oo ^^ yung tipong bola ka ba? Kasi---“

“ah gets...”

“ano ano? Dali na dare! Dare! Dare! Please??? Bah?? Please???”

Di na siya umimik

“is that a no no???” yung tipong disappointed ang pagkakatanong ko ng makonsensya siya! Aba hindi ako pumasok para lang mag-date kami ah ^^

“pag-iisipan ko” sabi lang niya at saka nagpatuloy maglakad,

“wag mo na pag-isipan Lance! Dali na kahit ngayong araw lang ^^”

“nah.. don’t wanna”

Amp naman itong si Lance eh! Ang hirap pilitin!!! Eeehhh naman kasi!!!

“nakakatampo” I whined

“tsk...” huminto siya at nagpunta sa harapan ko

“oh?” tanong ko na parang nagtatampo

“fine.. but in one condition!”

“sus may condition pa oh.. sige wag na lang labag naman sa loob mo eh” makonsensya ka! Pumayag ka kasi! Dali dali hahaha

Sarap niya talaga sungitan kahit kelan!

Kasi ang masungit galit sa kapwa masungit kaya magagalit yan sa akin hahaha

“I’ll do that in one condition, now if you don’t want my condition then... my answer is a big NO”

“pffft Lance naman eh!”

“then no” sabi niya saka akmang maglalakd na at iiwanan ako >__<

“oo na sige na! ano ba yung kondisyon mo?” for the sake na magpapakacorny siya ng buong araw!
Hahaha

Kasi naman eh. Gusto ko siyang corny lang ngayong araw! Tanggalin natin yung pagka-cool niya! Though corny na siya talaga minsan ng di sinasadya pero mas gusto ko kung magpapaka corny siya! Kasi kasi nakakatawa yun haha

“anong kondisyon mo Lance?”

Humarap siya saakin ulit.. hinila ako sa may tabi ng fountain! Oo may fountain nga (eengot engot nanaman si Aril hindi nidedescribe ang place madaling araw na kasi XD)

Umakyat at tumayo siya sa gilid ng fountain....

Napatingin ako sa paligid....

Bakit ba kahit saan kami magpunta? Ang daming rose? I mean may part dito na puro bulaklak at ang daming rosas doon...

Tapos...

“hey” tumingala ako para Makita siya...

Naka-uniform pa pala ako...

Yung mga tao nakatigin sakanya... kay Lance

“this is my condition”

“ano na? daming patagal ah” I said na parang naiinip na! aba gusto ko na siya magpaka corny! Hahaha

He looked at me then smirked.. maybe he’s thinking about something again.. >___<

Pagtritripan nanaman ba niya ako??

Hala! Di bale na nga!!! Di bale na talaga...

Mas malala naman sakanya! Papaka-corny siya hahaha excited ako^^

Inabot niya saakin yung kamay niya, “come here” sabi niya

Ano nanaman kaya gagawin niya?

Edi ako itong si sumunod naman.

“now sing” bigla niyang utos!

“hah? dito? A-ayaw ko >___<”

“kakanta po yung girlfriend ko!” medyo malakas niyang sabi kaya naman nagsilapitan ang mga tao dito sa lugar na ito

“hala naman Lance!!!” >___< tapos tumingin siya saakin saka ngumiti

“eeeeeh Lance!!!”

“kakanta ka o sasayaw ka?” TT___TT

Kakanta na!!! eto na!! kakanta na talaga ako... teka anong kanta?

“L-Lance anong kanta?” napalunok ako.. kasi pagtingin ko sa harap ang dami ng tao TT___TT nahihiya na ako eh

Bumuka yung bibig niya at saka.....

“may rabbit may rabbit sa ilalim ng tulay. May rabbit may rabbit may rabbit may rabbit, may rabbit sa ilalim ng tulay”

Eh???

- _____ - <---ako yan

Yung mga tao nagsitawanan lang... saka sinasabing: “cute naman”

“LANCE!!!”

“she’s a rabbit” turo pa niya saakin saka nakatingin siya sa mga tao sa harap!!!

“cute nila nuh?” narinig ko sa bulungan nila >___<

“di po ako rabbit pasensya na po tinotopak ang boyfriend ko” saka pa ako yumuko.

“now sing, nauna na ako kumanta kaya ikaw naman” bulong niya saakin

Naman eh >___<

Pero sige na nga...

Siguro ito din ang unang beses na kakanta ako? Kaya... I will dedicate this song to him ^^ . Ito din ang unang beses na kakantahan ko ang isang lalaki! Never ko ito ginawa kay Jake noon eh

Yung mga tao parang nanunuod lang ng isang show...

Nahihiya ako...

Pero bakit ako mahihiya? Sabi nga sa bulong bulungan nila:

“ang gwapo naman ng boyfriend niya”

Naririnig ko yun kaya naman hindi ko ikakahiya ang gagawin ko! aba ang boyfriend ko ay gwapo at sumpungin! Haha. Matalino at sporty type!^^

Humarap ako kay Lance.. hinawakan ko yung parehong kamay niya..

Saka ako nagsimulang kumanta

“Oh boy, I love you so
And I will never let you go”

Kita ko bigla siya nag blush. How cute haha

“Cause you mean everything to me
I just wanna let you to hold me in your arms”

Hinigpitan niya yung hawak saakin

“Forever I love you so
And I will never let you go”

Ganun din naman ako

'Cause you know
You're everything I want
Everything I need
Everything to me”

Yeah... ito ang pwede kong i-dedicate sakanya ^^

“I can't wait for the time when
We'll walk the aisle together”

After graduation diba? sabi mo yan diba?

"Can't wait to say the words

"I do"

"I love you more than you'd ever imagine

And I feel that you love me as much as I do"

Formal proposal lang Lance... ^^

Naghihintay lang ako sa formal proposal mo!

"I'm singing

Oh boy, I love you so

And I will never let you go"

Pero ayos lang yan makakapag hintay naman yan eh kasi di kita pakakawalan!haha at sisiguraduhin kong wag ka magsawa

"Cause you mean everything to me

I just wanna let you to hold me in your arms"

I trust you Lance

Kasi

"Forever I love you so

And I will never let you go

'Cause you know

You're everything I want

Everything I need

Everything to me"

"Cause you know

You're everything I want

Everything I need

Everything to me

Cause you know

You're everything I want

Everything I need

Everything to me"

Pagkatapos ko kumanta...

Ngumiti ako sakanya...

Bigla niya ako niyakap..

Narinig ko yung mga tao nagpalakpakan...

And then may binulong si Lance: “nahihiya ako bigla”

Tumingin sa siya may part kung saan walang makakakita sa mukha niya

Ayieeeeeee!! Kaya naman pala! Kamatis na si BAH!!! hahaha

Hinawakan niya yung kanang kamay ko tapos....

“kyaaaaaaaaah” bigla siya tumalon at sinama ako!!!! TAKBO KAMI KAAGAD! Hahahahaha

“nice one pare!” sigaw ng isang lalaki doon

Rinig pa din yung hiyawan nung mga nakapanuod sa eksena namin haha

“sweet nila” naririnig ko pa din mga taong nasa paligid >///
<

Edi kami na nga kasi ang sweet

Hehe...

Si Lance kasi eh...

Pero mas natutuwa ako sa reaction niya eh!

As in PULANG PULA KASI SIYA KANINA!!!

Ayieeee

Natutuwa ako^^

Ah basta magpapaka-corny siya mamaya! I did may part so turn na niya! YEHEY!! ^^

Chapter 9.2: Mga Banat ni Lance Mariano (part 2)

Huminto kaming dalawa, medyo nakakalayo na kami sa fountain. Grabe natuwa naman ako kay Lance. Masyado siyang namula kanina.

“bakit ko ba kasi pinagawa yun?” naarinig kong bulong niya

“Bah! Kinilig ka nuh? Umamin ka. Yieeee kinilig siya kanina haha” pagtritripan ko siya! Haha

“not really”

“weh? HINDI NGA? Haha”

“tsk, oo na -___-“

>///< <----ako

Aminin daw ba? ^^

Teka wala nab a kaming ibang gagawin kundi maglalakad nalang?

“Lance? Ayaw mo ba umupo muna?” sabay turo ko sa may loob ng fastfood chain

Narinig kong bahagya siyang tumawa

“gusto mo lang kumain” halata naman sa mukha niyang nagpipigil siya ng tawa >///<

“oo na! edi ako na nga kasi ang gutom pfft” gutom naman talaga ako eh. Pasimple nga lang pero nakakapagod naman kasi talaga yung ginawa namin na pagtakbo kanina. Siya kasi ayaw pa ipakita ng mukha niya sa mga tao kanina. Kamatis kasi siya. Sarap niya kurutin!!!

Pinulupot ko yung kamay ko sakanyang braso at saka ko siya hinila sa loob. Aba gutom na ako! Haha

Nasa harapan na kami ng counter at oorder na. at ang waaah! Ang lokang babae sa may counter ang lagkit ng tingin kay Lance! >____<

Wag mo siya titignan akin na siya! May kasama siya oh! hello? Kasama niya ako >__<

“what do you want?”

Napatingin ako sa nagtatanong na si Lance... tumitingin siya sa mga nasa pagpipilian

“sir, if you want po may bago po kaming labas sa menu at---“

“Sharlot. Anong gusto mo?”

Medyo natauhan na ako. Sagabal kasi yung nasa counter eh..

“hmmm. Kahit ano naman ayos lang saakin” sagot ko saka ako tumingin ng direktso dun sa babae

“ah.. you like burger? Do you want ice cream? Spaghetti? Or....”

Napatingin ako kay Lance siya naman nakatingin pa din sa mga pagkain na nakalagay sa menu

“me instead” he continued without looking at me

Eh?? A-ano daw??? Siguro namimilog na yung mata ko.

Wait! Nag uumpisa na ba siya sa mga banat niya? >///
<

At sa harap pa nitong babae? I love it! Haha

“adik ka talaga Lance!” sabay hampas ko pa siya saka yung tipong may tawa ako haha. Inaasar ko yung babae sa may counter ihh! Haha

“mag-oorder po ba kayo o maglalalandian? Sir, Maam?” - ____ - aba!

“Ah an----” di ako pinatapos ni Lance magsalita “sorry for that miss, bigyan mo ko nun, yun, yun pa, pati na din yun, magsama ka na rin ng ganun... saka dagdagan mo yung toppings nitong ice cream.. tapos yung burger pa... yun pang fries.... Don’t give her soda, water is enough and----” blah blah blah. Nangaasar ata si Lance eh? Kasi puro turo lang talaga siya dun sa menu sa itaas kaya naman itong si Miss counter ay tumitingin lang sa mga tinutruo ni Lance grabe ang sakit sa leeg niyan ah! Haha

“ang mean mo!” sabi ko kay Lance nung makaupo na kami

“hindi mo naman kasi ako gamit para ipagdamot” nagtataka ako sa sinabi niya

Hah? pinagdadamot? Gamit?

“kasi di na kailangan, iyong iyo na ako” saka niya kinuha yung cellphone niya at nagtext

Eeeeeehhhh???

Hahahahaha

“bumabanat ka na pala!” natatawa ako nung sinasabi ko haha

“tsk not really” he said saka niya hinawakan yung kamay ko. magkaharapan kami ngayon eh. Nilalaro niya yung mga daliri ko >///
<

“ang payat ng mga daliri mo” sabi niya

“oi hindi naman ah!”

“maliit, tamang tama siya sa kamay ko” saka niya ni-entwine sa kamay ko

“eh Lance yang kamay mo medyo malaki”

“ganun talaga, sayo kasi maliit.. the ring I bought will perfectly fit on you”

O__O

Hah? ano daw??? R-ring daw???

“forget about that” saka siya nagkamot ng ulo

“may binili kang singsing Lance??? Eh paano ito???” saka ko pinakita yung suot kong sing sing na nakalagay sa ring finger ko, medyo maluwag siya pero sinusuot ko pa din kasi ito yung sing sing ni Lance at ito yung binigay niya saakin nung nasa bahay pa nila ako, I mean nung nagkasakit siya at inalagaan ko siya.. yung unang propose niya na informal...

Pero ring daw??? Hindi naman kaya-----

“ehem.... Ito na po ang order niyo....” Inalis ko yung kamay kong naka patong sa lamesa at Saka niya inilapag ang sangkatutak ng pagkain dito!

Hala! Ngayon ang problema? Paano namin ito kakainin na dalawa? @__@

“ice cream” nakangiting alok niya, kinuha ko naman yung inaabot niya saakin

“ikaw Lance? Anong kakainin mo dyan?” sabay turo ko sa mga food”

“hmmm” humawak siya sa chin niya at tinitignan ang lahat ng mga pagkain

Hirap siya pumili ng pagkain? Haha ang cute naman niya ^^

“ahm Lance heto nalang oh” inabot ko sakanya yung fries

Nagpout siya...

Okay...

“ayaw mo?” tanong ko..

Hala parang bata si Lance >///
<

“I want that one” saka niya tinuro yung ice cream na kinakain ko

“hala?? Ayaw akin to eh >___<”

Kinuha niya yun kahit bawas na! hala naman! Ineenjoy ko pa yung vanilla flavor eh!

“bakit mo kinuha?” stupid question

“kasi parang gustong gusto mo” he answered casually

“eh gusto ko nga yan eh... ineenjoy ko pa”

Tumingin siya saakin ng seryosong tingin

gulp dapat ba hindi ako nag tantrums?

“ayokong may nagugustuhan kang iba kesa saakin”

- ____ - <----itsura niya nung nakitang NR lang ako

“anong mukha yan?” tanong ko

“kasi wala kanamang mga reaction sa sinasabi ko tsk” saka siya sumubo nung sa ice cream

“ang cute cute cute cute mo talaga Lance” sabi ko habang kinukurot ko siya

“tss” kumuha nung sa fries at sinubo saakin

Habang kumakain kami at hanggang matapos kami kumain, wala na akong narinig na mga banat. Eh kasi hindi ko naman alam irereact ko sa mga banat niya? Mukha siyang seryoso eh! Parang pag i-cocompare mo siya sa natural na banat... hindi mo naman masasabing waley kasi bigla bigla naman kasi siya babanat ng seryoso ba? Yung sanay ka na?

T____T

My ghad Lance.... Hindi ka ba magpapaka corny? Yung pinoy banat talaga? Yung tipong. Tumangkad ka ba? Kasi dati hanggang sa baliklang kita pero ngayon nasa isip na kita...

Kaso Malabo T_____T

“balik po ulit sila sir, maam” naku yung babae nanaman. Ngintian ko nalang siya kahit parang ang laki ng galit niya saakin haha

Pagkalabas namin yung mga dala dala naming ibinalot na pagkain, oo pina take-out nalang namin, kasi naman sino makakaubos lahat nung inorder niya? Tsk...

Lakad lakad nalang kami ulit.. tapos may nakita si Lance na mga batang naglalaro...

Nakatayo lang ako dito at si Lance? Ayun nilapitan ang mga bata, ibinigay niya yung mga dala dala niyang pagkain

Wow...

Lumapit ako kay Lance

“wow bah! Mahilig ka sa bata?” tanong ko

“somewhat, lalo na kung may sarili tayong baby, I’m sure kahit madami pang baby yun, basta anak natin”

O__O...>///
<

“b-baliw!” saka ako tumalikod sakanya

Inakbayan niya ako ulit...

Naglalakad nalang kami sa... hindi ko alam kung saan patungo.

Ang dami naming nadadaan na magagandang shops, mga batang naglalaro..mga couple at madami pa... yung lugar maganda din...

“nakikita mo yun?” turo ni Lance sa isang maganda, malaki, at basta! Ang gandang bahay

“oo.. ang ganda” I praised

“hindi man maging ganyan ang bahay natin, ayos lang kasama naman kita” he said smiling

Waaaaaaaaaaaaah >///
<

“ikaw Lance ah...” I said hiding my face

“oh bakit?”

“wala naman...” >///
<

Bahay daw namin, kahit hindi malaki o maganda basta kasama daw niya ako haha

Wala naman kaming ibang ginawa kundi lakad lakad lang, pinapanuod yung mga nasa paligid. Ibang iba sa mga ginagawa namin noon...

“Lance cr lang ako ah”

“okay... “

“hinditayin mo na ako dito”

“sure?”

“yeah ^^”

Alangan naman isama pa kita sa CR! Haha

Nung natapos na ako mag cr, medyo malayo kasi ito sa lugar ni Lance.. nakita ko si Eris

“Miyuki? Ikaw nga! Akala ko ba may date ka? Hindi ka ba sinipot ng boyfriend mo? Mga lalaki talaga ngayon! Ang sarap ihampalos! Alam mo tand ako yung ex ko. grabe yun! Pinaiyak ako nun ng todo eh! Aba ipagpalit daw ba kasi ako sa mukhang pokpok na kung mag pose akala mo kung sinong kagandahan. Pero di ko sinasabing pangit siya, pero mas maganda ata kasi ako dun.”

“hindi naman sa hin----“

“tapos mga lalaki pa ngayon laging bad boy image! Akala ba nila nakakagwapo yun? Yung pandagdag lang sa collection ang mga babae? Aba aba, sarap sarap nila itapon sa ilog tapo----“

Pinutol ko na yung sasabihin niya

“kasama ko ang BF ko, nagCR lang ako” I explained :) ang daldal niya talaga haha

“wow! Kasama mo pala! Ang galing akala ko naman iniwanan ka na niya! Sayang gusto pa naman kita sa kapatid ko, ay hindi pala. Naku naku wag mo isipin sinabi ko ekek ko lang yun haha, alam mo na? gusto kasi kita ang bait mo kasi kaya gusto kita maging kaibigan, okay lang naman yun sayo diba? Mabait ka naman eh. At saka.. nasaan nap ala ang boyfriend mo patingin naman ako dali”

“ah sige.. tara nandun kasi siya eh...” saka ko tinuro yung direction...

Naglakad kami papunta medyo malayo pa pero kita ko na yung likod ni Lance

“ayun siya oh” turo ko

“wow paran----“

“Loisa!!” pareho kaming napatingin ni Eris sa lalaking sumigaw... si Erick pala.. teka tinawag niyang Loisa si Eris? Ah baka second name? o kaya first name? ay ewan!

“bakit? Titignan ko pa yung boyfriend ni miyuki kasi para kilala ko lang ang boyfriend ng kaibigan ko diba?”

“uuwi na tayo, nabili ko na yung gamut mo kaya uuwi na tayo. Baka makasama pa kung mananatili ka dito sa labas” saka na niya hinila si Eris..

Hmm weird na magkapatid...maglalakad na sana ako tapos

“at ikaw! Wag mo kakalimutan katulong kita!” at tuluyan na nga silang umalis

I sighed

“Lance!” tawag ko at lumingon naman siya... tumayo na din siya at naglakad papunta saakin.

Tumingin ako sa watch ko, wow hapon nap ala! At hindi ako pumasok!

“you tired?” tanong ni Lance

“slight” sagot ko. kasi naman puro kami lakad pero ayos lang enjoy naman eh

“tara” yaya niya saka pa niya ni-clasp yung kamay namin at naglakad ulit buti pala naka flats ako ngayon!
Kundi kawawa naman ang aking paa.

Naka-park pala yung sasakyan niya dito woah haha...

At dahil pareho ata kami pagod sa kakalakad o baka ako lang, nakatulog ako. Kaya wala na hindi na naka banat si Lance T____T

Pag-gising ko sakto sa harap na kami ng bahay...

Naka-upo lang ako parang ayaw kong tumayo! Tinatamad kasi ako eh.

Napansin ko nakatitig lang pala saakin ngayon si Lance

“oh?” tanong ko

“sungit ah meron ka?”

“wala ah! >____<” bagong gising kasi!

“sige ingat pag-uwi ^^” paalam ko

Akmang bubuksan ko na sana yung pinto nang bigla niya ako hinila at saka saka...

Hinalikan

@__@

Halik kung halik ang matatawag ko dito!!! Mainit na halik! >///
<

Kasi naman

Nung kumalas na...

“si Bonifacio ka ba?”

“eh??? Bakit????” tanong ko.. loading eh! Di ko gets..

“ ‘cause i wanna 'andres' yOu”

O__O

>///
<

Itinulak ko siya at saka ako agad lumabas....

“ADIK KA!” sigaw ko

Pero tumatawa lang siya sa loob ng sasakyan niya

Aba at nakuha pa tumawa!!!

“t-teka! Hahaha.. hey! I said wait---hahaha”

“pinagtritripan mo ko Lance!”

“kasi yung reaction mo! Nakakatawa! Hahaha”

Mas nagugulat ako! Kasi bihira takaga tumawa itong si Lance eh! >///
<

“Sharlot, haha. Ang pula ng mukha mo!” he teased!

“nagsalita yung kamatis! Bahala ka dyan pinag tritripan mo nanaman ako”

“teka! Papasok ka na?” tanong pa niya nung papasok na ako sa loob

“OO! Bakit?” medyo pasigaw at kunyakunyarhang galit naman ako

“luuwi na kasi sana kita”

Napalingson ulit ako sakanya.. he’s still laughing

>///
<

“bahala ka na nga dyan! Naloloka ako sayo Lance”

“okay lang maloka ka, basta ako ang rason” banat pa niya

“ay Lance! Corny na!”

Mali! Kinikilig ako! Sakin lang siya ganyan eh! Hahaha

“corny na ba?” he seriously asked

“yup, why?”

“okay lang, hiling mo naman” nakangiti pa siya nung sumagot... kaya ngumiti din ako... tapos nag wave na..

“alis ka na! baka mamaya---“

“isama pa kita” tuloy niya! >///
<

“IKAW NA LANCE!!!”

“alam ko, ako lang”

Hah????

“ang alin???” tanong ko

“ang mahal mo.. “ tapos ini-start na niya yung engine niya

Ah shemay!!! Kinikilig ako! Yung ngiti ko!!! haha.. kasi naman itong si Lance eh!!!

Mula kay Andres bonifacio! Dun bumanat eh! Hahaha

“bye ingat” paalam ko

“I will, like how I care for you” pagkatapos rumagasa na yung sasakyan niya!

Ayieeeeeeeee natatawa ako na natutuwa eh! Si Lance ba yun? Haha sabagay yun nga naman kasi ang hiling ko eh haha

totoot totoot (tunog ng may nagtext yan!)

From Lance <3:

Nakangiti pa yan, :)
I love you too bah
---end---

Ahaha ang kapal talaga ni Lance!!! May too na kaagad di pa nga ako nag I love you!! Haha

Ang adik!!!

Naloka talaga ako sa mga banat ni Lance Mariano!

Oh! how I love this man talaga ^^

Minsan sa relationship, hindi natin namamalayanan na dahil satin nagbabago ang isang tao.
Minsan sa mabuti, minsan napapasama.
Pero sa case naman ng SHARLAN
Okay lang kahit magpaka-corny ka minsan.
Hiling ng shota mo eh! Edi gawin mo!
Eh ano ngayon kung corny?
Ano ngayon kung ganito, ganyan ang hiling ng babae?
Simple lang naman mga hinihiling, basta ba kaya

Simpleng bagay lang ang nakakapagpasaya sa isang relasyon

Mga simpleng bagay na nagpapatatag at nakakapagpatibay dito.

Chapter 10: badtrip lang

Kysler:

Natatawa ako kay Lance kahapon! Bigla bigla nalang nagtetext! Akala ko may kalokohan nanaman akong nalaman niya! Haha

Yun pala! Hihingi lang ng mga banat! Yung taong yun? Babanat? Ahahaha iniisip ko palang tawa na ako ng tawa!

Ngayon nandito ako sa harap ng ibang college/building may hinihintay ako.

“oi si Kysler yun diba?” nairinig ko yung mga bulungan ng mga babae, hindi ko alam kung bakit nila ako kilala, pero siguro dahil sa mga laban ng basketball sa iba’t ibang departments. Si Lance hindi sumali hassle na daw masyado yun kasi may soccer pa siya sa labas idagdag mo na yang napaka busy niyang course daming makakapal na libro na binabasa.

Nakasandal ako ngayon sa pader.

Ang tagal naman nun.

May klase na ako mamaya.. tagal tagal tagal tagal naman nung babaeng amazona na yun!!!

Itetext ko siya!!! Ang talino mo talaga Kysler! Ngayon mo lang naisip yan!!!

To: Monster

Oi monster, san ka?

-end-

“hello Kysler” bati nung magandang babae

“hi babes” nakangiti kong bati sakanya at kinindatan ko pa! tignan natin kung hindi ka kiligin! Haha

“yaaaaaah babes daw!!!” sabi niya sa mga kasamahan niya. Nakakatawa naman itong isang ito haha. Sobra naman ipinapakita pa saakin yung reaction, na turn-off tuloy ako hahaha

Sa totoo lang natuturn-off ako kapagka ganyan pero minsan naman hindi. Ewan ko ba? Weird ako? Siguro haha

Kaya nga sakanya ata ako tinamaan kasi halos pinagtatabuyan ako! Ba yan! Gwapo naman ako, matalino? Hindi ko alam hahaha

bzzzt bzzzt

From Monster:

Wala na kanina pa ako lumabas
Nakipag DATE ako.

-end-

Anak ng!!! sinong walangyang lalaki ang nanliligaw sakanya?

UUPAKAN KO TALAGA YUN >__<

Tsk! Makaalis na nga.

“bye mga babes” sabi ko sa mga babaeng nakatingin saakin

“bye bye Babes!” sabay sabay nilang sabi

Babes. Yan na ata halos tawag ko sa mga babaeng nakakakilala saakin. Di ko kasi matandaan pangalan nila haha. Kawawa naman di ko alam pangalan nila samantalang akoandang tanda nila.

Hinawakan ko pa yung baba ko saka ko hinimas himas at saka binulong sa sarili: Ang gwapo ko kasi

Humanda talaga saakin kung sino man yung lalaking ka-date niya! Ipapahanap ko yun kay.. kanino ba? Kay Dennis nalang... magaling naman siya at adik sa internet. Pero hindi kaya sa youtube nanaman yung titignan niya?

Tsk...

Ako nalang. Parang di maasahan yung isang yun.

Pumunta na ako sa building namin at dumeretso sa room.

Teka? Bakit sila nag aaral?

“hoy Darwin! Bakit kayo nag aaral?” tanong ko

“dumu-duty ka nanaman siguro nu? Haha! Takte Kys! Hindi mo baa lam na may quiz? Tignan mo yung isa oh! nagsusulat na nga ng kodigs! Tapos ikaw hindi mo alam?”

“dumu-duty ka dyan! Naghintay ako kamo sa wala!” badtrip lang

San ba si miyuki tatabi nga ako dun mamaya

“Irish! Nasan si Miyuki?” tanong ko naman sakanya, siya kasi yung madalas na kasamang babae ni Miyuki

“nasa Cr.” Ang tipid sumagot! Palibhasa nagbabasa

“Kysler! Tignan mo to dalian mo!” tinawag ako ng sino pa? edi si Dennis na may hawak na laptop.

“loko! Babae nanaman ba yan?”

“eh ano pa? hahaha” sabay sabay pa yung ibang nakapalibot dun!

Mga pare-pareho talaga ang trip ng mga ito

Hay! Alesana. Bakit mo ko ginaganito? Takte naman oh!

Lumapit ako dun sa mga babae kong kaklase, kasi baka hindi ako pakopyahin ni Miyuki! Mahirap na! kelangan ko lumapit sa mga mahilig mag aral haha

“hi Kysler” ngiti pang bati nung isa saakin

“hi” syempre nakangiti din ako! Ahaha

“CHICKBOY!!! DUMU-DUTY KA NANAMAN DYAN!” sigaw nung isa kong kaklase

“GAGO! Papaturo ako! Mag-aaral ako! Hahaha”

“UTOT mo kysler haha. Talagang sa mga babae ka pa sumama nu? Hahaha DUTY tawag dyan pare!
Haha”

“sus inggit ka lang haha”

Pati din yung mga babae kong kaklase pinagtatawanan kami

Lagi naman ganito eh.

Nakakawalang gana pa din. May Ka-date daw...

Pansin ko nandito na din pala sa loob si Miyuki, lumapit ako sakanya.

“Hoy Kysler! May boyfriend yang nilalapitan mo! Hahaha” pang-aasar nila

“gago! Alam ko! kababata ko bf nito!”

“sus! Baka sulutin mo eh hahaha” sabi naman nung isa

“haha sira talaga mga yun” sabi ni Miyuki

“lagi naman, anong atin? Saya mo yata?” tanong ko

“ah kasi si Lance! Nakakatawa siya kahapon kung alam mo lang haha”

“alam ko, mga banat ba? Haha. Lokong yun tawa nga ako ng tawa nung nagtanong saakin!”

“talaga? Nagtanong? Haha... anong sinabi mo???” atat iyang tanong

“sabi ko sabihin niya yung trivia about sa sneeze kung mabahing ka man haha”

“ano naman yung about dun? Di niya sinabi saakin yun eh, di kasi ako bumahing haha”

“ah.. sabi ko kapag bumabahing kasi tumitigil yung puso, kaya naman naisip ko pag bumahing ka man sabihin niya na: wag kang babahing! Ayaw ko kasing tumigil yung pagtibok ng puso mo para saakin hahaha”

“hahaha Kysler! Mas corny ka pala kay Lance! Hahaha”

“gaga ka! Hindi! Hahaha...”

“bakit parang ang gloomy mo pala Kysler?”

“ako?”

“sino pa?”

“wala asar lang ako kay Amazona”

“si Ales?”

“oo! May Ka-date daw! Nakakainis! Talagang sinabi pa niya saakin... kausapin mo naman oh! wag naman makipag date.... Shet ang bading ko! kasi naman nakakainis talagang sinabi pa yun?”

Totoo naman kasi.. nakaka wala sa mood

“magbago ka kasi! Lagi ka kasi nakikipag-flirt, alam mo ang babae minamahal hindi yung ganyan!”

Di naman ako nakikipagflirt

Sila! Sila ang nag ha-hi saakin! Wala na ako ginawang masama. Siguro meron. Sa babes?

Aish!!!

Magbago daw?

Ang bait ko na nga at nagtyatyaga akong nililigawan siya.

Akala ko talaga noon kami na, hindi pa din pala.

Kainis lang.

May mga lalaki din talagang umaasa. Pero kasi naman!!! - ____ -

Mahal ko kasi eh.

From Monster:

Oi babaero!
Punta ka daw sa bahay
Gusto ka kausapin ni dad.
I think about sa model thingy ata yun?
You and Lance.
K? pakipilit na lang si Lance. Tnx

-end-

Psh....

To Monster:

San na yung ka-date mo?
--end—

Medyo matagal bago siya nagreply

At nakakainis lang ang reply

From Monster:

Paki mo? May paki ka ba?

--end---

Ikaw nga dyan walang paki! Tsk

Kainis

Kung di lang kita mahal!

Badtrip lang - ____ -

Chapter 11: double date or triple date? :)

Sharlot:

Mga ilang araw na din nakalipas, hindi pa din ako bumabalik sa bahay nila Eris. Ang dami kasing ginagawa pero siguro mamaya. Si Eris kasi eh! Tawag ng tawag saakin. Siguro bored siya. And actually Gail is jealous >____<

Kasama ko si Gail ngayon, malapit na siya umalis T____T di man lang namin na enjoy ang pag stay niya dito.

I sighed...

Kasi naman eh...

“bessy you think gugustuhin ito ni Lance para sayo?”

“hah? eh bakit ako? Akala ko ba---“

“bessy please!! DOUBLE DATE TAYO please please???”

“eh kasi.. baka hindi pumayag si Lance?”

“papayag yun! Dali na bessy please please???” pakiusap niya na talagang may action pa

“sige sige tatawagan ko na si Lance.. kasi naman eh! Lakas mo sakin!”

“lakas daw? Di mo nga ako dinadalaw dito sa bahay, tapos busy ka pa yata dun sa sinasabi mong kapatid nung Erick nay un!”

Eeeh!! Nagtatampo si Gail >____<

“Gail naman eh! Ikaw lang bestfriend ko. sayo ko lang nasasabi mga mga kalokohan at mga sikreto ko tapos nagtatampo ka saakin?” sabay nag pout pa ako

Kasi naman eh T____T

Mahal na mahal ko si Gail, baka nga mas mahal ko pa siya kesa kay Lance T__T well girl naman si Gail. At ganyan talaga pag bestfriend. Kung papipiliin nalang din ako kay Gail na ako kesa kay Lance... JOKE!!!! Hahahaha mahal na mahal ko si Lance eh >___< pag pinapili ako between them.. patiwakal nalang ako T__T

I dialed Lance number...

Ring lang ng ring ito. Busy ba siya?

Aish busy naman siya eh -_-

“Gail may ginagawa ata siya eh >___<”

“dali kulitin mo!!!”

Waaaaah eh paano kung makulitan siya saakin? Paano kung. Hay naku! Kaasar naman eh

Paanu nga ba kung makulitan siya? Makukulitan ba siya saakin?
Baka sabihin niya: “napaka mo naman! Ang kulit mo!”

TT__TT

Ayaw!!!

Ayaw ko ng ganun, pero isang try pa!!! tatawagan ko n asana siya ulit ng biglang.....!!!!

SIYA ANG TUMATAWAG!!!

Ano bay an para namang first time niyang tawagan ako! Na excite ako eh hahaha

(hey) bungad niya

“h-hi” batik o naman

(labas tayo ulit) aya niya

O__O

Di nga??

“s-sige sige!!! ^__^” masigla naman ako syempre! Haha..

“gail!!! Si Lance! Labas daw....”

(do you need to tell everything to her???) ay narinig pala niya! Akala ko bumulong na ako eh

“edi ayus! Double date tayo!!!” said Gail

(LANCE!!! Tara na!)

(aalis ako, so stop bothering) naiiritang rinig ko sa kabilang linya

“lance!”

(WHAT)

“waaah TT__TT sorry”

(sorry, si kysler kasi tsk)

(ako nanaman???)

ting!!!!

Alam ko na!! hahaha

“LANCE!!!!”

(ouch... sigaw pa)

“ay sorry naman hahaha.. eeeh Lance!!! ISAMA MO SI KYSLER!!!)

(why would i? di pa nga ako payag sa-----)

“dali na please please???”

(fine!)

toot toot

>____< haha eh kasi! I have a brilliant idea!! Ahaha kasi kasi!!! I wanna play as cupid again!!!

Haha

Kasi si Kysler nung isang araw badtrip na badtrip dahil may ka-date daw si Ales nung isang araw

Kaya naman sana magkaaminan na talaga sila. Diba? Kasi naman eh.

“Gail! Maghanda ka!”

“bakit bessy? May bakbakan ba?”

“adik hindi!!! Kasi ano... tawagan natin si ales!! Dali dali!!! Play tayo ng cupid!!!”

“bessy! Date ito date!! Kaya ----“

“oo yun na nga bessy, kelangan natin sila pagkaayusin”

“Sharly.. alam mo kung sila.. sila naman talaga eh...”

“eh kahit na >___<”

“ay bahala ka dyan... basta may double date tayo! Hihi”

“SEEEEEEBBB!!!”

O__O nagulat naman ako dito kay Gail bigla tumayo at saka tinawag si Seb. Nandito nanaman si Seb?
Live-in ba ang dalwang ito?

Tsk

I called Ales na....

And she said YES!!!

Haha syempre hindi ko sinabing with Kysler..oops with the boys pala^^

Bahala na mamaya pagka dating sa meeting place!

riing riing

“hello???”

(ah! Miyuki!!!!)

O__O

Chapter 11.2: double date or triple date part 2

Sharlot:

a-aray naman sa tenga ito!! Haha

“hi, Eris!” batik o

(Miyuki! Labas tayo dali! Ang ganda ng panahon ngayon ang sarap magpunta sa---)

Bago pa madagdagan ng napakahaba ang simpleng pag yaya niya ay pinutol ko na ang sasabihin niya.
Baka kasi hindi na matapos ang kanyang speech

“ah kasi, sorry, next time nalang? Kasi may mga kasama ako at saka may date kasi...a---“

(ayaw mo nab a ako maging kaibigan? Tingin mo ba nakakainis ako tulad ng sinasabi nung mga dati kong kaklasse na.. ay siguro hindi hahaha adik lang ako, lahat ng mga negative side tinitignan ko haha sige sige ingat kayo ah... ingat^^,,,. Date ba yan?) may pahabol pang tanong

“ah oo parang ganun na nga din hehe.. next time talaga ah? Swear sasamahan kita kahit maghapon at hanggang magdamag pa” ?

(promise?) pang batang nagtatanong

“yup I promise”

Tapos may narinig akong ingay na----

(HOY! Kelan ka ba pupunta dito? Katulong kita! TANDAAN MO YAN!)

toot toot

Aba yung lokong yun! Para akong ewan na napa-nganga sa ginawa niya! I’m pissed!!! >__<

Nawala naman ako bigla sa mood sa ginawa niya amp!

“Bessy!” tawag ko

“why bessy? Ang pangit mo! Nakasibangot ka dyan haha”

“kasi naman eh! Ah basta”

“osige ka lang sa basta mo nay an! Basta sabihin mo sakin pag feel mo na. okay?”

“sure Gail sweety^^”

“eeeeeeeeeeeeewww! Sweety ka dyan! Para kang sinaniban ni Seb haha”

“adik ka!”

“sure I am BAH! Hahahaha”

“ang sagwa Bessy wag mo nga gayahin endearment namin ng Lance ko haha”

Nag ring ang phone ko akala ko sila Eris nanaman pero si Lance ang tumatawag

“bakit? Ayaw mo ba yung idea n----” hindi niya ako pinatapos mag salita at sinabing

(sa bar daw tayo, kysler asked this. So if you’re playing as cupid then tell Ales about this. She hates bars anyway so she woul----)

“SIGE SIGE!!! SASABIHIN KO!!! haha”

(tsk, para kang si Xyla kung sumigaw. i’ll be frank, I don’t like the idea. See you later)

toot toot

Waaaaaaaah.

Eh anong gusto niya pala? Naman eh >___<

Nagpaalam muna ako kina Gail at saka kay Seb para makapag-ayos na muna ako.

Naabutan kong walang tao sa bahay, nakakapanibago. Pero kahit papaano mga busy din ang aking mga kuya.

Nagpahinga na muna ako saglit at saka naligo and then nag ayos na ako.

Maya maya pa tumawag ulit si Lance saying:

(hey, nandito ako sa labas ng bahay niyo)

Agad ko itong binaba at saka agad agad bumaba! Kasi naman eh >__< bakit siya nandito? Wal asa usapan na susunduin niya ako eh!

“H-hi, p-pasok ka” halos mautal utal kong bati

Ewan ko pero kahit kami na ni Lance ganito pa din ako sakanya. Minsan nahihya pa din ako, yung tipong parang araw araw pa din kasi niya ako nililigawan? Bigla bigla siya dumadating sa bahay tapos bigla bigla ako sinusundo. Walang pagbabago.

Ngumiti siya saakin

>///
< FOUL YAN EH! Wag mo ko ngingitian >///
<

Hinapit niya ako sa bewang at saka siya nagsimulang maglakad. Natural ako na din.

“ahm L-Lance”

“hmmm?”

“ano.. anong ginagawa mo dito?”

Tumigil siya at humarap saakin, still nakahapit pa din siya sa bewang ko and this time dalawang kamay na niya >///
<

Nilapit niya ang mukha niya sa mukha ko. este sa tenga ko at saka binulong: bawal ba?

Nakiliti naman ako sa hininga niya kasi >__<

“h-hindi naman” sabay iwag ko ng tingin sakanya...

“a-ano may cake pala dito, nag-bake kasi ako kagabi. Baka gusto mong tikman?” nakangiti ako sakanya at saka nagsimulang pumunta sa kusina

Ang totoo niyan nakaayos na nga ako eh. Itong si Lance lang naman ang nagpunta pa dito. Dapat kasi si Gail ang kasabay kong pupunta sa bar

Umupo lang siya.. tapos pinapanuod ang bawat galaw ko.

Ano bay an >___< parang ako ay.. waaaaaah @___@

Kasi naman eh!!!

“hoy! Wag mo nga ko pinapanuod!” bulyaw ko

“sarap mo kasi panuorin... I feel so----“

“oh ayan na ang cake” di ko na siya pinatapos magsalita kasi kasi uber ubber na ako sa kilig tama na >///
<

This time siya naman pinapanuod ko kumain.

Anak mayaman talaga, mga gesture niya kasi eh. Yung tamang way talaga kung paano kainin ang ginagawa niya. Bakit ngayon ko lang napansin?

Tapos yung mata niya maiinggit pa ang mga babae dahil ang ganda ng mga itim at mabilog niyang mata. Napahawak naman ako bigla sa mata ko. hindi yung eyes mismo ah! Brown yung saakin pero parang mas gusto ko yung mata niya. Ewan ko dahil ba bagay sakanya yung mata niya *___*

Nakita kong napangiti siya ng kaunti

Hala bakit?

“pinapanuod mo nanaman ako, wag masyado matutunaw ako”

“TSE!!! Edi ang hot kop ala pag natunaw ka! Hahaha” biro ko

“yeah”

O__O

Uminom siya ng tubig. LANCE LANCE LANCE bakit ba ang natural mo sumagot? Mahiya ka naman sa mga sinasabi ko T____T

Ako hot??? Hahaha patawa siya

Tumayo siya at saka lumapit saakin. Nakatayo kasi ako dun sa may tabi ng counter.

“wag na tayo pumunta sa bar, dito nalang tayo” sabi niya at saka ako niyakap

“eh Lance kasi—“

O__O

“please??”

O__O

Please daw? Please

“Lance naman..”

“gusto ko ikaw lang kasama ko ngayon”

Waaaaaaaaaaaaah >//<

“ayaw kitang dalhin sa mga lugar tulad ng bar” tuloy niya

“bakit?”

“madaming bastos dun, and besides, I’m sure you’ll dance and will drink too”

“eh natural Lance bar yun eh!”

“ayoko”

“Lance naman! Si Ales saka si Kysler nga kasi inaalala ko”

“hayaan mo sila. Malaki na sila, yung satin ang isipin mo”

“eh???”

“gusto ko ng baby”

O__O

“ikaw naman Maw! Selos ka naman kaagad sa legs! Patingin nga ng legs mo ng di na ako tumingin sa mga nagpapakita ng legs dyan sa tabi”

“ETONG KAMAPO KO ANG TITIGNAN MO KYSLER HAH? ITO ANG TIGNAN MO! BAKA MAMAYA SAPUL NA YANG MUKHA MO!”

“haha joke lang.. takot ko nalang hahaha”

Pinatong ni Lance yung ulo niya sa shoulder ko.

Eeeeeehhhh

“ang ingay nila Rabbit. Tsk patahimikin mo nga. Gamitin mo yung mahiwagang kurot mo”

“kung kurutin kaya kita ngayon?”

“sadista psh”

- \_\_\_\_\_ -

“so what is your plan for tomorrow’s party?” ngiting ngiting tanong ni Ales saamin

“we’re going on a trip. You’re not invited - \_\_\_\_\_-“ walang modong sagot ni Lance

“ang daya naman ng dalawang ito! Pero sig---“

“kasama kayo nag-jojoke lang si Lance haha” I said

“Joke ba yun? Sige tatawa ako. HAHAHAAAAHA” isa pa itong timang na si dennis

“Mal. Pakibatukan nga yang si Dennis”

“right away Ma’am!” tas naghabulan na yung dalawa.

“so saan naman pupunta?”

“camping tayo!!!” tumingin ako sa sumigaw

“waaaaaaaaaah! Bessy nandito ka!!!” hahaha sinalubong ko siya with syempre a HUUUUUUUG!!!

“yieeee na miss ako ni bessy. Bessy sabihin mo camping tayo!”

“is this a reunion or something? - \_\_\_-“ mahina pero naririnig naman yung pagkasabi ni Lance

At yun na nga. Pinagplanuhan na namin yung mangyayari kinabukasan.  
Di na ako nagpahatid kay Lance pauwi. Sumabay ako kay Gail.

Pag-iisipan ko pa kung ano ang surprise ko kay Lance bukas T^T

Wala pa ako naiisip

“dyahe bessy. Di ko alam ang ireregalo ko kay Lance”

“aysus. Ano pa bang di mo nabibigay? I mean ano pa ang pinaka espesyal na magagawa mo ngayong birthday niya?”

Si Seb siya yung nagmamaneho ng sasakyan. Nasa front seat naman si Gail. Syempre para naman di magmukhang driver ang gwapo niyang fiancé hahaha

“Seb! Ano ba sa tingin mo ang magugustuhan ni Lance?” tanong ni Gail

Oo nga lalaki si Seb siguro naman may suggestion siya sa gift diba?

“sex. As in S-E-X”

O\_\_\_O

>///  
<

“aray naman honey my love so sweet! Bakit mo ko binatang?”

“Sira ulo ka talaga!!! Wag naman yan!”

“wala na” sabi ko nalang

“hah? anong wala na bessy?”

“ah..ano.. hahaha wala.. sabi ko.. wala na ako maisip hahahaha”

Wala na nasuko ko na yan >\_\_\_<

Teka...

Ano ba magandang gift kay lance?

Kasi naman eh...h...h...h....

Bakit kasi bukas na birthday niya???

Aish...

Bahala na ang justice league T\_\_\_T

Darna help me think T\_\_\_\_\_T

Chapter 25: Our Moment Together part 2

Ilang oras na din ako dito;. Ginagawa ko na yung ireregalo ko kay Lance >\_\_\_<

Ilang minutes nalang birthday na niya eh! Naman eh!!!

“Sharly? Ano bessy okay na?”

“hindi pa bessy TT\_\_\_\_\_TT. Wala pa nga ako napipili eh”

“kaya mo yan Bessy!”

“thanks hehe”

Nandito pa din ako sa bahay nila Gail.

Grabe lang.

“sabi ko nga kasi sex nalang hahaa”

“Seb!!!” medyo nakakatakot na tawag ni Gail

“bakit? Haha ginawa naman na natin yun ah”

“SEB!!!”

O\_\_O

“hahaha joke lang! baka maniwala pa yang BESSY mo” he emphasizes!

Then umalis na si Seb

“pagpasensyahan mo na yung ugok na yun ah!”

“hahaha din a ata talaga mababago yung ugali ng fiancé mo bessy”

“kaya nga eh >3<”

Tapos. Itinuloy ko nalang itong ginagaw ako. nakahanap na din naman ako. sana magustuhan niya to ^^,

Pagkatapos ko nung ginawa ko kina Gail. Umuwi na ako saamin syempre hinatid nila ako sa bahay. Hihi

“Hime! Bakit ngayon ka lang?” asked lavi-nii-san

“ehhh kasi po gumawa ako ng gift for Lance”

“wow naman ang sweet naman ng princess namin” nakangiting sabi ni kuya Rex

“syempre mana ako sa mga kuya ko”

“tsk...” saka umakyat si kuya Shizu

“mga kuya! may problema ba ang kuya shizu? >\_\_<”

“hayaan mo yun. Baka may period yun hime hahahaha”

“haha buti nalang ang gwapo ko” out-of-nowhere na sagot ni kuya Rex.

Hay ang gulo talaga ng dalawang ito. Natural nag-away nanaman sila

Pumasok na ako sa kwarto ko, pinagmasdan ko yung rose. Kelan ka ba matutuyot? >\_\_< ang tagal mo naman mamulaklak! Haha. Excited na ako eh

Everyday chinecheck ko yang rose. Paggising at bago matulog. May tampuhan man o wala.

Bothered man o hindi.

Naniniwala pa din ako kay Lance.

Isa pa. dun sa 3 months na yun. Wala na ako pakialam. Ewan ko. pero he came back naman eh. Saka ako ang una niyang pinuntahan. Ako ang una niyang nakita nung naka uwi siya.

At dahil mahal niya ako.

Alam ko yun.

Nag-ayos na ako ng gamit ko for the camp tomorrow.

Excited na ako. first time kasi ito. Isa pa.. Masaya yun tent lang ^\_\_^

Kinabukasan, maaga akong sinundo nila Gail. Ako actually ang huling sinundo. Ang nagprovide ng sasakyan? No other than!!!.... KYSLER!!! Hahaha

Nice.

So ang mga kasama namin ay sina.. Ales syempre with Kysler, Gail and Seb.. Dennis and wait. Aba? Si Xyla nandito at natutulog haha. Ang cute cute cute cute cute cute niya talaga ^\_\_^

“I know that look bah” Lance whispered. Medyo nakiliti nga yung tenga ko eh >\_\_<

“ano nanaman?” bulong ko

Lahat sila natutulog medaling araw palang kasi.

Excited kami eh.

“gusto mo kurutin kapatid ko”

>\_\_<

“p-panu mo nahulaan? TT\_\_\_\_TT”

“mukha mo palang na pangiti ngiti ng ganyan”

“eehhh kasi naman eh”

“wag na wag mo kukurutin yan”

“pffft”

“magigising sila.”

Ah! Yun pala.

“so mamaya pwede na? haha”

“no”

Aish

Buong byahe natulog lang kami.

10am na nung maarating kami sa destination.

Ang masasabi ko lang ay: WOW! As in WOW

“Lance! ang ganda dito... guys! Gising na!!! hahaha nandito na tayo”

“si ate Sharly naman ang ingay” saka pa niya kinukusot yung mata

“ay nagsalita yung tahimik hahahaha” said Kysler

“EEEEEEEEEEHHHHH KUYA KYSLER!! KALA KO BA CRUSH MO KO >\_\_\_\_<”

“gusto mo mapektusan? -\_\_\_\_-+++” hahaha protective brother

Cute...

Yung lugar... nasa tabing ilog kami. Maganda. Ang daming bulaklak sa paligid tapos halatang malinis yung tubig. Lahat na! ang linis lahat.

Pati ang presko ng hangin.

“GUYS! SET-UP MUNA NATIN ANG TENTS!” sigaw ni Gail

“YEHEY! CAMPING CAMPING! Sayang wala si Habelabs >\_\_\_<”

“hoy hoy batang to! Sino si Habelabs???” tanong ni Ales

“ate mashonda na ba ikaw? Nagkaboyfriend lang naging ulyanin na. si Louie! Yung bestpren ko na boypren ko hihi.. yieeeee nikipilig ako XDD”

“Lance! yung kapatid mo naglalandi!!!” sigaw naman ni Ales

“matagal na yang malandi” - \_\_\_\_ -

Halatang naiinis si Lance.

“di pa ba pasado yung lokong yun?” tanong ni Kysler

“pwede na”

Sus!

“oi mga tol! Pigilan niyo ako! na lab at perst sight ata ako!” biglang sabat ni Dennis

“hah? bakit? Kanino pala?” asked Kysler habang nag seset-up na ng tent.

“sa kapatid ni Lance”

“ummm! Gago!” binatukan ni Kysler si Dennis

“aray naman! Bakit mo ginawa yun? Ikaw ba kapatid ni Xyla? Ikaw ba ikaw ba?”

“magkakamatayan tayo loko kang youtube freak ka!”

“HAHAHAHA BINATUKAN!!! HAHAHAHA NAKAKATAWA KAYO! HAHAHAHA”

“aish... nagsama sama pa yung magulo”

Itong si Gail at saka si Seb naman may sariling mundo hahaha.

Ang cute nila.

Ng matapos na kami mag set-up napagkatuwaan namin maligo sa may ilog. Ayieeee sarap ng tubig.

Naliligo silang lahat including Lance.

Ako? heto... may kausap sa phone >\_\_\_<

“Eris.. ano kasi---“



(birthday ni Nathan ngayon. Kaso di ko siya macontact.)

“ah oo nga pala birthday niya”

“BESSY!!! HALIKA NA DITO DALI!”

“AH WAIT LANG BESSY KAUSAP KO SI ERIS!” sinigaw ko talaga yung name ni Eris para hindi mag-ingay yung mga yun. Kasi baka makahalata si Eris na magkakasama kami nila Lance eh >\_\_<

(wow magkasama kayo ni Gail?)

“ah oo.”

(Wow naiinggit ako >\_\_<)

“wag ka mainggit ano ka ba”

(eeehhh kasi naman eh. Walang magawa dito. Pwede ba next time.. ano...ahm... pwede ba ulit ako sumama sainyo ni Gail? Gusto ko ulit mamasyal kasama niyo)

“ano.. ah..”

Sorry Eris >\_\_<

“busy pa kasi ako masyado... and... yung boyfriend ko din kasi...”

(ay sayang naman.. sige enjoy kayo ah. Bye bye)

“bye”

\*toot\*

“anong sabi?”

“AY BUTIKI! >\_\_< LANCE!! bakit ba bigla bigla ka sumusulpot dyan!”

Hala!!

“KYAAAAAAAAAH LANCE!! ADIK! IBABA MO KO!!!”

“HAHAHAHA MUKHANG KINIKIDNAP LANG SI ATE SHARLY HAHAHAHAHA”

“witweeeew! Hahaha GO LANCE!!!”

“tse manahimik kayo! Lance ibaba mo na ako >\_\_\_\_<”

“ayoko”

“hahahaha GO BESSY!!! HAHAHA”

Tapos tapos.. habang buhat buhat niya ako..

Bigla ba naman >\_\_\_\_<

Bigla ba naman tumalon sa ilog!!

“HAHAHA LOOK AT YOU! YOU LOOK-----”

“SEXY AND HOT LANCE HAHA” tuloy ko

“mataba ka”

O\_\_O

“hindi ka sexy”

>\_\_\_\_<

“bad ka Lance” tas akmang lalayo ako sakanya pero bigla niya ako hinila

“ayieeeeeeee moment nung dalawa ito!! Hahaha” naghihiyawan na parang baliw yung mga kasamahan namin.

Kasi naman eh...

Bigla niya ako niyapos >///  
<

“Lance ano ka ba! Nandyan yung kapatid mo. Nakakahiya!”

“AH ATE! DON’T WORRY NAKATAKIP ANG AKING FACE HIHI...”

Nakatakip daw.... Eh kita naman yung mata niya sa pagitan nung daliri niya

“hahaha dumuduty si Lance guys! Tayo din Maw! Hahaha”

“manahimik ka sasapakin kita! Samahan mo nalang ako mag-ihaw gutom na ako”

Nag-eeenjoy lang kami dito. Kinakalimutan ang lahat ng problema. Moment lang namin to. Kami lang wala ng iba. Walang inaalalang iba. Kundi yung saaming dalawa lang.

Gabi na.

May bonfire kami.

Nakapaikot kami dito.

Si Kysler naggigitara. Kumakanta naman si Xyla.

Si Dennis. Isa pa itong techy pareho sila ng kuya Shizu ko. may dala kasi siyang laptop.

Si Seb naman tinitira yung alak.

Si Gail and Ales at pati na din ako nagkwekwentuhan lang

“so Guys! Ano pala ang gift natin kay lance???” biglang sabi ni Ales

“so una ako as usual? Hehe.... Lance.. heto gift ko sayo...” nilabas niya yung isang malaking kahon na halata naman na kung anong laman. Shoes yan for sure.

“thanks. I need this”

“I know :)”

“ay sayang! Di ko mahihingi yang sapatos >\_\_<” said Xyla

Kaya naman nagtawanan ang lahat..

“oh heto naman saakin” inabot naman ni Kysler yung isang maliit lang na paperbag yata yun?

“ano naman to?” tanong ni Lance

“engot nito! Buksan mo kasi ang galante ko nga para bigyan ka niyan”

Binuksan naman ni Lance...

PSP....

“aanhin ko naman to?” tanong ni Lance

“ayaw mo kuya? akin nalang! Hahahaha” sabay hablot ni Xyla

“narinig ko kay Bessy na favorite mo daw ang chocolate eh. Heto na. sorry di ko na binalot haha”

“WAAAAAAAAAAAH KUYA AYAW KO NIYAN! T\_\_\_\_\_T DAPAT CHEESE BINIGAY MO KAY KUYA  
T\_\_\_\_\_T”

“ang ganda ganda talaga ng kapat----“

“ARAY NAMAN! BAKIT MO KO BINATUKAN?”

Binatukan lang naman ulit ni Kysler si Dennis

“siguro gusto mo si Xyla nuh? Hahahaha” tanong pa ni Dennis kay Kysler

“PUTEK! Asa! Ang bata bata pa niyan!”

“oo nga cute cute kong bata eh >\_\_\_<”

“oh pare kahit di tayo close” abot naman ni Seb

“salamat”

Hindi ko alam kung ano yung binigay niyang regalo hindi din naman binuksan ni Lance eh. Bastos talaga tong taong ito -,-

“oh Lance! para sayo kahit bitter ako sayo” abot naman ni Dennis

“ano naman to?”

“engot buksan mo kaya!” ginaya pa ni Dennis pati yung pagkakasabi ni Kysler kaya naman nabatukan ulit siya hahaha

“KUya! KAKANTAHAN NALANG KITA!” tumayo si Xyla...

“HAPPY BORNDAY TO YOU!-----“

“tama na. masakit sa tenga - \_\_\_\_-“

“eeeeeeeeeeeeeeeh ganda ganda ng boses ko eh! >\_\_\_<”

Tapos ngayon nakatingin na silang lahat saakin...

Ah..

“heto saakin”

“CD” dry niyang sabi

“oo CD”

“aanhin ko to? Movie?”

“h-hindi yan movie >///  
<”

“pare baka bold! Hahahahaha” said dennis tas nag apir pa sila ni Kysler at pati si Seb nakisali.

- \_\_\_\_\_ -

“gusto niyo ba masaktan ah?” pagbabanta ni Ales

“joke hahahahaha heto laptop oh!” offer ni Dennis

Hala

“Lance... saka mo nalang pakinggan kapa----“

Okay kinuha niya yung laptop..

Okay - \_\_\_\_\_ -

Then.. nagplay na

Yung kanta ko

Na dinedicate ko sakanya >\_\_\_\_<

“ayieeee sweet ni Ate Sharly”

\*CD playing\*

“Lance happy happy happy birthday... bah thanks for everything. Happy birthday”

‘I’ve never gone with the wind  
Just let it flow  
Let it take me where it wants to go  
Till you open the door  
There’s so much more  
I’ve never seen it before’

“Simula kasi nung nakilala kita ang dami kong naranasan.  
Masakit man o Masaya”

‘I was trying to fly  
But I couldn’t find wings  
Then you came along  
And you changed everything’

“wow para ka lang nag thethank you kay Lance haha” matawa tawang sabi ni Ales >\_\_<

“ssshhh quiet” suway ni Lance kaya nanahimik naman lahat >///  
<

Nahiya na ako T\_\_T

‘You lift my feet off the ground  
Spin me around  
You make me crazier, crazier  
Feels like I’m falling and I  
I’m lost in your eyes

You make me crazier,  
Crazier, crazier'

"Tuwing tinititigan mo kasi ako. para akong matutunaw  
Yung tipong... sayo ko lang talaga to nararamdaman  
At Habang tumatagal... minamahal kita ng minamahal

'Watched from a distance as you  
Made life your own  
Every sky was your own kind of blue  
And I wanted to know  
How that would feel  
And you made it so real'

"Dati nga. Hiniling ko na sana ikaw ang una kong nakilala  
Na sana ikaw nalang kaagad  
Kasi pinaramdam mo saakin kung ano ang pagmamahal"

'You showed me something that I couldn't see  
Opened my eyes and you made me believe'

"Yung hindi ko nakita kay Jake.  
Tapos minulat mo ako sa katotohanan bah."

'You lift my feet off the ground  
Spin me around  
You make me crazier, crazier  
Feels like I'm falling and I  
I'm lost in your eyes  
You make me crazier,  
Crazier, crazier, oh'

"Na kahit ano pang problema ang dumating  
Ikaw at ikaw lang ang mamahalin ko.  
Ikaw Lang Lance Mariano"

.....

Nagpatuloy ang kanta...



Si Lance....

Bigla niya akong niyakap...

....

And then....

Nagpatuloy din yung message ko sa CD...

“Lance.. I love you so much. I will surely treasure the night when we made promise to each other under the moon and stars. You’re mine alone right? I love you so much. I believe you. We’re maybe too serious about our relationship even though we’re still young but I believe that you are my happy ending, my happily ever after. Bah I’m hoping for more memories with you. I love you so much my other half”

Humiwalay siya sa pagkayakap saka niya ako hinalikan sa may pisngi.

Kahit medyo madilim

Nakita ko.

Namumula si Lance ^\_\_\_^

I love love love Lance.

Thanks for this wonderful day with him.

And that’s how it ended

My gift for you...

Chapter 26: BAND!

“hoy hoy! Akin na nga yan!” hinablot ni Dennis yung notebook ko >\_\_\_<

“Dennis naman eh!”

“peram muna ako! crush naman kita eh haha”

“baliw ka talaga! Di pa nga ako nag-aral!”

“haha nakakatuwa kayo ni Dennis nuh? Haha heto share muna tayo” said Irish

May quiz kasi kami at hindi pa ako nag-aaral. Ito namang si Dennis hinablot yung notebook ko. as usual naman si Kysler baka late nanaman yun?

“girl alam mo. May napapansin ako” napatingin ako kay Irish. Siya naman nasa notebook pa din yung tingin niya

“ano naman yun?” sabay baling ko ulit sa notebook ang tingin ko

“I think that Lance guy likes you” hah?

Lance? natural boyfriend ko yun eh!

“look! Tinititigan ka nanaman niya”

Hah? teka ibang Lance yata ang tinutukoy nito? Napatingin ako sa direksyon kung saan yung itinuturo niya

“h-hah? si Erick?”

“yup girl!”

“patawa ka ba Irish? Hindi nuh!” kung alam lang niya.

Para lang hindi mag-isa masaktan ang kapatid niya.

Haist

Selfish.

Pero.

Ewan ko. siguro ginagawa lang niya yun dahil masyado niyang mahal ang kapatid niya. Siguro naman kahit sino? Pero ang sabihing pinaasa ni Lance si eris? Parang hindi naman yata tama yun.

At idamay ako?

Mas lalong hindi tama yun.

Dahil wala akong kaalam alam sa mga nangyari.

Sa mg apangyayari noong nakaraan.

Inggit nga ako kay Eris dahil mas nauna pala niyang nakilala saakin si Lance.

“psst hoy kanina pa kita kinakausap girl. Buhay pa? haha”

“ah,.. oo”

“gwapo din naman si Lance eh. Kaso mukhang anti-social nga lang”

Anti-social daw - \_\_ - madaldal yan katulad ng kapatid niya.  
Di ko nga lang feel ang ugali niya simula nung sa mall incident

Hindi na nga din ako nagpupunta sa bahay nila. Lagi nalang ako gumagawa ng excuse kay Eris. Well as of Lance alam ko na pinupuntahan siya ni Eris minsan. Alam ko yun.

Wag lang siya pupunta sa university at didikit kay Lance. dahil ang karamihan alam na ako ang girlfriend ni Lance. Makita ba naman kasi yung picture ko sa gate diba? >\_\_<

Pero ayus lang alam ko naman na walang gagawin si Lance.

Pffft.

“LATE NA BA AKO???” napatingin ako sa pintuan si Kysler lang pala. Halatang tumakbo siya. Paano pawis na pawis eh hahaha.

“Nag-duty ka pare? Hahaha” tanong nung mga kaklase ko

“wala boy! Goodboy na to hahahaha” nagmamayabang pa niyang hinayag.

“gwapo ni Kysler nuh? Grabe lang buti kaibigan mo siya” kinikilig naman itong si Irish

“haha ano ka ba. May boyfriend ako at bestfriend yun ni Kysler natural naman na magiging close kami ni Kys ^^”

“talaga? Wow. Eh ano.. may GF na ba siya?”

“oo. Cute nga nilang dalawa eh. Under na under si Kys dun kay Ales hahaha”

“ay may girlfriend pala. Kaya naman pala niya nasabing goodboy na siya at hindi na tumatawag ng babes haha”

“wow napansin mo yun?”

“crush ko eh haha sshhh lang ah”

“sure” ^ \_\_ ^ gwapo naman kasi talaga si Kysler eh. Kaya nga naging crush din siya ni bessy

Maya maya dumating na yung professor at saka na kami nag quiz.

Nakakatwa yung dalawang sira ulo nagtabi pa sila at ayun nag kopyahan pa sila. Napapansin ko din na si Erick seryoso din siyang nagsasagot. Napapansin ko lahat yun kasi agad ako natapos eh ^ \_\_ ^

Matapos namin kuhanin lahat yung quiz. Nagsalita yung prof.

“this month may gaganapin na BATTLE OF THE BANDS dito sa university. Ang labanan ay pagitan sa mga iba’t ibang colleges.” Blah blah ang daming sinasabi > \_\_ <

Dali na dali na gusto ko na lumabas!!!

“bilang adviser ng klase na ito” tama adviser ko nga pala siya. Ayos nuh? College na may adviser pa! haha pero siya lang ang tiga inform saamin

“gusto kong i-assign si Lance Tamayo na bumuo ng banda! Dito sa classroom”

Nagtinginan lahat ng estudyante sakanya

Yung iba naguguluhan. Ako hindi na. alam ko kasi na nag gigitara siya eh at saka may banda siya.

“alam naman siguro ng iba sainyo na may banda sila Mr. Tamayo at isa siyang magaling na gitarista. Kaya naman inaatasan ko siyang bumuo ng banda para naman may representative ang klase niyo.”

Klase daw. Hindi naman kami block eh. May mga irregular pa din kaming kaklase >\_\_<

“so Mr. Tamayo. I’ll let you choose kung sino ang gusto mong maging kasama sa banda”

“yes ma’am”

Tinawag ng prof si Erick tas nag usap silang dalawa sa harapan. Kami naman dito nag dadaldalan.

“OKAY CLASS!! CLASS!!!”

Nanahimik kaming lahat

“nakapili na kami ng mga makakasama ni Lance”

Eeehhh bakit ba Lance ang tawag sakanya? Nakakainis >3< pwede namang Erick nalang

“sino naman kaya napili nila? Ang nice ah. Kilala ba niya lahat dito pag dating sa music? Cool haha” said Irish

Oo nga.

Di naman niya kilala kung sino saamin ang may mga instrument na tinutugtog eh

“bass ay si Kyo” si Kyo yung kaklase namin na Japanese din ^\_\_^

Nice marunong pala siya?

“Drummer... Dennis” tawag ni Ma’am

“WOW! PARE! HAHA marunong ka pala?” tawanan sila

“pakyu! Natural! Talented kaya ako di lang halata hahaha”

Syempre alam na ng lahat na ang sa guitar ay si Erick..

“sa vocalist wala pa kasi napili. Pero----“

“ay ma’am! May kilala ako maganda ang boses!!!” sabi ni Kysler

Ayos ah ang active ata ng mga to? Haha

“haha ayos Kysler! Baka i-volunteer mo sarili mo ah! Maawa ka” sabat naman ni Dennis

“hindi sira! Parang di mo naman kilala!”

Tapos..

Pansin ko..

Pansin ko lang ah

“bakit kayo nakatingin saakin?” I asked

Paano ba naman tingin tingin sila saakin >\_\_\_\_<

“”t-teka----“

Nakita ko na nag-grin yung dalawa T\_\_\_\_\_T

“Ma’am! SI MIYUKI MAGALING KUMANTA!!!!” chorus pa yung dalawa T\_\_\_\_\_T

“hala! Hindi po”

“oi! Na-save ko yung nasa CD nung isang araw! Hahaha teka yung laptop ko! i-abot niyo nga!” utos niya

Nasa harapan na kasi siya sa may teacher’s table

Hala naman!!!

“ihahagis ko! saluhin mo ah! Haha” sigaw nung isa namin na kaklase

Anla naman T\_\_\_\_\_T

Bigla nila niplay yung kinanta ko for Lance

Nakakahiya T\_\_\_\_\_T

May message pa yun eh

“Lance daw.... Birthday mo Lance? kelan?” tanong nila

“ayieeeeeeeeeee kaya naman pala ang lagki----“

“IBANG LANCE YAN >\_\_\_\_\_<” napatayo ako... kasi naman eh

“sorry sorry pwede magsorry?”

Panu kung hindi? - \_\_\_\_\_ -

“Ms. Parco... maganda ang boses mo. Sumali kayo. Lalo ka na. ang dami mong absent saakin. Kung hindi ka sasali... magiging malupit ako sa grades mo dahil lagi kang wala!”

Hala T\_\_\_\_\_T

“kainis kayo!” nasabi ko nalang

Nakangiti na silang lahat..

Kasi naman eh >\_\_\_\_\_<

Ano pa magagawa ko? GRADE KO NAKASALALAY DITO! T\_\_\_\_\_T

BAND?

Banda?

Ang ewan lang.

Bahala sila >\_\_\_<

Ang kaso. Why with THEM? Especially. Why with Erick pa? siya pa Leader T\_\_\_T

Yada yo T\_\_\_T ( I don't wanna)

Tapos nabakante yung klase samin. Walang pumasok na prof nung next subject na.

Nakaupo ako ng biglang lumapit saakin si Erick.

>\_\_\_<

Naiinis ako sakanya

“Mag-usap tayo”

Eh???



“bakit?”

“wag dito” sabi niya saka siya naglakad. Ako naman parang tali na hinila niya kasi sumunod naman ako  
>\_\_<

Nakakainis. Pero may gusto akong itanong...

Dapat ba sakanya ko itanong?

Nasa corridor kami ng biglang may humila sa kanang kamay ko

At...

At..

“L-Lance???” hala... kinakabahan ako >\_\_<

May iba sa mukha ni Lance yung kahit tingin lang matatakot ka na kaagad. Hala naman.

“lets go”

“h-hah???” teka.. may sasabi-----“

“SABI KO TARA NA!”

>\_\_<

Hinila niya ako tapos biglang

Hala!!!

Napatigil kami ni Lance....

Bigla din akong hinila ni Erick sa kabilang kamay T\_\_\_\_\_T

Hala.....

Ang lakas ng tibok ng puso ko dahil sa kaba eh....

Bitiwan niyo na ako please TT\_\_\_\_\_TT

Chapter 27: gusto ko lang naman malaman

Natural lang naman sa nagmamahal na gustong malaman ang lahat  
Para kahit papanu madagdagan pa ang kaalaman sa isa't isa  
Kasi minsan kahit ang tagal mo ng kilala ang isang tao,  
Madami ka pa din hindi nalalaman.

Kahit na minsan ang mga malalaman mo,  
Aayawan mo na  
At sasabihin sa sarili na...

“sana hindi ko nalang nalaman”

Sharlot POV

“hey! Pwede ba. Bitiwan niyo na akong dalawa!” >\_\_\_<

“BITAW!” medyo napalakas na sabi ni Lance. parang may pagbabanta pa sa boses niya

“pare wag kang bastos! Alam kong girlfriend mo siya pero may sasabihin lang na---“

“sabi ko BITAW!” ulit niya at halatang galit na siya

Yung grip niya saakin medyo masakit na. natatakot ako kay Lance pero kasi---

“Lance he asked me kung pwede niya akong makausap and---“

Hindi ko natapos ang sasabihin ko nung tumingin siya saakin. Yung mata niya parang nanlilisik >\_\_\_< nakakatakot siya. Parang hindi siya si Lance. iba siya. Ibang iba siya pag nagagalit. Tinikom ko nalang yung bibig ko at nanahimik. Kasabay nito ang pagbitaw naman saakin ni Erick.

“Sige Lang Nathan ipagpatuloy mo lang yan. Ang nice din kasing timing mo eh.” Sabi nalang ni Erick at saka umalis.

At ni isa wala akong naintindihan sa mga binitiwang salita kay Lance.

Si Lance naman ay naglakad na at hila hila niya ako. ganito nalang ba role ko dito? Parating hinihila?  
TT\_\_TT

Pero seryoso nakakatakot si Lance. lalo na pag nakakaharap niya si Erick

Ramdam na ramdam ang tensyon sa pagitan nilang dalawa. Kahit pa hindi sila madalas magkita o magkausap. Alam kaagad na hindi sila in good terms. I mean grabe lang talaga

Kaninang hawak nila ang kamay ko natatakot na ako. napagitnaan kasi ako eh T\_\_T saka malay ko ba baka mamaya bigla sila magsuntukan! Edi kawawa naman ako >\_\_\_<

“ilang beses ko bang sasabihin sayo na wag na wag mo siya lalapitan”

Hindi nalang ako naimik. Sinisermunan na niya ako eh

“Miyuki you know what? Ang tigas ng ulo mo!”

TT\_\_TT

“matigas naman talaga ang ulo eh” I mumbled

“Sharlot! Quit joking” he hissed

Sabi ko nga galit ka eh TT\_\_\_\_\_TT

Binabawasan ko lang yung kaba ko.

Alam ko naman isa din ako sa nagkamali dito pero kasi... may gusto lang akong malaman.

“sakay” he said

Pagtingin ko. hah? teka... area to kung saan pinapark yung motor...

“h-hah?” tanong ko

Suot na niya yung helmet niya at nakasakay na din siya.

“wait! Sasakay ako dyan?” I asked na parang nagulat pa! kasi naman. Usually dala naman niya yung car niya eh >\_\_\_\_<

“sige maglakad ka” he said

“heto na oh! sasakay na ako!” sabi ko habang sumasakay ako doon sa motor niya. Naman eh!

“wear this” abot niya sa helmet na kulay blue.

Edi ako na blue kanya yung Red. Kulang nalang yellow para Watawat na ng Pilipinas.

Kumapit ako sa damit niya.

“pupunitin mo damit ko?” tanong niya

“sinungitan mo ako?” medyo nagtataray na din ako. naiinis ako eh >\_\_\_\_<

Kanina pa ako sinusungitan!

SUMPUNGIN KA!!! SUMPUNGIN NA PALAKA! >\_\_\_\_<

Palaka ka Lance! palaka!

TT^TT

Pero hindi siya mukhang palaka!!! Tama kasi hinalikan ko siya kaya mukha na siyang prinsipeng TT\_\_\_\_\_TT makapagdahilan lang. aish.

Ang hirap pala aliwin ang sarili.

“kapit” saka niya inayos yung pagkakakapit ko sakanya. Ni-lock niya yung kamay ko, yung tipong nakayakap ako sakanya at saka na niya pinaharurot yung motor..

Mga ilang Segundo pa este minute! Nakarating na kami sa bahay nila.

Oo dinala niya ako sa bahay nila.

“bakit tayo pumunta dito?” tanong ko nalang

“gusto ka Makita ni mommy”

“sus mama’s boy talaga haahha”

“tatawa na ba ako?” - \_\_\_\_\_ -

Kainis! Sabunutan kita at kurutin eh >\_\_\_\_\_<

Sinundan ko nalang siya. medyo nakakainis na talaga si Lance kanina pa ako sinusungitan tapos ngayon hindi ako kinakausap! Aba loko to ah! Ako nga dapat mainis kasi dapat kausap ko si Erick ngayon! May gusto pa naman ako tanungin sakanya.

>3<

“Sharlot welcome” bigla ako niyakap ni tita ganda. Este ni tita dyo--- Lian! Hehe ang bango niya. Sexy pa din siya. Tas ang hot niyang mommy!!! Kulay blonde pa ang hair! Inggit ako >3< pakulay din kaya ako?

“kumusta ka na Sharlot? I missed you” she continued

“MOMMY!! TAMA NA! AKO NAMAN YAYAKAP!!!” said KC at naki-join naman sa pagyakap

“okay naman po ako Tita...” nahihiya kong sagot

“MOMMY!!! YUNG CAKE!!!! BAKA MASUNOG!”

“KC nalunok mo nanaman yata yung Mic natin, wag ka mag alala hindi yun masusunog.” Nakangiting sagot naman ni Tita

Para lang silang magkakabarkada. Ang ganda naman kasi ^^

“Boss. Yung--- Oh nandito nap ala yung hinihintay natin” nakangiti lang si Tito saakin

“ah magandang araw po” bakit ako iniwan ni Lance dito? TT\_\_\_\_\_TT

“Camille!”

“DADDY!!! Don’t call me Camille! It’s eeeeeeeeeewww!”

“tawagin mo kuya mo! Kahit kelan talaga yung pasaway na yun” sabi ni tito. Tapos si tita naman nakangiti lang >\_\_\_<

Nahihiya na ako sakanila. Iniwan kasi ako ni Lance eh T\_\_\_T

Bastos talaga yun kahit kelan!

“halika dito umupo ka na muna” Tita assisted me hanggang sa may sofa. Si tito naman umalis saglit.

“ang ganda mo pa din” kyaaaaaah

“salamat po. Ikaw din po ang ganda mo pa din po tita. Parang lalong bumata hehe”

“aysus! Bolerang bata haha. Pero totoo naman! Hahaha” O\_\_\_O para pa siyang bata magsalita! Cool mommy! Hahaha

“ah teka Lance may ipapakita ako sayo Sharlot” tumayo siya at saka may kinuha doon sa may drawer ng table.

Lumapit siya saakin at saka ito inabot saakin. “Here, tignan mo I think you’ll enjoy this one” she offered

Isang photo album. At ang nakalagay dito sa cover ay “My Baby Lance.” yieeee sweet.

“wow! He’s so cute! Siya po talaga ito?” I asked

“yup and look tignan mo ito, hindi mo aakalain na tumatawa siya ng ganyan haha” yung picture ng batang wagas tumawa haha. Si Lance talaga ito???

“ito yung binyag naman niya, nakakatuwa ang dami niyang ninang at ninong kaso mga hindi na mahagilap pag Christmas! Mga kuripot” pati ako natatawa sa mga terms na ginagamit ni Tita. Kasi naman haha. Para talagang barkada lang

“wow ang cute naman po niya dito, ilang taon na po siya dyan?”

“3 years old siya niyan noon.” Sagot niya. May hawak hawak kasing bola ng soccer si Lance noon

“ibig sabihin ba tita, bata palang si lance talagang soccer na ang gusto niya?” O\_\_O kasi naman eh! Kung makahawak siya sa bola akala mo may aagaw hahaha

“ako ang may pangarap niyan para sakanya, gusto ko siyang maging isang magaling na soccer player” nakangiti niyang sagot saakin

Ang cute!

Tapos maya maya bigla nalang may humablot nung album >\_\_<

“Lance!” parang warning na tawag ni Tita

“ma! Why did you---“

“what Lance? sinasagot mo na ang mommy?”

“hindi na” - \_\_\_\_ -

“good”

“bakit mo po pala ako pinatawag?” tanong ni Lance sa mommy Lian niya

“nothing, I want you to serve us drinks and—“

“naku tita wag na po”

“sure ka?”

“opo wag na”

“sige kukuha na teka lang” at umalis na si Lance.

Naintindihan ba niya yung sinabi kong wag na? na hindi na? kelangan ko din ba mag English? - \_\_\_ -

“pagpasensyahan mo na ugali ng anak ko hah. hindi ko nga din alam kung bakit naging ganyan yan. Pero nung bata siya lagi naman siya tumatawa at isa pa masiyahin talaga yan nung baby siya tawa siya ng tawa at NAPAKA IYAKIN NIYA!” diin niya

“talaga po? Si Lance? Iyakin?” medyo di ako makapaniwala eh

“oo pero syempre baby naman kasi, si KC nga hindi ko akalain na magiging walking microphone yung anak kong yun.”

“haha pero ayos naman po eh. Ang babait po nila. Nakakatuwa po silang kasama at isa lang ang masasabi ko ang swerte niyo sa mga anak niyo. At ganun din po sila syempre. Napalaki niyo po silang maayos” though ang sungit ni lance at naiinis ako sakanya ngayon - \_\_\_\_ -+

“si Lance. natutuwa ako nung ipinakilala ka niya as his girlfriend. Ni minsan wala yan kinuwento o dinalang babae yan dito maliban nalang kay Claudette na bestfriend niya. Na anak din ng bestfriend ko. I thought bakla na anak ko. and then you came. Kaya nga nagpapasalamat ako sayo! Haha”

Bakla? Si Lance? hahahahaha

Sabagay naisip ko din yun nunahaha

Ang Bad bad ko

“saan niyo po pinaglihi si Lance?”

“ehem” si Lance lang pala

“ipinaglihi ko siya sa---“

Nadidistruct sumagot si tita kasi si Lance yungw ay ng paglapag niya nung tray sa table eh >\_\_\_<



“sa mangga at ketchup hahaha”

Eh???

O\_\_O

Kaya siguro ganyan kasama ugali niya! Masama ang lasa pag pinaghalo yan! Hindi ko ma take!! >\_\_<

“at saka yung singer na si Carlo! Grabe lang ewan ko nga kung bakit hindi na---“

“tsk. Talagang pinag-uusapan niyo ako kahit nasa harapan niyo ako? tsk”

“ay lumayas ka nga!” taboy ni tita

Pero imbes na lumayas kumuha siya ng magazine at tumabi saakin

Alam ko na din naman yung katuloy ng sasabihin ni Tita. Haha.

“ma, oras na.” biglang nagsalita si Lance

“hala! O siya sige. Sharlot alagaan mo si Lance ko hah?” nag beso beso siya saakin at saka na siya umalis

“BEB!! TARA NA! LATE NA TAYO!” sigaw pa niya

“tsk. Ang daldal talaga” said Lance

Daldal daw! Sana nga nagmana ka sa mom o kaya dad mo! Grabe ikaw lang masungit sa pamilyang ito.

Pero pasalamat ka! Mahal kita -3-

Nanahimik nalang ako. wala na ako kausap eh.

Parang wala lang din kasi akong katabi.

Si KC naman umalis din yata??? Kasam aang mommy niya at daddy niya

“haist” I sighed

“ang dami kong nalaman sa mommy mo” nakangiti pa ako

“talaga?”

“yeah. Natutuwa ako kasi gusto ako ng mom mo”

“edi maganda”

Nice talking! Eh kung bugwasan kaya kita? >\_\_<

JOKE! Hahaha

“Sharlot” biglang naging seryoso nanaman yung paligid dahil sa tono ng pananalita niya

Tumayo siya sa harapan ko at saka hinawakan ang dalawang kamay ko...

“I’m begging you please” O\_\_O

Ano daw??

“please stay away from Erick”

O\_\_O

Bakit kelangan pa niya makiusap?

Hinila ko yung kamay ko...

“no?” tanong niya....

“then please... Lance.. tell me everything.... Lahat ng nangyari nung nawala ka ng tatlong buwan”

At pangako.

Maski si Eris.

liwasan ko.

“liwasan ko lahat ng gusto mong iwasan ko. basta sabihin mo saakin, lahat lahat Lance. lahat lahat”

Chapter 28: </3

Gusto ko malaman lahat, lahat lahat. Mahigpit niyang hinahawakan ang mga kamay ko. sign ba ito na kelangan ko maghanda sa kung ano man ang maririnig ko?

“Honestly Sharlot, hindi siya big deal”

“then kung hindi siya big deal, then tell me. Wala naman mahirap sabihin diba?”

“as I’ve said wala lang yun” tuloy pa niya

“dapat bang maniwala ako sa sinabi mo? Lance. tingin mo maniwala ako kaagad sa wala lang yun? Ghad Lance! I’m not a kid that you can fool. Yeah maybe tama nga na wala lang yun. Pero where’s the proof?”

Natahimik siya pero nakatitig lang siya saaking mga mata. Gustuhin ko man maniwala, pero kung ganyan na wala din naman siyang sasabihin saakin edi wala din. Diba?

umupo siya sa harapan ko habang hawak hawak niya ang mga kamay ko

“anong gusto mong malaman? I’ll answer everything”

“really?” I challenged him

“yeah”

Ganun ba? Gusto niya talaga ko lumayo kina Erick kaya sasabihin niya lahat?

“Fine then....” I paused, saka ako nagsalita ulit “totoo ba na pinaasa mo si Eris?”

Humigpit lang ang hawak niya sa mga kamay ko.

So totoo nga?

“Sharlot muntik na akon----” hindi niya naituloy ang sinasbai niya kasi biglang tumunog yung cellphone niya >\_\_\_<

“Coach?”

Medyo yung itsura ni Lance ngayon parang naiirita

“pwedeng mamayang na lang? urgent lang kasi..... no please.. aish! It’s not what you think coach. Aish. I’m not ditching or something. ....coach naman.”

>\_\_\_< yung coach niya ang wrong timing.

Nilayo ni Lance yung phone niya sa tenga niya. Sumigaw na siguro yung coach niya. Kasi naman eh! Tapos idinikit ulit sa tenga niya.

“wala na binabaan na ako” he said na parang badtrip pa siya

“may practice ka?”

“game”

“WHAT?” napatayo ako

“oh? kung maka react ka -\_\_\_-“

“eh game yun ah!”

“di pa naman nag uumpisa”

“eh kahit na!!!”

“akala ko ba gusto mo malaman lahat?”

“pero may game ka”

“ang gulo mo din eh”

“bakit kasi hindi mo sinabi kaagad na may game ka pala?”

“nandito ka kasi”

“oh eh ano ngayon?”

“ayaw kitang iwan”

Eeeeehhh Lance naman eh :( galit pa nga ako dahil di pa niya sinasbai saakin tapos sasabihin niya ayaw niya ako iwanan. Oo na!!! aaminin ko naman eh. Kinikilig ako. - \_\_\_ -

Tumayo ako at hinila ko na din siya para tumayo na din siya.

“maglaro ka” I ordered

“ayaw”

“Lance para kang bata!”

But instead sungitan niya ako nag pout pa siya >\_\_<

Eeehh nagpapacute pa! nakakainis!!!

“Lance!” medyo napalakas na yung boses ko

“hindi ba effective?” tanong pa niya aish

“ewan ko sa'yo!” naglakad na ako palabas ng bahay nila. Kasi naman ang gulo gulo ni Lance! naiinis ako. dapat sinabi niya kaagad saakin na may game sila para naman hindi ko na labas yung issue na yun! Baka mamaya pag natalo pa ang team nila ng dahil nabobother si Lance or dahil wala si Lance o kaya dahil nag-aalala teammates niya kasalanan ko pa.

“sama ka sa game? Nood ka”

“pag-iisipan ko” I answered habang huminto sa paglalakad.

“kotse tayo” sabi lang niya. And guess what? New car nanaman siya. At jaguar pa - \_\_\_ - siya na! siya na talaga!

“wow hah. ikaw na mayaman” bulong ko nalang. Pwede naman nilang wag i-spoil si Lance eh T\_\_T  
grabe naman sila Tita kung bilhan ito ng sasakyan.

Pero yung motor niya yun pa din. Yung dati pa din.

Pero bago pa ako sumakay sa car niya. Biglang may tumawag saakin.

“yes?” I answered

(Bessy! Gail ito!)

“oh? napanu number mo?” well unregistered kasi

(bessy I’m with Eris) medyo bumubulong siya

“what? With whom?”

(Eris nga!)

(si Miyuki ba yan? Si Miyuki?) narinig ko sa kabilang linya.

\*toot toot\*

Namatay.

Amp >\_\_<

“Lance sorry but hindi ako makakanuod. So ----“

Bigla niya ako hinigit sa bewang at marahang hinalikan saaking mga labi.

“ihahatid na kita kung saan man yan”

“no you’re already late kaya wag ka ng ganyan. Sa kanto ayos na ako commute nalang ako punta doon”

“san ba?” he asked

“Gail’s”

“okay”

Wala pa mang 3 minutes nasa bus stop na ako.

“good luck, ipanalo mo okay?”

“sure I will” he said tas umalis na siya.

I texted Gail and asked kung nasaan sila. Ang sabi niya sa coffee shop daw na malapit saamin. Haist. Pumunta na ako sa tinutukoy niyang coffee shop. And there I saw them.

“anong meron?” tanong ko nung makarating sa table nila

“well siya! Umiiyak” turo niya kay Eris

“hey what’s wrong?” sabay tap sa likod niya.

Umiiyak nanaman siya. Bawal yun sakanya baka ma-stress siya >\_\_<

“Eris wag ka na umiyak and besides we’re here naman. We can be your shoulder to cry on” I said smiling, ngumiti din naman siya saakin

“eh kasi! Si Lance”

“sinong Lance?” sabat naman ni Gail, kaya I glared >\_\_< kasi naman eh. Gail Shrugged and nagbigay ng look na “Fine-I’m-sorry”.

“si Kuya!” pagmumuktol naman nitong isa

“anong nangyari?” tanong ko. si Gail naman mukhang naiirita siya saakin >\_\_<

Anong magagawa ko? na-close ko na din naman kasi si Eris eh >3<

“pinagalitan ako! ang dami niya sinasabi eh hindi naman niya ako maintindihan. Well yeah I get his point pero kasi. Miyuki... I love Nathan” tas humagulgol nanaman siya

I love him too >\_\_<

“kasi naman may Girlfriend yang hinahabol mo, you should stop it! Paano naman yung girlfriend ni Mariano? Panu pala kung nalaman niya ito?” >\_\_\_< GAIL!!!

“tina...nong ko si Nathan.. sabi niya alam na daw nung girlfriend niya”

“and you think gusto yun ng girlfriend niya?” medyo nagsusungit na si Gail >\_\_<

Ako naman tahimik lang dito

“alam ko naman mali, pero I’m still hoping”

“Hoping? GIRL! Wake up! Hindi sayo si Lance” halatang naiirita na si Gail

“at yung girlfriend na tatanga tanga naman na yun. Leche yun kung alam mo lang nasasaktan yung girlfriend ang kaso ang tanga niya” ouch T\_\_\_\_T

Tanga ako oo pero kasi...

“Eris now tell us. Ano bang nagustuhan mo sa Mariano na yun? Naging kaklase ko siya for 1 year at nakilala ko siya alam ko lahat pati yung pinagdaanan nila ng girlfriend niya. Now kung tatanungin mo kung bakit alam ko. ganun talaga pag chismosang nerd” nagpapatawa ba siya? Pero ako din gusto ko malaman.

Nagpapakamartir ba ako dito? Hindi naman diba?

Oo masakit lang pero kasi may mga bagay akong gustong malaman din

“siya kasi ang dahilan kung bakit nakapag move on ako. siya din ang dahilan kung bakit may second life ako. pwedeng sinisisi niya yung sarili niya kung bakit muntik na akong mamatay noon pero hindi naman niya kasalanan. And isa pa ang bait niya mukhang harsh lang pero mabait siya”

“paano pala kung napipilitan lang siya?” biglang sabat ni Gail

“hindi ko alam” malungkot niyang sagot.

“bakit hinahabol mo pa din siya ngayon? Saka isa pa paano mo nga ulit nakita ulit si Lance?”

“ah! Sa LA! Sa LA! Nakita ko siya noon sa hospital! Ang galing nga eh. Nakakatuwa kasi sakto naka confine din ako noon dun ta—“

“natuwa ka pang naka confine eh nuh? Oh tuloy”

“nakita ko siya nung day ng operation nya. Hindi ko agad sila nilapitan kasi baka bigla siyang lumipat ng hospital >\_\_\_< baka kasi pag nalaman niyang andun ako nun---“

“jump na! nung nakita ka niya.” Naiinip na sabi ni Gail. Kasi panigurado mahaba nanaman kasi yung kwento. Masyado siyang detalyado eh

“inalam ko kung kelan tatanggalin yung takip sa mata niya. Tapos wala na siyang magawa nung nakita niya ako dun. Tapos nakiusap ako kahit tatlong buwan lang. para naman may kasama ako sa LA. Lagi kasi ako iniwan ng kuya at pati na din sila mama. Ma stress lang ako dun pag mag-isa.” :(

“so tatlong buwan! Tatlong buwan na wala si Lance dito at iniwan ang GF ng dahil sayo?”



Tumango lang si Eris..

Ouch'

"gusto mo ba malaman kung sino ang girlfriend ni Lance?" medyo nakataas na ang kilay ni Gail >\_\_\_<

GAIL!!! Ano ba yan TT\_\_\_TT

"AYAW!" napatingin yung mga tao saamin sa coffee shop kasi naman napalakas ang boses ni Eris

"bakit naman ayaw mo?" gail asked while making-face pa

"k-kasi,.. makikita ko lang yung mga gusto ni Lance sakanya. Yung yung kung anong klaseng babae siya. Isa pa baka gayahin ko lang siya. Maski pangalan nga hindi ko alam. Ayaw ko din malaman kung anong pangalan niya. Hahaha nakakatawa noh? Ayaw ko malaman kung sino siya... kasi pag nalaman ko kung sino siya at kung gaano siya kabait at kaganda. Lagi kasi siya pinagmamalaki saakin ni Lance nung nasa LA kami."

"eh kung ganun naman pala. Bakit ka pa humahabol sakanya?" tanong ulit ni Gail

Ako naman magtatanong! >\_\_\_<

Kating kati na ako magtanong TT\_\_TT

"ahm Eris" may itatanong ako sakanya

"bakit?"

Nakatingin lang saakin si Gail

..

"may s-sinabi kasi si Erick saakin.."

"anong sabi niya?" halatang gusto niyang malaman yung sinabi saakin ni Erick

“totoo bang pinaasa ka ni Lance?”

Ngumiti siya pero a faint one.

“sa LA,....”

“sabi niya layuan ko siya”

Naatat na ako sa susunod niyang sasabihin :(

Kinakabahan ako sa sasabihin niya....

“layuan ko daw siya kasi...kasi... baka makagawa daw siya ng kasalanan sa girlfriend niya... kasi daw.. mahal daw niya ang girlfriend niya”

Umiiyak na siya...

“kasi... ayaw daw niya sa mahinang tulad ko.... “

Tuloy tuloy lang yung luha niya...

“layuan ko daw siya... kasi... mahal na din daw niya ako.....”

</3

Hindi ko alam pero tumayo nalang ako at dumiretso sa CR..

Parang sirang plakang umuulit sa isip ko ang sinabi niya...

</3

mahal na din daw niya ako

mahal na din daw niya ako

mahal na din daw niya ako

TT\_\_\_\_\_TT

## Chapter 29: SWEET-BITTER (part 1)

Gail's POV

Bigla nalang tumayo at umalis si Sharly >\_\_\_>

“hey wait” pigil ko kay Eris na may balak atang sundan sa CR ang nag-walkout si Sharly

“si Miyuki >\_\_<” gaga pala to eh! Kagagawan niya tas ganyan siya! Kunsabagay di naman niya alam pero ang gaga pa din eh!

“hayaan mo siya. Masakit ang tyan niya kaya ganun” palusot ko

“ah. I thought may nasabi na akong masama kaya ganun”

“at ano naman yung akala mong nasabi mo?” I challenged her. Aba! Malay namin kung alam pala niyang si Sharly at si Lance

At si Lance. totoo bang mahal niya ang assuming na pa-cute na ito? Eww! Bumaba ba ang standard ni Lance sa babae? Eh kunsabagay CHUBBY ang hinahanap niya. Pero hindi naman chubby ang payatot na ito eh. Payatot niya! Petite pa siya! Di siya sexy at mas malayong mas flat siya kesa kay bessy. OMG! Ang mean mean ko nanaman. Eh kasi naman eh! Yung bestfriend kong nagpapakatanga kasi! Kasalanan niya to

“hoy ikaw” bastos kung bastos na! wala na akong pakialam! Nagagalit ako eh >\_\_< nagagalit ako sa part ni Sharly!

“b-bakit?” parang natatakot niyang tanong

“didiretsuhin na kita Eris hah. ayoko kasi sa ugali mo. Kasi kung talagang mahal mo si Lance iintindihin mo kung bakit ka niya nilalayuan. You know what? Kung ako ang girlfriend at nalaman kong may ibang tinutulungan or nilalapitan si Lance not as a friend pero as ahm I don't know what will I call this pero..

Maiinis ako! bakit? Kasi sinasaktan niyo mga sarili niyo. I mean tayong tatlo lang magkakasaktan niyan kung sakali. Kasi kung ako ang girlfriend ni Lance hindi ako magpapatanga katulad ng ginagawa nung girlfriend niya ngayon. Ghad! I hate this kind of issue. My ghad! Nakakasakit sa ulo”

Pagkatapos ko mag speech aba! Nakayuko lang siya. Maybe she’s internalizing na! dapat lang! dapat mag-sink in din yang mga sinasabi ko. at kung talagang matigas pa din ulo niya uupakan ko na siya -\_\_-+

Bestfriend ko ang naiipit dito! At ano naman ang nasa isip ni Lance para sabihin na mahal din niya ang babaeng ito? Pero OMG lang ah! Nakakainis kasi si Eris, kung iisipin ko ang ginawang paglayo ni Lance kay Eris tama yun! At pinapakita lang niya na si Sharly ang mahal niya at hindi ang babaeng ito. Pero kung makapagkwento naman kasi itong Eris na ito akala mo naman mahal na mahal siya ni Lance. my ghad lang ah! Nakaka high blood

“oh ano? Yuyuko ka nalang dyan?” I asked her di pa din kasi siya umiimik

My ghad! Wag mong sabihing nakapag paiyak pa ako dito ngayon? My ghad lang! MY GHAD LANG TALAGA!

Nakatitig lang ako sakanya at napansin ko na tumutulo na yung luha niya. NAMAN EH!!! BAKIT SIYA UMIIYAK? TT\_\_\_\_TT nakapag paiyak ako ng babae!!! My gulay!

“hey eris stop crying” awat ko sakanya kasi naman eh!

“mahal ko siya eh” she muttered

“oo alam ko mahal mo pero kasi Eris isipin mo ang sitwasyon”

“dati lagi nalang ako ang umiintindi, dati ako parati ang agrabyado. Bakit ngayon, ngayon lang naman ako magpapakaselfish! At I know! May pag-asa pa naman ako eh!” pagmamatigas niya

“Eris wala na nga eh! Mas pinili niya ang girlfriend niya kesa sayo!”

“hindi! Kasi hindi naman siya mapipilitan puntahan ako kung talagang loyal siya sa GF niya”

Aba! SABUNUTAN KO NA SIYA EH!!! ANONG HINDI!

“kung alam mo lang ang effort ni Lance para pasagutin ang babaeng mahal niya!”

Saktan ko tong babaeng to eh!

“tama na!” tinatakpan pa ag tenga. At feeling niya siya lang nasasaktan? AKO NASASAKTAN PARA SA KAIBIGAN KONG TANGENGOT!

“wag kang magtakip ng tenga girl. Sayang eh! I like you pa naman when I first met you. Pero now? I don't know Eris. Naiintindihan ko ang lagay mo. Na ayaw mo mag-isa na gusto mo may mga nagmamahal sayo. Pero like duh! Hindi mo pag mamay-ari si Lance!”

“you'll never understand me!” medyo napapalakas na ang boses namin

Para kaming batang nag aalitan dito sa shop!

“alam mo kahit na alam ko na ang lahat dahil na kwento na saakin lahat ni Sharly... wala eh. Hindi kasi ako tulad nila na naawa sayo. Alam mo kung bakit? Isa ka kasi sa mga tao na nagpapaawa para sa bandang huli ikaw ang mananalo. Pero wag ka baka pag lumaban ang girlfriend ni Lance. ikaw din ang kawawa. Kaya kahit anong pilit ko man na intindihin ka pa. ayoko na. sorry to say this pero ito ang klaseng kaibigan ako. better na sabihin ko na ang lahat kesa nabubuhay ka sa mundo na puno ng awa.”

“katulad ng sinabi ko kanina.... Hindi mo ako naiintindihan!... Si Miyuki! Siya lang nakakaintindi saakin!” umiiyak siya nung sinabi niya yan at tumakbo na siya papunta sa CR

Kainis! At talagang si Sharly pa daw? Eh si Bessy nga ang pinaka kawawa dito!  
hey wait! Tumayo na din ako at nagmadaling pumunta sa CR!!! Makikita nila ang isa't isang nag-iiyakan  
>\_\_\_\_\_<

AH!! GAGA GAIL!!! GAGA!!!

Pag dating ko sa may CR.. teka lang hah. pero tama ba ang nakikita ko? natigilan din si Eris.

“Miyuki bakit ba ayaw mong maniwala?” saka napatingin ang isang pamilyar na lalaki kay Eris

“Siya! siya yung sinasabi ko sayo Miyuki!” sabay turo nung lalaking nakatalikod saakin kay Eris

“a-ano ba!” tinapik ni Sharly ang nakaturong kamay nung lalaki

At si Eris? Halatang naguguluhan naman

“ excuse me Eris. Aalis na ako” saka hinila ni Sharly ang kasamang lalaki,

Nagmamadali silang lumabas. Tapos halatang kagagaling sa iyak nung si bessy >\_\_\_<

Isang napaka pamilyar na lalaki.

...

...

...

Isang matagal ko ng hindi nakikita

Si Jake Russel de Vera

Ano nanaman bang nakain mo at pumapapel ka pa sa buhay ng bessy ko >\_\_\_\_\_< baka lalong gumulo ang lahat eh!! Kaasar T\_\_\_\_\_T

“b-boyfriend ni Miyuki?” - \_\_\_\_\_ -

Isa pa tong walang alam na ito.

“OO!”

Yun nalang ang nasagot ko dahil sa inis sabay talikod. Nakakaasar kasi ang mga pangyayari.

Bahala sila dyan!

- \_\_\_\_\_ -

Naiinis ako.

Sarap nila ilampaso sa sahig! Sabunutan. Lahat na!

Kainis!

T^T

Bessy

WAKE UP!!!

Nakakainis na kasi eh

Chapter 29: Sweet Bitter part 2

Sharlot's POV

Hila hila ko si Jake palabas ng cafe.MUNTIK NA! muntik ng malaman ni Eris >\_\_<

Kasi naman kung makaturo siya kay Eris akala mo naman alam niya lahat TT\_\_TT

“teka! Bakit ba kasama mo yung babaeng yun? Alam mo ba na siya yung babae ng magaling mong boyfriend?”

“Pwede ba! Stop it Jake! Walang babae si Lance!” wala siyang babae! >\_\_\_\_< wala wala wala.

“Wala? Sigurado ka? Bakit sila magkasama noon? Ano yun? Pinsan niya?”

“JAKE ANO BA!”

Hindi ko siya maintindihan. Nakakainis siya!

“sabihin mo yan sa sarili mo!” sagot ko

Napapikit ako nung sasampalin na niya ako..

Pero.. ang tagal ko na nakapikit wala pa din yung sampal na hinihintay ko.

Unti-unti kong binuksan yung mga mata ko.

At

At

“Lance! what are you doing? She’s effin’ irritating! PINAIYAK NIYA SI----“

“pinsan ko siya... ” O\_\_O

a-ako??? pinsan ni Nathan????

“totoo ba yang sinasabi mo ha Lance?” tanong ng boyfriend ni Miyuki

“pinsan ko siya sa father side. What’s wrong with that? Bawal na ba ngayon magkasama ang magpinsan?”

Nagtago ako sa likuran ni Nathan... natakot ako kanina buti nalang dumating si Lance....

“siguraduhin mo Lang Lance... humanda ka saakin sa oras na paiyakin mo siya ulit. Aagawin ko na siya sayo”

“JL tara na!”

Naunang maglakad yung lalaki. Yung babaeng masungit kanina naiwan pa at nakatitig kay Lance.

“Lance she may not be my friend. Pero hindi ko sasantuhin yung babaeng dahilan kung bakit siya umiiyak. Ako lang ang pwedeng magpaiyak sakanya. Ako lang ang rival niya sa lahat ng bagay. But exclude me from liking you. Dahil hindi ako kasing pathetic ng babae mo para agawin ka pa na halata namang wala ng pag-asa!”

Tapos tumingin siya saakin

“at ikaw! Sa oras na malaman kong hindi ka pinsan ni Lance. humanda ka saakin dahil hindi lang buhok ang totodasin ko sayo. Ako na mismo ang gaganti para sa mahinang babaeng yun! Maliwanag ba? AKO LANG ANG RIVAL NIYA WALA NG IBA! At ikaw Lance! gawin mo project natin!” at tuluyan na nga siyang umalis

>\_\_<

“b-butitumating ka kasi kung wala ka kanina siguro sampal na ang inabot ko tapos siguro----“

“paano mo nakilala sila JL?”

“hah???”

“I’m asking you! Panu mo sila nakilala?”

“d-diba yung isa kaklase mo? I saw her once pero di ko naman alam na matatandaan niya ako.. and yung lalaki nakita ko lang siya kahapon... siya yung boyfriend ni Miyuki”

“boyfriend? What the fck” he cursed >\_\_<



“bakit? Hindi ba siya?”

Pero hindi na niya ako sinagot at naglakad nalang siya...

Gees!

Chapter 34: away

Miyuki's POV

“oi matagal pa ba?? Nakapili naman na ng kanta ah! Saka isa pa wala na akong gagawin dito diba? Uuwi na ako” paalam ko

Kasi naman nag-uusap usap nalang about sa schedule ng practices namin.

“Miyuki pwede makinig ka nalang? vocalist ka pa naman” ANG TARAY!!! Pag-untugin ko kayong tatlo dyan eh!!!

Saka sino ba may gusto nito? Ako ba? Hindi naman ah!

Di ako mapakali tingin ako ng tingin sa oras! Baka kasi nakauwi na yung mga lalaki tapos bigla ako hanapin ni Lance. aish! Nakakainis naman

“bakit crush? May pupuntahan ka ba? Tingin ka ng tingin sa oras eh” bulong ni dennis

“hindi, kasama ko kasi sila Lance kanina sa bahay nila Gail nandun kaming anim” >3<

“ah! Sama ako mamaya!!!”

“hah???”

“sabi ko sasama ako mamaya”

“psh ikaw bahala. Sige ka pagtritripan ka lang nila Kysler”

“haha hindi yun kasama naman si Master”

“hah? sino naman yun?”

“secret ko na yun hahaha”

“Dennis Miyuki” tawag saamin ni Erick

Edi hindi na nga kasi kami mag-iingay striktong leader!!! > \_\_\_\_\_ <

Gail’s POV

“oh? nasan na yung isa??” tanong ni Ales sa katarating na Kysler at Seb

“aba malay umalis eh.” Sagot ni Kysler

“eh bakit di niyo inalam kung saan pupunta?” tanong pa niya

Si Seb naman lumapit saakin tas hinalikan ako - \_\_\_ -

“aray naman hon!” binatukan ko nga - \_\_\_ -

Ang tagal nag grocery ah.

“hindi ko naman girlfriend si Lance para tanungin siya!”

“HEH! Pilosopo!”

“mas nag-aalala ka pa kesa sa girlpren eh! Ikaw ba si Miyuki hah? gusto mo si Lance ganun?”

“bahala ka nga dyan!”

“may LQ yung dalawa, tara sa taas loving loving tayo”

“eh kung putulan kita gusto mo?” sabay angat ko nung hawak hawak kong gunting

“joke lang! joke lang naman hahaha. Anong ginugupit mo hah?”

“yung tela. May tatahiin kasi ako eh”

“aba misis na misis ah” sabat ni Kysler saamin

“ilagay niyo na nga yung mga pinamili niyo sa kusina!” utos ni Ales.

“OO NA PO COMMANDER!”

“sinisigawan mo ko hah?”

“hindi! Ang hina ng boses ko oh! ANG HINA!”

“PINIPILOSOPO MO BA AKO KYSLER?”

“ganyan na sila mag loving loving? Ang boring naman, buti pa tayo nuh? Haha” bulong nanamn ni Seb

“ilagay mo na nga sa kusina yan bago ka mawalan ng dila!” tapos naglakad na yung dalawa papunta sa kusina.

“Gail panu mo nahahandle yung playboy nay un? Bilib na ako sayo ah”

“hah? hindi ko nga manhandle. Di ko nga alam kung may babae yan o wala. Wag lang siya papahuli saakin loko yan. Mapuputulan talaga siya!”

“hahaha ang lupit mo naman. Grabe lang ah”

“ikaw nga dyan ang magaling mag handle! Tignan mo si Kysler ang bait na kaya niya”

“yan? Mabait? Yun na yung pinaka nakakalokang Joke swear! He will never ever turn into my ideal guy promise” I hissed

“haha bakit naman? But admit it you like him that much right? Hindi naman magiging kayo kung di mo siya gusto eh”

“oh well, yeah gusto ko siya pero hanggang dun muna, I said I love you to him pero not that much I mean Gail... I’m not sure with Kysler kasi eh.”

“what do you mean by that? Hindi ka sure?”

“I like him, very much kaya lang kasi may ugali pa din si Kysler eh”

“hahaha boys are boys Ales. Si Seb din naman. Hayaan mo lang sila sa ginagawa nila. Tignan lang natin kung di tayo mawala sakanila. Well saakin kasi walang talab yung hindi ko siya pinapakialaman kasi papansin si Seb eh pero siguro kung kay Kysler iparamdam yung I-don't-care treatment ewan ko lang ahaha”

Nagpalipas lang kami ni Ales at nanuod ng movies na nakakaiyak. Yung boys naman nandun sa taas. Ang tagal naman yata ni Miyuki? Wala pa din si Lance. baka naman magkasama yung dalawang yun? Gabi na din tsk.

Mga yun talaga! Naku naku!

Mga isang oras pa dumating na din si Sharly.

“oh? may kasama ka yata?”

“hello girls? Nasan si MATER SEB????” nakangiting bungad ni Dennis saamin

“sa taas” sagot naman ni Ales na may hand gesture pa

Lumapit naman at umupo sa tabi namin si Sharlot

“haaaaisst!! Ampagod >\_\_<” reklamo niya

“ano ba kasing ginawa niyo?”

“practice nga! Ito naman di nakikinig eh”

“teka check ko lang yung niluluto hah” paalam naman ni Ales saamin tapos umalis na siya

“si Lance?”

“hah? I thought kasama mo siya. Teka tanungin ko lang si Seb”

“ah sige sama na din ako” presinta niya

\*\*\*

“hoy Cedric! Nasan si Lance?”

“aba malay ko”

“di ka ba niya tinawagan? Ang pagkakarinig ko sa kausap niya kanina magpapaalam daw muna siya sayo eh” paliwanag naman ni Kysler

“hindi siya tumawag eh” medyo malungkot ang tono ng boses niyang sumagot

“malaking posibilidad na nambabae na yun crush! Hahaha ako nalang kasi!”

“tara na nga sa baba Sharlot. Wala naman tayo mapapala sa mga to” sabi ko nalang saka ko na hinila si Sharlot paalis dun.

Kung anu-anong sinasabi. Babae daw??

Teka hindi kaya...

“Sharlot hindi kaya kasama niya si Eris?”

“h-hah?? pero sabi niya sakín iiwasa---“

“yung kausap daw niya sa cellphone kanina! Hindi kaya si Eris yun??”

Naging malungkot yung expression ni Sharlot.

Nakalimutan ko! - \_\_\_ - medyo sensitibo pala si Sharlot pag si Eris ang usapan. Iniisip kasi niya na wala siyang laban sa taong may sakit eh!!! Kainis!!!

Malapit ko na mareach ang 100 percent boiling point ko!!!

Ako na talaga ang nagagalit para sakanya.

Sa kadahilanang wala pa naman si Lance. heto kami nauna ng kumain.

Kainis talaga yun!!! Ang saya saya ng lahat pero si Bessy lang ang hindi >\_\_<

Nung matapos na kaming kumain naghugas na yung tatlong lalaki.

Kaming tatlong babae naman ay nanunuod lang.

“Ales hindi mo baa lam kung nasan si Lance?” tanong ni Sharly

“hah? di niya nabanggit eh”

“pero nag-usap kayo kanina? Ano yun?”

“ah.. ano... kasi.....” hindi siya makatingin sa mata namin ni sharlot.

Ano naman ang pinag-usapan nila at parang ayaw niyang sabihin?

“malalaman niyo din naman hindi lang talaga ngayon ang panahon para sabihin. Sorry”

“pasensya na talaga. Ako din naman kasi nagulat nung nalaman ko yun eh. Basta sorry talaga. I really couldn't tell you that. And beside Lance must be the one and not me. Sorry”

“okay lang. naiintindihan ko” nakangiti pang sagot ng babae.

Aish! Ewan ko sayo sharlot ang martir kasi eh.

“MAW!!! HALIKA DITO SA TAAS BILIS!!!” tawag ni Kysler kay Ales

“sus!! DUDUTY KA NANAMAN!! HAHAAAAHA” --dennis

“TANGA!! HINDI!!!” --Kysler

Psssh

“OO NA!! AAKYAT NA PO!” saka siya umakyat doon.

“ah bessy akyat ka na din. Hihintayin ko pa si Lance”

“ay hindi! Dito lang ako” sasamahan ko siya.

Mababatukan ko yung si Lance eh!

“ikaw bahala” sabi lang niya.

Psh

Naka-upo lang kami at nanunuod ng TV. Si Sharly naman hindi mapakali at tingin ng tingin sa pintuan. Mula rito rinig yung tawanan nung mga nasa itaas.

Naiinggit ako kaso si Sharly naman eh.

“Gail ayos na ako dito akyat ka na muna susunod ako promise”

“sure?”

“oo :)”

“sabi mo yan ah.” Tumayo na ako at saka umakyat.

Pagakyat ko naglalaro sila ng braha. Nakapaikot pa sila sa sahig. Silang apat. Si Ales punong puno na ng powder sa mukha hahaha.

“oi Sali ako!”

“tara! Dito ka hon. Pag natalo ka daw tabi tayo hahaha”

“todasin kita eh” >\_\_<

“HAHAHA”

\*\* \*\*

Halos isang oras na kaming naglalaro dito at nahinto nang bigla kaming may narinig na malalakas na katok sa kabilang pinto.

“SHARLOT! Open this!”

O\_\_\_O <- - - yan kaming lima

“YADA!!! BAHALA KA DYAN!”

“Bah naman!”

Lumabas kaming lima...

“Ano bang ginawa mo Lance?” tanong ni Kysler

“oo nga ano bang ginawa mo?” sang-ayon pa ni Dennis with matching tango-tango effect pa siya!

“Lance ano nanaman ba to? Nag-away nanaman ba kayo?”

“no”

Napatingin ako kay Ales. Umiwas lang siya saakin ng tingin

“Ales alam mo ba to?”

“hindi ah” matigas niyang sagot

Balik nanaman ako kay Lance kasi nagsalita siya at sinabing “walang alam si Ales dito.”

“eh ano bang nangyari pare?”

“wala naman hindi lang nagkaintindihan”

“oh pag-usapan niyo yan” O\_\_\_O

“SEB! Ano ba! Bakit mo binibigay yung susi?”

IBIGAY BA NAMAN YUNG SUSI!!!



“thanks”

ARRRRG!!!!

“wag!” harang ko sa pintuan nung bubuksan na ni Lance kasi naman tong si Seb!!!

“Sweety naman! Haika nga dito hayaan mo silang mag-usap”

“waaaaaaah SEB!!!!...IBABA MO NGA AKO!! LOKO KA KAKALBUHIN KITA IBABA MO KO!!!!”

“ayoko hahahaha...magsasaya naman ako ngayon hahaha”

“HAIL TO MASTER SEB!!!”

“a-a-aaaaraaay MAW!!! Hindi na!! hindi ko na siya master!!! ...b-bitawan mo na tenga ko!!!!”

..  
.  
.  
.

“LANCE LUMABAS KA!!!” sigaw ni Sharlot

“SEB! Ibaba mo ko!! si bessy!!!”

“ano ka ba! Hayaan mo sila wala naman gagawin si Lance sakanya. mag-uusap lang sila!”

“ah-ah naman eh!!!”

\*BLAAAG\*

O\_\_O

Lahat kami napatingin sa may direksyon kung saan sila Lance.

“may nabasag” sambit ko

“narinig ko nga”

“hala!!!”

Naglapitan yung iba saamin

“oi nag-aaway na yata yung dalawa dun”--Dennis

“hindi yan” –Seb

“anong hindi? Eh may nabasag na nga eh” –ako

“hindi naman sasaktan ni Lance si Miyuki >\_\_<” ---Ales

“ano bang problema nung dalawang yun???”—Kysler

Ano nga ba??? Si Sharlot baka nagselos nay un ng todo... Naiinis na ako kay Lance ah.

Chapter 35: plan

Sharlot’s POV

“ah....” Si Lance >\_\_<

Nakahawak lang siya sa braso niya. Hala..

“s-sorry di ko sinasadya... a-ano..”

“ganun ka ba kagalit? Oo sinabi kong hindi ko siya pupuntahan. PERO KUNG IKAW ANG NASA POSISYON KO ITO DIN ANG GAGAWIN KO! TINGIN MO BA GUSTO KO TO! HINDI!”

Hindi ako makapagsalita.

Hindi ko alam pero kinakabahan nanaman ako.

Ngayon lang.

Ngayon lang niya ako sinigawan ng ganito.

“Miyuki, konting pag iintindi naman sakin please. Ayaw ko nito. Alam mo naman yun eh. Ikaw lang naman”

Oo nga pero kasi..

Hindi ko na napigilan bigla nalang akong napaluha.

Para Makita siyang umiiyak din.

“Miyuki. Sorry. Sorry for hiding something from you. Pero kasi pag nalaman mo to pati ikaw hindi mo alam ang gagawin diba? KAYA AKO NALANG! Tama ng ako nalang.”

Ngayon lang siya naging apektado sa bagay tulad ng ganito.

Dati rati kalmado lang siya.

Ano ba kasi talaga ang dahilan?

Ano ba?

Nakayuko lang ako at humihikbi.

Ni hindi ko alam ang sasabihin ko.

Nagseselos lang naman kasi ako eh.

Bakit ba hindi niya masabi saakin?

“s-sorry..Lance sorry”

Lumapit ako sakanya at niyakap siya.

“sorry ulit sorry”

Niyakap lang din niya ako

“sorry din, hindi ko lang talaga masabi sayo”

Hinigpitan ko yung yakap ko sakanya.

“yung braso mo, sorry >\_\_<”

“ganun ka ba talaga kagalit?”

“eh ikaw kasi! Sabi mo di mo na pupuntahan!”

“tss sadista talaga” sabi lang niya habang yakap

“eeeh kasi ikaw eh!!! Sabing wag ka papasok bigla bigla ka pumasok! >\_\_<”

“nagalit ka kasi eh”

“sabi mo kasi di mo na pupuntahan si Loisa sabi mo kasi---“

“hindi ka naman mawawala sa kin diba? Ayos lang na magkaproblema basta kasama kita”

“edi damay naman ako T\_\_T”

“matagal ka naman ng damay”

Naririnig ko yung lakas ng tibok ng puso niya. Nakayakap pa din kasi siya sa kin. At nakadikit ang ulo ko sa may chest part niya.

“sorry” ulit nanaman niya

:(((

Pag nagsosorry siya mas lalo ako nasasaktan.

Kanina kasi pag uwi niya. Nagalit siya kasi bakit ko daw siya hinintay sa baba? Sinigawan pa niya ako. bakit di nalang daw ako nakisama sa iba? Bakit daw kelangan hintayin ko siya? Kelangan daw ba alam ko lahat kung saan siya nagpupunta?

Pati I asked him kung ano ang pinag-usapan nila ni Ales.

Ang sagot lang niya: MIND YOUR OWN BUSINESS TT \_\_\_\_ TT

Pagalit pa niya yun sinabi saakin kanina eh.  
Haist. Mukhang ayaw talaga niya sabihin saakin.

Ang sinabi lang niya ay kasama niya si Eris kanina kaya tumakbo ako papasok sa kwarto T\_\_\_\_T

Tapos bigla siya pumasok.

Tapos nabigla ako kanina kaya ayun

Nasaktan ko pa siya.

Hindi dahil sa pagkakabigla ko.

Nagiging masamang girlfriend na ba ako??

Nasaktan ko si Lance physically

Nakayakap pa din ako sakanya. Hinigpitan ko pa lalo.

Nakahawak pa ako sa likod ng shirt niya

“Lance sorry, sorry talaga.” I said sobbing

Naramdaman ko lang na hinalikan niya yung noo ko.

“Lance yung sugat mo” tumingala ako para Makita ko siya

“isang kiss lang yan mawawala na” >//<

“baliw!!!”

“BESSY!!! AYOS LANG KAYO DYAN?”

“tsk ayan lagot ka binasag mo yung vase nila” sabi niya na may hand gesture pa!

O\_\_O

“Lance naman ehh!!! Nanakot ka pa!”

“Bessy???”

“GAIL! Ayos lang don’t worry”

“lapitan mo baka mamaya isipin nila sinasaktan kita - \_\_\_\_-“

“psh oo na po!”

Lumapit ako sa pintuan at-----

“BESSY!!! SINAKTAN KA PA NG--- O\_\_O”

Nagulat siya ng Makita si Lance na tinitignan ang sariling sugat sa may braso >\_\_<

“BESSY!! Nananakit ka na???”

“eh hindi ko naman sinasadya na ihagis kanya yung lamp shade eh! T\_\_T”

“WHAT THE!! LANCE!!!” sabay lapit ni Ales sakanya

“tsk I’m okay.”

“anong okay dyan? magagalit si Tita Lian pag nakita niya yan! Ano ba kasi ng ginagawa niyo?”

TT\_\_\_\_TT ako na may kasalanan!

Ako na

“sabi ko naman kasi hindi siya sasaktan ni Lance. kita niyo mas sadista talaga kayong mga babae!” ---seb

TT\_\_\_TT

Sorry na nga sabi eh.

“lumabas na nga kayo! Mag-uusap kami ni Sharlot”

O\_\_\_O

Napatingin kami lahat kay Lance nung sinabi yun.

Mag-uusap daw???

“eeh??”

Lumabas na yung iba

Naiwan nalang kami ni Lance >\_\_<

Tapos nakita ko yung emergency kit doon sa may wall nakasabit.

Kinuha ko to at saka lumapit kay Lance.

“a-anong pag-uusapan natin?” hindi naman siya makikipagbreak dahil sinaktan ko siya diba? TT\_\_\_TT

“nagselos ako” he said

Hah?

“saan? Kanino? Kelan?” hala!!! Hindi kaya alam na niya???

Alam na niyang kasama ko si Erick sa banda? Hala!!!

“bakit ang alam ni Loisa si Jake ang boyfriend mo?”

“HAH???”

“hah ka dyan! anon a? bakit siya ang sinabi mo? Bakit di mo sinabing ako?”

“teka! H-hindi ko sinabi yun!”

>\_\_<

Ano bang sinasabi ni Eris?

“magkasama ba kayo kanina? Kahapon? Bakit hindi ko alam?”

>\_\_<

“bakit ikaw! Kasama mo naman si Loisa!”

“don’t get me wrong!” sabat niya

“then don’t get me wrong too! It was just a coincidence! Nothing more!”

“coincidence na sinabi mong boyfriend mo siya?”

“HINDI. KO. NGA. SINABI!”

“kung magsasabi ka nalang ng boyfriend dapat ako nalang sinabi mo!”

“alam mo namang sinusunod ko lang ang gusto mo” dagdag pa niya

(\_\_ \_\_)

Kasi. Bakit hindi ko pa sabihin kay Eris para tama na?

Bakit ba ako naawa?



Bakit ba kasi ayaw ko siyang masaktan.

Pero alam ko.

Sabihin ko man o hindi

Masasaktan siya.

Ang pagkakaiba lang

Pag sinabi ko sakanya siya alng ang masasaktan

Pag hindi naman sinabi

Kaming lahat ang magdudusa.

Pero still sa dalawang choices na yan.

Masasaktan siya

Sabihin man o hindi.

“ewan ko.” tumayo si Lance tapos lumabas siya

Gail's POV

Bigla bigla nalang akong hinatak ng tipaklong na Seb na to!!!

“bakit mo ba hinahayaan si Lance hah?”

“ano ka ba! Nagkakalabuan sila hayaan mo silang mag-usap”

>O<

Si Ales at Kysler naman nag food trip sa baba.

Si Dennis naman?

Teka nga!!!!

“DENNIS!”

“oh? habang nakafocus sa pinapanuod niya sa youtube -\_\_-“

“oi ano yan? Ganda ah!” nakisama pa si Seb

“ang sexy talaga nila sumayaw!!!”

Kulang nalang hatakin niya yung mga babaeng sumasayaw sa monitor!! Aish!!! Teka nga

“Dennis may sasabihin ako sayo”

Binigyan naman ako ng matalas na tingin ni Seb - \_\_\_ - paki ko ba? Wala naman ako ginagawa ah!  
Makikipag usap lang! seloso talaga

“gusto mo ng girlfriend diba? May irereto ako sayo!”

“t-talaga???? \* \_\_ \*”

- \_\_\_ -

Mga lalaki talaga!!!

“s-sino yan? Maganda ba yan? Cute? Sexy? Ano dali! Bilisan mo! Akin na yung number!!!”

“teka lang naman diba?”

Hoho. Lagot ka eris sa pinaplano ko!!! tiyak titigilan mo na ang Lance ng BESSY KO!!!

“Teka Lance! saan ka pupunta???” tanong ko nung makita ko siyang palabas ng sala

“sa condo uuwi - \_\_\_\_-“

Hah?

“bakit?”

“ewan ko - \_\_-“

Hala tong dalawang to!!!

“LANCE! SASAMA AKO SAYO!”

Napalingon naman ako sa sumunod na si Sharly.

Aish di pa pala tapos ang away nila

“HOY DALI NA! ano na maganda ba?”

“teka dennis pwede mamaya?”

“HINDI! Dapat ngayon na \*Q\* dapat maganda yan kung hindi hahanapan mo ako ng bago!!!”

- \_\_\_\_ -

Lumabas na yung dalawa...

Umuulan pa naman,

Bahala na nga sila >\_\_<

Stressful yung dalawang yun!

Parang bata mag away! Mamaya naman bati na ulit sila amp.

Ewan ko ba kay Sharly

“Hoy Nerdy Gaily!!! Patingin na ng piksur niya dali na!!!” - \_\_\_\_ -+++

Buti nalang cute ka Dennis kung hindi kanina ko pa to sinapok >\_\_<

“heto oh” sabay abot ko ng phone sakanya

Parang nag twinkle naman yung mag mata niya

“KILALA KO TO!!! NAKITA KO SA SCHOOL TO!!! \* \_\_\_\_\_ \*”

“yung kapatid ni Tamayo!!!”

Chapter 36: UNDER THE RAIN

“LANCE!!! magpayong ka nga!!!”

Umuulan tapos ni hindi man lang nag abalang magpayong papunta sa sasakyan niya!

“LANCE NAMAN EH >\_\_<”

“ano?”

“basa ka na oh!”

Nagmadali ako papunta sakanya.

“psh”

“Lance galit ka?”

“no”

“eh bakit ka uuwi??”

“kasi alam kong susunod ka” saka pa siya ngumisi >\_\_<

Ano ba yan!!! Mga plano niya gumagana saakin! >\_<

“hindi ka talaga galit?” tanong ko habang pinagbuksan niya ako ng pintuan ng sasakyan niya

“hindi nga” nakangiti pa siya

“pasok na mabasa ka pa” dagdag niya

“ayieeee akala ko naman galit ka na! pero makakapagdrive ka ba? Yung braso mo eh”

“isang kiss nga lang gagaling na”

Umupo na ako. kiss daw? Ayoko nga >3<

Tapos tumakbo siya papunta sa driver’s seat

Habang nagdadrive siya di ko maiwasan mapatingin sakanya.

Ang seryoso ng mukha niya. Pero mas gusto ko pag ngumingiti siya.

Ako lang kasi halos nakakakita nun ^\_^

Hindi daw siya galit.

Pero ako galit! Sinigawan niya ako kanina.

>3<

\*haist\*

Pumikit muna ako.

At di ko namalayan nakatulog na ako.

...



Tumawa lang siya tapos lumabas

“HOY LANCE!!!”

“LABAS NA!” sigaw din niya sa labas >\_\_<

Eh ano pa magagawa ko?

Kahit maginaw wala naman ako magagawa eh amp naman kasi

Kurutin ko siya eh >\_\_\_\_\_<

Hindi ko na siya Makita kasi ang lakas ng ulan tapos ang dimil dilim pa. pinatay kasi nya yung ilaw ng sasakyan niya.

\*tok toK\*

>\_\_< si Lanc kinakatok na ako

“baba na bah!”

T\_\_\_\_T

Sandals ko masisira.

Tapos bigla nalang nagbukas yung pintuan

“waah Lance lumayo ka! Basa ka! T\_\_\_\_T”

“hahaha c’mon!” he said and extended his arms and pulled me

“kyaaaaaaah! Kasi naman Lance eh!!! T-teka!! Wag mo ko hilain! Yung payong!”

“wag na” tapos bigla niya ako hinila at parehas kaming tumakbo sa ulan. Syempre hila hila niya ako >//<

“LANCE KASI EH!! MAGINAW!!!” brrr >\_\_<

Napatigil kami sa pagtakbo, yung sasakyan niya iniwan niya sa gitna ng daan.

“baka da!” (idiot!)

“watashi wa baka janai” (no I’m not)

“waaaaaaaaah!!! Ang ginaw ginaw >\_\_\_<”

Humarap siya saakin, walang tao sa paligid tanging kami lang ang nandito sa may sidewalk.

Yung ulan lalo pang lumalakas.

Humarap siya saakin at niyakap ako...

“Lance yung sugat mo.. hindi kaya ma infect yan?”

“hayaan mo lang, you’re feeling cold right?”

>///  
<///>

Better kung hindi under the rain tong eksena hihi

Yumakap lang din ako sakanya kahit na basang basa na kaming dalawa

Tanging yung yakap lang niya ang nagbibigay ng init ngayon saaming dalawa

“Sharlot??” malumanay lang ang boses niya.

Hindi ko maintindihan si Lance ngayon.

Dati rati hindi siya ganyan maglambing

More on mang aasar yan pag naglalambing

More on pagtritripan pa niya ako.



"I'm breaking up with you"

Hah?

Parang awtomatikong pumatak nalang yung luha ko nung sinabi niya yun

Parang may kumirod sa dibdib ko nung sinabi niya ang mga salitang yun

And worst bakit nakayakap pa din siya saakin?

At sobrang higit pa.

Hindi pa din ako makapagsalita.

Hindi ko alam ang sasabihin ko

Pero kasi...

"Lance...."

Hindi na din siya nagsasalita at unti unti siyang kumakalas sa yakap namin..

"L-lance... d-dahil ba.. dahil ba... dahil ba nasaktan kita? Dahil ba nasugatan kita???"

Hindi siya makatingin saakin

"LANCE!!!" sigaw ko kahit alam kong basag na ang boses ko dahil sa labis na ang pag-iyak ko

"D-dahil ba..... kay..... Eris???"

Hindipa din siya umiimik...

Pero imbes na iwanan niya ako bigla nanaman niya akong niyakap. Mas mahigpit kesa kanina.

Napahawak ako sa damit niya.

“Lance...”

“sira ka talaga, bakit mo naman iisipin na seryoso ako? baliw ka ba? Bakit naman ako makikipagbreak sayo? Mahal na mahal kita para hiwalayan ka. Sinusubukan ko lang maging sadista”

“EEEEEEHHHH KASI NAMAN EH!!! Akala ko totoo!!! Akala ko talaga makikipagbreak ka na.. akala ko dahil wala----“

“wala kang hinaharap, wala ka ding---“

Hinampas ko siya ng sobrang lakas.

“sadista ka pa, pero kahit ganun mahal kita”

>\_\_\_<

“wag mo ko tinatakot Lance! ipapakain kita kay Lolong!!! Tapos ipriprito kita sa kumukulong mantika! Tatanggalin ko lahat ng ugat mo na parang pasta!!! At higit sa lahat itatapon kita sa kumukulong magma!!!!!”

“hahaha ang sama magalit ng girlfriend ko” tapos hinila niya ako papalapit sakanya

>\_<

“kasi naman eh!!”

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko at saka pinunasan ang luha ko, kung may Makita man siya. Umuulan eh >\_<

Tapos unti unti niyang nilapat ang mga labi niya sa labi ko

"I love you Sharlot"

I so love you too Lance..

"please wag mo na ako tatakutin ng ganun... magpapakamatay talaga ako pag ginawa mo yun"

\*pak\*

"ARAY NAMAN LANCE! BAKIT MO KO BINATUKAN?" batukan daw ba ako? >\_\_<

"tanga ka ba? Bakit ka magpapakamatay? Sira ulo ka! Pag ginawa mo yun susundan kita!"

"ganun mo ko ka love? parang Romeo and Juliet lang?"

"wag mo nga i-idolize yung love story nila. If only Romeo thought twice before doing that and if only---" I cut him off "kung hindi sana sila nagkasalisi nung sulat"

"fate was harsh on them"

"pero istorya lamang yun Lance"

"I know"

Bigla siyang naglakad at hila hila pa din niya ako.

"Lance wag mo ko iiwanan ah, wag mo ko hihiwalayan, kasi kung gagawin mo yun...Lance hindi ko alam ang magagawa ko, kay Eris"

At sa sarili ko :(

“malalim na ang gabi, i-uuwi na kita -\_\_\_\_-“

Pero bumalik kami sa sasakyan???

“akala ko ba sira???”

“joke lang pinagtritripan lang kita”

“Lance naman eeehh!! Namumuro ka na ah!”

“balik n atayo kina Gail” nakangiti lang siya

Tapos tumakbo na kami pabalik sa sasakyan ^\_\_^

And actually,

Nadapa pa ako -\_\_-

And worst imbes na itayo niya ako.

Tinawanan pa ako!

“ANG SAMA MO!!!” >\_\_<

T\_\_T

Galos galos tuloy ang beauty ko T\_\_\_\_\_T

Chapter 37: ramdam

“a-ACHOOO!” T\_\_\_\_\_T sabi na eh! Kaya ayaw ko magpaulan eh

“drink this” offer niya sa gatas

“tha---ACHOO!!!” waaaaaaaaaaaah T\_\_\_\_\_T

Umupo siya sa may tabi ng kama.

“mas sakitin ka pa yata saakin?” sabi niya habang inaayos niya yung buhok ko na nakaladlad

Ako naman ay ininom lang ang gatas na inabot niya saakin >3<

“kasalanan mo to eh! Nagbabad kasi tayo sa ulan. Ang ginaw ginaw pa naman” reklamo ko

“hindi naman, nagpadapa ka kasi. Clumsy Girlfriend”

Nang-asar pa!!!

“ikaw kasi eh! Bigla mo ko hinila at tumakbo! Nadapa tuloy ako. ang sakit sakit nga eh”

Saka ko pa itinaas ang siko ko na nagalusan

“and your lips too” sabi pa niya

T\_\_T

Edi ako na nga ang nasubsub! Yuck!

“Lance wag mo na uulitin yung joke mo ah >\_\_< natakot kasi ako dun sobra.”

Jokes are half meant pa naman.

“hindi na” sagot niya habang inilapat niya yung noo niya sa nook o.

“talaga?” \*pout\*

“oo hindi na” he answered while smiling pa

Tapos humiga siya bigla sa kama >\_\_\_<

“hoy! wag kang pipikit! Lumabas kana!”

“ayoko - \_\_\_-“

> \_\_\_\_\_ <

“ACHOO!” > \_\_\_\_\_ < ayoko na!!! kanina pa ako bahing ng bahing dito! Diba si Lance ang sakitin?  
Bakita ko ang binabahing ngayon?

Ginawa niyang unan yung mga kamay niya at nakapikit na siya.

>\_<

“Lance naman eh baka mamaya pumasok na sila Gail dito”

“hayaan mo sila”

Sama talaga ng ugali nito.

Naririnig ko dito yung mga halakhakan nung mga lalaki sa kabilang kwarto.

“oi ayaw mo sumama sakanila?”

“don’t wanna”

Humiga din ako at nag-side para nasa harap ko siya. Ganun din naman siya nag side din at humarap saakin tapos bigla niya ako hinapit sa waist at inilapit sakanya.

He really loves cuddling me. ^ \_\_\_ ^

“pakiss” O\_\_O

“kelangan nagpapaalam? Haha”

Ngumiti lang siya tas waaaaaaaaaah ang lapit na ng face niya.

“A-ACHOO!”

O\_\_O siya yan nagulat siya hahaha ang cute eh

“ano ba yan kagatin kita dyan eh” >///  
<

Baliw siya.

“EHEM!! EHEM EHEM! EHEEEEEEM!!!! Hahaha sorry nakaka istorbo kukunin ko lang cellphone ko hahahaha”

Ako naman si agad napaupo sa kinahihigaan ko.

“Gail talaga”

“oi Lance yung mga lalaki dun pinapakialaman na yung FB mo! Grabe lang ah tinawag ng pangit lahat ng mga babae dun haha”

Eh???

“hayaan mo lang”

EEHHH???

“ang sama niyo naman! Bakit naman nila sinasabihan ng pangit lahat ng babae? Tapos ikaw! Hinahayaan mo lang sila na gamitin account mo >\_\_<”

“I don’t even know them”

“who?” tanong ko

“mga sinasabihan nial ng pangit -\_\_-“

“ah! Eh bakit ka kasi accept ng accept”

“ewan.”

Psh sira ulong Lance

Tumayo si Lance tapos lumabas ng kwarto. Parang timang siya ngayon. Hindi naman ganyan si Lance eh. Baka gusto kumain?

“Ah Gail anong ginagawa niyo ngayon dun?”

“wala lang puro laro lang eh. Balak nga sana walang tulugan kaso may pasok nga pala kayo bukas”

>\_\_<

Oo nga

Anong oras na din pala? Madaling araw na din eh

Lumabas na din si Gail kaya naman sumunod din ako sakanya hanggang sa kabilang kwarto. Nandun lahat except sina Lance at Ales? Nagkakuwaan yung iba eh.

Ayaw ko naman sila abalihin para tanungin ung asan si Lance

Hinanap ko siya. Unang kong pinuntahan ay ang kusina. Wala naman siya doon. Wala din naman siya sa sala?

Umakyat ulit ako sa second floor then may narinig akong nag-uusap sa may veranda.

At alam ko kung kaninong boses yun. Agad naman akong nagpunta doon.

Lumapit ako sakanila. Tatawagin ko n asana si Lance kaso...

Iba yung mood??

Yung tipong nagulat ako...

“Ales di ko kaya”



“wag mo na kasi siyang isipin, hindi mo siya obligasyon Lance.”

“I know pero kasi--“

“Lance you need not to fulfill all her wishes. You’ve done enough, so stop your stupidity Lance.”

Hindi man nila banggitin alam ko... alam kong si Eris ang tinutukoy nila...

Hindi ko kayang pakinggan lahat kaya naman bumalik nalang ako sa kwarto.

\*\*

Umaga na. >\_\_<

Pero mag isa ko lang sa kwarto. Pfft natulog ata ang mga yun sa kabilang kwarto.

Aish mga yun talaga. Naligo nalang ako at nagbihis. May uniform ako dito sa bahay ni Gail. Ewan ko baka kinuha nila kahapon hoho.

“GOOD MORNING!!!” batik o sakanila pagkababa ko.

Andun kasi silang lahat ^\_\_^

SMILE SMILE MIYUKI ^^

“morning” chorus nila

Nakisalo na ako sa hapagkainan.

“si Lance?” tanong ko

“maagang umalis eh. May quiz daw”

“ah. Okay”

“kayo ba ayos na talaga?” tanong pa ni Gail

“ah oo” ata?

Kung hindi ko narinig yung kagabi, siguro totoong Masaya ako ngayon.

Ewan ko ba.

“oi papasok na din ako ah. Bye bye” paalam ni Ales

“teka maw! Sama na ako... Miyuki una na kami ah. Kita nalang tayo mamaya sa room” paalam naman ni kysler at saka sila umalis

“si Seb?” tanong k okay Gail

“tulog pa eh. Yaan mo yun hapon ang gising nun”

Napangiti naman ako dun. Alam na alam ang oras eh

“ah sige aalis na din ako niyan”

“ano ka ba! Maaga pa. kumain ka muna”

Ayaw ko naman mabulyawan kaya kumain nalang ako kahit wala akong gana. Ayoko kasing isipin nya na may problema kami ngayon ni Lance though di naman mawawala yun.

Tatayo na sana ako kaso bigla naman nagsalita si Gail.

“Bessy, you cannot fool me. Bestfriend mo ako. ano? May problema ba?” she asked. Halata naman sa mukha nya na concern na concern siya eh.

“Sharlot, tell me” she begged

Umayos ako ng upo...

Seryoso ang mukha ni Gail...

At pati na din naman ako.

“kagabi nung lumabas kami”

Akala ko kasi wala lang yun

Akala ko Masaya na.

“what happened bessy?”

“sa tingin ko kasi” I paused.. hindi ko kayang ituloy.

Ayoko mang isipin pero kasi....

Mahigpit kong hinawakan yung mug sa harapan ko....

Hindi naman ako ganun kamanhid para hindi maramdaman yun.

Kagabi nung narinig ko silang nag-uusap ni Ales..

Kagabi....

Naramdaman ko....

Pumukit ako at saka nagsimulang sabihin kung ano ang mga nasa isipan ko.....

“Last night...I think it was not just a joke.... Gail... I think Lance really tried to break up with me. ”

Is he even planning to break up with me?

:(

Chapter 38: what's up with her?

“Miyuki! FOCUS! Ano ba! Wala ka sa timing!”

TT\_\_TT

“s-sorry”

“Lance wag ka naman ganyan kay Miyuki” awat ni Dennis

“break muna” sambit niya

Si Lance, mali si Erick yung nagalit.

\*haist\*

Umupo nalang muna ako at uminom ng tubig. Nagprapractice kami ngayon para sa battle of the bands daw. Ayaw kong gawin ito pero kelangan ko eh. Ayaw ko din naman mabagsak. May incentives din kasi ito. Sayang naman. Ang kaso...

“bakit wala ka sa focus?”

“as if you care” pagsusungit ko kay Erick

“Dennis san ka pupunta? Sama ako >\_\_<” sambit ko nung napansin kong paalis si Dennis

“Cr sasama ka crush?”

>3<

Ano ba yan!

Wala pa din pala akong kawala.

“wala ka sa tune and worst wala ka din sa timing.”

“may problema lang. sorry naman” sabi ko pero hindi naman sincere. Pag nakikita ko siya naalala ko kasi si Eris

Kambal sila eh. Magkamuha sila

Amp

Ewan ko pero unti-unti na akong kinakain ng pagkaselos ko. ewan ko ba. :(

“Miyuki”

“Erick bakit ganun ang kapatid mo? Bakit patuloy siyang umaasa kay Lance kahit na---“

“reasons Miyuki reasons”

“hindi mo ba siya pwedeng pigilan? Pagsabihan? Erick kasi ako hindi ko siya kayang suwayin.” Hindi ko alam pero naiiyak na ako.

As much as possible I don't wana see Eris. I don't wanna talk to her

“miss ka na niya” sabi pa ni Erick

“i'm jealous Erick” unknowingly nasabi ko nalang yun

Hindi naman kasi ako nakatingin sakanya kaya hindi ko alam kung anong naging reaksyon nga. Nakayuko lang ako habang kinakausap siya. Nahihiya kasi ako. kasi ang tanga ko din. At isa pa. ayokong Makita ang mukha niya. Ayokong Makita ang kamukha ni Eris.

Selos.

Kinakain ako ng pagkaselos ko :(

Nasusuklam ako sa sarili ko.

Wala naman kasi dapat akong ikaselos diba?

Wala naman

Dahil ako ang mahal ni Lance

Kahit pa alam kong binalak niyang makipaghiwalay saakin

“Si Eris ba...at si---“

“isa lang masasabi ko dyan, ilang beses ko ng pinagsabihan ang kapatid ko. Paulit ulit nalang. Pero huli nalang Miyuki, Huli nalang” biglang may tumulong luha sakanyang mga mata.

Luha na imposibleng Makita sakanya.

Kaya kahit hindi ko maintindihan ang sinabi niya. Nahahabag ako.

Hindi ko na alam.

Mahirap magpakamartir. Pero mahal ko talaga si Lance.

“Erick I love him so much, I love him that I wanna take away Lance. Away from your sister. I love him that sometimes I wanna become selfish as well.”

“sorry, sorry Miyuki...” nakita kong nakayukom lang ang kamao niya.

:(

Kasalanan din ba niya? Hindi naman diba? Pero somewhat oo.

“sorry kung pinipressure din kita dito” napatingin ako sakanya. Siya ba to? Sorry ng sorry eh >\_\_<

Bumalik na din yung dalawa pang kasama naming sa banda.

“oh ano? Game na ulit?” tanong ni Dennis

“hindi, tama na muna.”

Eh???

“sure ka? Salamat pare! Sige alis na ako!” agad naman na nagmadaling umalis yung isa. Nakalimutan ko na pangalan eh. Di kasi kami close. >\_<

“anyareeeeeeee???” tanong ni Dennis

“hah? Kanina pa tayo nagprapractice eh kaya tama na muna” sagot naman ni Erick habang inaayos niya ang gitara niya

Buti nalang at tama na ayoko na din kumanta sakit ng lalamunan ko eh.

“ACHOO!” T\_\_T

“pagaling ka ng di naman maapektuhan performance natin sa susunod”

“ah okay, salamat Erick”

>\_\_<

Kahit na kung anu-ano ang sinasabi ko. Siguro nahiya siya sa ginagawa ng kapatid niya?

“crush! Alis muna ako ah. :”>>> may gagawin lang hihiji” kahit kelan ang landi talaga ni Dennis

“sige ingat”

Haist

Paalis na din ako pero kasabay ko si Erick? Well may klase pa kami niyan mamaya eh baka pupunta na din siya sa classroom namin?

“nag-away ba kayo ng boyfriend mo?” tanong niya ng di nakatingin saakin. Sinasabayan niya ako maglakad

“normal lang naman na mag-away kami. Pero hindi kami nag-away”

“dahil pa din ba sa kapatid ko?”

“oo, dahil sakanya. Pero don’t worry hindi kami nag-away”

We did not fight but He attempted to break up with me. I guess?

I sighed again. Remembering what happened last night. I couldn't bear that if that would happen. So please...

So please...

Don't....

Don't you ever dare break up with me Lance :(

...

...

...

Jade Louise POV

"yah Jake! What are you lookin' at?" I asked kasi he was like.. I don't know -\_-

Why am I with him anyway?

"tignan mo yun" while pointing at them

"so Miyuki.. and who's with her?"

"the jerk"

"why are you so in love with that woman? Gosh! Wake Up Jake! She's not---"

"I'm not in love! Okay? Hindi ko siya mahal!"

"so what? Mahal na mahal lang? oh come on jake! Wake up!!!"

I'm here.

>\_\_\_\_<



“if you won’t stop Jake. If you won’t stop.. I can make her life miserable again!”

“really? Kaya mo? I think you can’t do that. Hindi mo kaya. Sa nakikita ko pinapahalagahan mo na siya. As a friend JL”

“YUCK!! Mandiri ka nga sa sinasabi mo! I don’t wanna be her friend! I am her RIVAL! Rival!” I hissed

GOSH! Nakakainis. Why would he think like that?

Is he insane???

“MIYUKI!!!” I shouted to get her attention

“hoy! Bakit mo siya tinatawag?”

“who cares Jake?”

“MIYUKI!!!” I shouted again. And there she goes. Nakit na niya kami and she went closer

“bakit?”

“who’s he?” I pointed at the guy with her awhile ago

“ah kaklase ko. And bandmate”

Bakit ko ba siya kinakausap?

“oh akala ko you’re cheating din like Lance”

“he’s not cheating” she said firmly

“how’d you know?”

tumayo na din si Jake....

“Miyuki yung kasama niyo nun sa coffeeshop”

“a-anong tungkol sakanya?” parang kinakabahan pa siyang sumagot

Oh wait ako na nga magtatanong

“is she really Lance’s cousin?”

“hah?”

I thought so...

“so hindi nga? Ang lame naman kasi ng excuse ng lokong yun.”

“ano?” she asked again

“sabi ko, PINSAN ba talaga ni lance yung payatot na yun?” i asked then rolled my eyes

“ah.. can we talk later nalang? May klase pa ako” pero bago pa siya umalis hinawakan siya ni Jake sa braso to stop her from walking out

“umamin ka nga Miyuki. May problema ba kayo ni Lance ngayon?” he asked

“WALA!”

Wala? Pero kung makareact siya?

Gosh! Lokohin niya lola niya! Kainis na

“Miyuki wag mo ngang pagtakpan si Lance. Eh ano ngayon kung mahal mo?”

“wala na nga kasi kayo dun! Wala naman kayong naiintindihan sa nangyayari saamin ngayon eh!” and the umalis na siya tumakbo na.

“what’s up with her? We’re trying to help here. Gosh”

## Chapter 39: the Game

### Miyuki's POV

Umalis ako gawa ng nainis ako. Hindi naman kasi nila alam ang lahat kaya wag naman sana nila ako diktahan o pagalitan diba? Martir na kung martir. Pero mahal ko talaga si Lance. Hindi ko kaya pag nawala siya saakin. Kaya I'll do everything to keep him. Maaring hindi ko nga din kasi alam ang lahat. But iniisip ko din lahat ng pwedeng possibilities. Masakit lang pero naiisip ko din na he might love Eris too.

No no!! no Miyuki. NO! hindi talaga

Hindi...

"lunch na. di ka ba bababa? Umalis na mga kaibigan mo" napatingin ako sa taong nagsalita. Si Erick lang pala

"wala akong gana." I answered

Pero gutom na talaga ako T\_\_\_\_T

"mukhang wala ngayon mga kaibigan mong magulo. Busy yata?" paki niya ba? Kelan pa siya nagkaroon ng pakialam saakin? Haist

"ayaw lang siguro nila ang aura ko" sabi ko nalang

Totoo naman eh. Si kysler dun siya kay Ales. Si Dennis ewan ko naghahanap siguro ng bagong crush?

"di ko pa nasasabi sayo to pero ang ganda ng boses mo" eh??? Maganda boses ko?

"wala lang bihira lang din kasi ako makasama sa mga gig na may babae ang vocalist. Halos lahat ng mga kilala ko lalaki ang vocalist"

Ang daldal ah

"talaga?" tanong ko

"oo."

Ngayon na napansin ko. Dalawa lang pala kami dito ngayon.

\*riing riing\*

Ah...

“hello?”

(Miyuki! I miss you)

“Loisa. Napatawag ka?”

Tama Loisa nalang itatawag ko sakanya >\_<

(samahan mo ako Miyuki!!! Hihi)

“eh? Bus----“

(please? May game kasi si Nathan. I want to watch him kasi. Please please.. samahan mo ako >\_\_<)

May game pala si Lance???

Girlfriend ba talaga ako? Hindi ko alam yun :(

“sige wait lang ah”

(yehey! Hindi ka na busy? Sure ka?)

“yeah” matabang kong sagot

Then I hanged-up

“Erick”

“oh???”

“sama ka”

“sa?”

“game ni Lance”

“para san pa? wag nalang ikaw nalang”

“with Loisa!” I hissed nakakainis

“fine” sagot niy ana halata naman napipilitan.

\*bzzt bzzt\*

1 new message received

From bah:

Bah may game. Come watch

--end--

TT\_\_\_\_TT akala ko hindi na niya ako yayayain! Akala ko naman eeehhh T\_\_\_\_T

Naiiyak na ako sa tuwa. Kainis talaga tong si Lance akala ko tuloy..

-\_\_\_\_-

Teka si Loisa ang una niyang sinabihan!

Asar naman eh >\_\_<

“Erick magcu-cut ako sunod ka nalang ba o sasama?”

Kesa naman dalawa lang kami ni Loisa magkasama isasama ko na din si Erick. Asar lang

“ACHOO! T\_\_\_\_T” di pa din nawawala to. Feeling ko sisipunin pa ako niyan kaasar naman

Tinapos nalang naming ang last subject and then umalis na kami papunta sa gaganapan nung game. Nandun na din naman daw si Loisa eh.

\*\*

Pagkarating naming dun nakita na kaagad naming si Loisa

“wow kasama mo ang kuya ko. Ang galing naman nakakatuwa” sabi na niya bakas naman sa mukha niya yung pagkatuwa

“puntahan natin si Nathan sa---“

“wag na Loisa” said Erick

“Lance naman eh. sige na please???i-gogoodluck ko lang naman siya eh. Miyuki tara tara hayaan mo si Lance”

“ah... ikaw nalang” sabi ko

> \_\_\_\_\_ <

“hah? Di mo ako sasamahan? Ayaw mo ba Makita si Nathan? I-gogoodluck lang naman natin siya eh. Nahihya ka ba sakanya? Wag ka mag-alala ako bahala dun”

Haist

“please? Miyuki please???”

“sinabi niya ba sayong may game siya ngayon?” tanong ni Erick kay Loisa

“ah...hehe hindi” sagot niya

“hindi pala eh edi wag mo na siya puntahan”

“Lance naman eh! Gusto ko lang naman siya i-goodluck bago yung game niya at para naman---“

“Loisa listen. Wag mo nga pinagpipilitan sarili mo”

“BAHALA KA DYAN!> TARA MIYUKI!!!”

Ehh??? Bigla nalang niya ako hinila paalis.

“sorry sa inasal ko ah” sabi niya nung makalayo kami

Patuloy pa din kami naglalakad. Hindi ko na siya sinasagot at tumahimik na din naman siya. Hindi ko alam kung nararamdaman ba niya ako o ano? I don't know hindi naman ako galit sakanya eh. Alam ko kasi ang lagay niya. Isa pa. ako naman ang mahal ni Lance. At yun lang ang pinapaniwalaan ko. Mahal naman niya ako eh. Sabi niya mahal niya ako.

"ah dito na tayo" sabi niya nung huminto kami sa isang pintuan.

Dito nag stay ang mga players eh. Ang alam ko?

"hi miss" nakangiting salubong ng isang lalaki saamin

Inirapan ko lang siya.

"ang sungit naman ni miss. May pupuntahan ba kayo sa team na yan? Mga bulok naman yang mga yan eh"

"pwede? We're not here to argue with you and I don't even know you. Kaya pwede? Wag mo silang laitin?" nakakaasar na eh >\_\_<

Si Lance? Bulok daw ang team nila Lance?

"hah! Di naman kami matalo talon g team nila eh. Saka takot naman yata yung sinasabi nilang.. sino nga kasi yun? Si Mariano bay un pare?"

"AH!! HINDI KAYA MAHINA SI NATHAN!! DUN KA NGA!" pinagtulakan ni Loisa yung lalaking lumapit saamin

Inawat ko nalang siya para lumayo na kami kaagad

"Miyuki naman eh! Dapat di mo ko pinigilan! Nakakainis! Hindi nila pwedeng maliitin si Nathan! Magaling si Nathan! Kaya nga kita sinama dito para Makita mo siya maglaro eh. Hindi para laitin ng mga yun >\_\_<"

Hindi pa kami nakakalayo nang may marinig kami na lumabas mula sa kinaroroonan nila Lance.

“anong nangyayari dito? Nandito nanaman ba kayo para humamon ng away? Kung si Lance nanaman ang problema niyo mga GAGO! Nandito siya! Hindi lang siya nakasama sa game last year dahil injured siya! Mga gago pala kayo eh! MAGSI-ALIS NGA KAYO!” taboy niya dalawa

“buti nga sainyo!!! Di kasi kayo magaling kaya nanmbwibwisit lang kayo ng supporters ni Nathan!”

Napatingin saamin yung lalaki. Kilala ko ata siya? Ah oo kilala ko nga. Siya si Michael. Siya yung dati yung kapustahan ni Lance >\_\_<

“Miyuki?” tawag niya

“kilala ka niya?” tanong ni Loisa

“k-kasi classmate kosi Lance dati kaya ayun” lusot ba? >\_\_<

Pumasok kaagad si Michael at lumabas si Lance???

Nagulat si Lance na magkasama ata kami ni Loisa

“anong ginagawa niyo dito?” sungit naman

Lumapit siya saamin

“nandito kami para sabihan ka ng GoodLuck diba Miyuki???”

“ah oo. Sinamahan ko lang si Loisa para magsabi ng Goodluck” saka ako nag iwas ng tingin.

“oi teka lang hah. Sa Cr lang ako saglit. Nathan san ba Cr dito?”

“dun” turo ni Lance

“ah sige.. Miyuki wait mo ko dito hah”



“ah sige.”

Nakaalis na si Loisa....

“bakit mo siya sinama? Ikaw nga lang sinabihan kong may Laro ako ngayon. Bakit mo siya sinama?”

“siya nagyaya saakin dito” paliwanag ko na hindi pa din nakatingin sakanya

“psh ang daya naman” bulong niya pero narinig ko pa din

“sige susundan ko na siya” bago pa man ako makaalis pinigilan na niya ako

Hinila at saka hinalikan

“L-Lance an---annnnn”

Patuloy lang siya sa paghalik saakin.

“I’ll win this game... for you Sharlot” mahina lang ang pagkakasabi niya pero sapat na para mapangiti ako ng sobra.

“dapat lang, lampasuhin mo yung mga nanlalait sayo. Mahirap magtimpi”

“ah—Lance.. yung kagabi”

“Miyuki” lumingon ako sa kadarating lang

“Erick...si Loisa?” tanong ko

“hindi ko na siya pinapunta dito. Pinabalik ko na siya”

“ah ganun ba.. sige... Lance... balik na din ako”

“Erick tara na?”

“mamaya... mag uusap pa kami ni Nathan”

Napatingin ako sakanila..

Masyadong seryoso ang mukha nilang dalawa.

“Balik ka na dun Sharlot”

Ganun ba kaimportante ang pag-uusapan nila? Ayaw ba nilang marinig ko?

Chapter 40: Party

Gail’s POV

“SEEEEEEEEEEEEEEEB!!!”

“aray naman natutulog pa ako babe”

“BABE KA DYAN! UPAKAN KAYA KITA! Bumangon ka na nga dyan! KUNG HINDI TATADYAKAN KO YANG PINAKAMASAKIT NA PARTE NA YAN!”

“ito naan ang aga naman. Nagger talaga”

“Seb naman kasi! Tumawag mommy mo!”

“hayaan mo yung hukluban nay un. Hindi nanaman niya ako bibigyan ng pera. Lagi naman”

“pasaway ka kasi! Gawin mo kasi yung pinapagawa sayo!”

“eh ayoko nga nakakatamad. Sila nalang kaya naman nila yun”

Pasaway talagang Seb to!!

“CERIC SEB REYES TUMAYO KA DYAN!”

“kiss muna “ sabi niya habang nakapikit pa din at nakanguso pa

Sarap talaga ingubngub sa basahan yung labi niya

“ang tigas tigas talaga ng ulo mo! Tumayo ka na dali!”

“A.YO.KO NGA KA.SI” nakapikit pa din siya niya

Ay bahala ka dyan!!!

“BAHALA KA!!” hinagis ko sakanya yung unan.

Kaasar di nanaman niya sinusunod mga magulang niya. And then later ako nanaman ang tatawagan nila at pagsasabihan!! Naku!! Hindi ko talaga makasundo dun yung ate ni Seb eh nakakainis! Sobra siya ah kung tratuhin niya ako parang alalay lang. ay swerte naman nila! May alalay silang matalino! Pasalamat sila mahal ko tong si Seb eh. Kahit na madalas sakit siya ng ulo ko.

Oo na I'm not okay with his whole family dad lang naman niya ata nagpasya na ipakasal tong si Seb eh?

“Hon matulog ka din dito tabihan mo ang mister mo”

Mister daw?

“MANAGINIP KA DYAN!”

“osige maganda naman panaginip ko eh. Wet dream naman nandun ka nga eh”

“SEB!!!!” suway ko ang bastos kasi talaga

Umupo siya at saka kinusot ang mata. Ang gulo gulo ng buhok niya tapos kung makahikab naman parang walang bukas. Naka jogging pants lang din siya at walang damit pang itaas - \_\_\_ -

Mapulmunya ka sana!

“matulog ka na din muna kasi” sabi niya habang niyayakap niya yung unan at halata naman kasi inaantok pa siya

“halika na my loves” inaabot pa niya yung kamay niya..

Hay naman oh!!

Hinila niya ako kaya napaupo nalang din ako sa tabi niya

“matulog muna tayo hon”

- \_\_\_\_\_ -+++

“hindi mo ko makukuha sa pa-hon hon mo Seb! Malilintikan ka sakin”

“ito naman”

Yumakap siya saakin “matutulog ako Gail” bulong niya

>///  
<

Sa Gail! Dyan ako parati nadadali sakanya! Alam na alam niya kung paanu ako pakikiligin! Kainis talaga to

“kyaaaaaaaaah! Ano ba1 bigla bigla ka nanghihila pahiga! Kainis to”

“matutulog tayo asawa ko ^^”

Kaasar to...

\*\*\*\*

Sharlot's POV

"GO NATHAN!!!"

"Loisa!" suway ni Erick

"eeeeeh! Para san pa at nagpunta ako dito kung di naman ako sisigaw sigaw!" pag aalburoto naman nitong isa

"Loisa awat na" I said, kasi nag aalala din ako sa health niya nuh >\_\_<

Over reacting ba?eh kasi naman eh nakakatakot kaya! Saka bawal siya ng sobrang mapapagod. Kabilin bilinan yun ng doktor noon.

Pupuntahan mo kaya ako?

Lance?

Pupuntahan mo din ba ako kung ako ang nasa delikadong sitwasyon?

### **Rex' POV**

Gabi na ah

“di pa ba lalabas si Princess?”

“hindi nanaman yata kakain” sabi naman nitong si Lavi na halatang asar na asar na

Mula nung umuwi yan last week ganyan na siya.

Nung tinanong namin siya di siya sumagot

Nalaman nalang namin sa mga kaibigan niya.

“pag pumunta si Lance dito wag mong papasukin. Wag mo din ipapakausap kay Princess” sabi ko nalang

Kilala ko si Princess malambot yan pag dating kay Lance.

Pero parang ewan naman?

Kasi pag ganitong nag aaway sila

Kinaumagahan nandito na si Lance.

Pero ngayon?

Bakit wala?

“si Shizu nga pala?” tanong ni Lavi

“wala may inaasikaso pa din daw”

“ano bang pinagkakaabalahan nung baliw na yun?”

Ano nga ba?

“Rex! Magpaka kuya ka naman ngayon! Hindi ko alam gagawin ko kay Miyuki!”

Hindi pa ba niya halatang dati ko pa yun ginagawa? Lokong to

Hindi ko nalang siya pinansin..

Umakyat ako

“Miyuki baba na. kain ka na oi”

Bubuksan ko na sana kaso naka lock na

“Miyuki buksan mo tong pinto”

Patuloy pa din ako sa pagkatok kaso... wala talagang sumasagot.

Kinakabahan na ako. Kasi sumasagot naman siya saamin pag ganito...

“LAVI!!! YUNG SUSI!!!” sigaw ko

Putek kinakabahan ako..

“LAVI!!!”

“OO NA HETO NA!” sagot niya habang paakyat na siya

Agad kong binuksan ang pinto...

Nanlaki mga mata naming pareho ni Lavi nang Makita naming siyang nakahiga sa sahig at ang dami ng dugo ang nagkalat sa sahig...

I froze...

Nagulat nalang ako nung sumigaw si Lavi

“MIYUKI!!!”

SHIT!!!

Binuhat ko siya kaagad

“KUNIN MO YUNG SUSI NG SASAKYAN!!!”

Ang gago!!!

Ang daming dugo..

Ang bilis lang ng pangyayari...

Bakit niya to ginawa???

Desperado na ba siya?

Isinakay ko na kaagad siya sa kotse kasama si Lavi.

At nagmaneho ako ng mabilis hanggang makarating kami sa hospital.

Agad agad naman kaming sinalubong sa lobby palang....

“sht... Miyuki.. bakit mo yan ginawa sa sarili mo???” sabi ko habang tinatakbo siya ER

“hindi na po kayong pwedeng pumasok” sabi nung nurse...

Napatingin ako kay Lavi..

Nakatingin lang siya sa dugo sa kamay niya.. siya kasi ang kasama ni Miyuki sa likod ng sasakyan kanina...

Umiiyak siya...

At ako din..

Ang gago mo Lance para magkaganito ang bunso namin,.

Hindi ganito si Miyuki..

Bakit kasi kelangan dumating ka sa buhay ng kapatid ko kung sasaktan mo din siyang gago ka...

Miyuki please.. be strong....

Nandito naming kaming mga kuya mo :(



Ilang sandali pa

Lumabas na yung doctor

“okay na po siya” sabi niya saamin

“thank God” at least nakahinga na ako

“but”

Hah???

“the baby didn’t survive..”

## **Chapter 47: Galit**

### **LAVI’S POV**

“t-teka.. baka naman po nagkakamali kayo? Naglaslas yung kapatid ko, HINDI SIYA BUNTIS! KITA MONG ANG LIIT LIIT NG TYAN!” bigla nalang akong nagalit

“PWEDE? BAKA NAMAN MALI YAN!” sigaw ko pa

“sir calm down.”

“ANONG CALM DOWN! ALAMI---“ bigla nalang sumingit si Rex kaya naman di ko na natapos yung sinisigaw ko nakakabwisit

“Doc linawin mo ah. Anong baby? Wala pa pong asawa yang kapatid ko, isa pa panung baby nga naman? Doc maliit yang tyan oh! Nakikita mo ba?”

“sorry to say pero kung mas maaga niyo sana siyang nadala dit---“

“DOC ANO BA! MALI NGA KAYO EH!!! HINDI YAN TOTOO!” shit! Ano bang buntis ang pinagsasabi niya! Naglaslas si Miyuki! Hindi buntis ang kapatid ko!

Sht sht sht!!!

“Lavi calm down” awat ni Rex

“paano ako hihinahon Rex! Buntis at nakunan si Miyuki! Hihinahon ba ako??? Gago ba si Lance? Kaya ba niya iniwan si Miyuki? Kasi buntis ang kapatid natin at di niya mapanindigan? Eh putang inang lalaki pala yun eh! Pinagkatiwala natin kapatid natin sakanya tapos ganito???”

“I get your point but can’t we at least listen to doc first?” kalmang kalma lang si Rex pero alam ko sa loob niya nagpipigil na to ng galit.

Kalmaidong nilalang kasi talaga siya.

Calm and firm.

Isang taong ayaw ng mga seryosong bagay.

Taong hindi naman talaga siniseryoso ang mga bagay bagay at lagi lang sinasabing gwapo daw siya.

Pero in this matter, halata naman ang pagka kuya niya.

I salute Rex for his attitude.

“doc linawin mo po”

“she was two weeks pregnant, madaming dugo ang nawala sakanya. Baka kung hindi nga agad siya nasugod kaagad pati ang pasyente ay baka---“

“wag mo na ituloy doc okay naman na ang kapatid ko diba? Yung baby lang” halatang malungkot si Rex. At kahit ganyan halatang galit yan.

Pag natatahimik siya galit na talaga yan. Psh. Di ako makapaniwala.

Di talaga ako makapaniwalang iniwan ni Lance ang kapatid ko.

And worst nakunan siya ng dahil sa pag iwan ng lintik na Lance na yan.

AY GAGO!!!

**Eris POV**

“Lance” tawag ko sa kakambal ko

“may kukunin lang ako sa bag mo ah”

“geh” habang inaayos niya ang mga gamit sa kabilang side

Nadedepress pa din ako sa nangyari last time nung kasama ko si Nathan.

Ang sakit naman kasi T\_\_T

Paulit ulit ko nalang naaalala yung pinag-usapan naming nung gabing yun.

Nung gabing bumalik na siya at hindi na kasama si Miyuki.

Nung gabing hinintay ko lang si Nathan at hindi siya sinunod.

“Layuan mo na kasi ako please”

Ewan pero umiiyak siya.

Dahil ba nagmamakaawa na siyang layuan ko siya?

O dahil ba nag-usap sila ni Miyuki?

“Eris I don’t love you”

Hindi naman na ako nagulat sa sinabi niyang yun. Paulit ulit naman niya yun pinapaalala sakin.

Na tanging awa lang meron siya sakin.

Awa bilang isang kaibigan.

Kaya he kept on reminding me.

At pagkatapos nun iniwan na niya ako.

Mula nung araw na ding yun hindi ko na siya nakita.

Maski pag tumatawag ako hindi niya sinasagot.

May napapansin na din ako matagal na.

Ayaw ko lang isipin, ayoko lang tanggapin.

Hinihintay ko silang dalawa

Hinihintay ko silang umamin :(

Habang nangangalkal ako sa bag ni Lance.

May nakita akong notebook.

Matignan nga kung nagnonotes siya

I scanned it.

And nagulat ako.

Hindi kanya to...

At lalo akong nagulat sa mga nakasulat dito.

TT\_\_TT

Sabi na nga ba eh..

Sabi na eh...

-----  
Pwede naman na akong umuwi nun.

But she's asking for my time.

Kahit na gustong gusto ko ng Makita ang babaeng mahal ko.

I can't leave this girl aside!

She has a heart failure...

And all she's asking is that...

I'm gonna stay

For

3 months!

-----  
I've been confessed to several times already. But I'm afraid I can't turn down this one YET.

F\*cking Shit!

What will I do to this girl?

she's damn irritating!

I miss Sharlot!  
-----

So, she's a manager? Manager for soccer team here on L.A.

I've got a chance to play here. Quite fun but I don't like it.

All they do is to brag and to annoy each other!

I pity this manager girl.

I wanna hear your voice bah!

So gay. Why am I writing this kind of shit anyway?

-----  
Xyla called me. She said Sharlot was asking what my condition is right now. Tsk!

It's not like I'm going to DIE!  
But she sounded like I do! Tsk!

I'm irritated to this girl and to her brother.

It feels like I'm doing a charity work!

-----  
Now what? She's crying in front of me? I'm not her boyfriend in the first place! I told her, I can't love her back.

And she answered "that's okay! There's still plenty of time! You'll love me back soon... and not just a pity from you!"

What the? Is she out of her mind?

Idiot!

- \_\_\_\_\_ -

I'm angry.

Sharlot! Malapit na kita Makita!

-----

She's begging me to stay... AGAIN?

What the f\*ck?

I have a life too.

And there's a girl waiting for me. The girl I love is waiting for me. And now you still want me to stay?

Get a life ERIS! You still have your brother Erick!

-----

Tomorrow I'm going home. I wanna see her soon.

I need to see her.

I need to tease her.

I need to see her smile.

I need to hear her voice and laughter.

3 months na!

Excited na akong umuwi.

-----

TT\_\_\_\_TT

Bigla na lang akong naiyak.

"hoy bakit ka----"

Agad na pumunta sa harapan ko si Lance at inagaw yung notebook

"matagal mo ng alam hah?" tanong ko

Hindi siya makatingin sakin

“alam mong si Miyuki at si Nathan?”

“kaya nga sabi ko sayo tigilan mo na diba? Kasi si Miyuki masyadong mabait. Masyado---“

Biglang may kumatok kaya naudlot ang sasabihin ni Lance

Ang sakit naman...

“Dennis anong ginagawa mo dito? Kasama mo na ba si Miyuki?”

Nandyang nanaman yang makulit na yan nakakinis. Pinunasan ko tuloy luha ko.

“ah tungkol dun” wow seryoso boses niya ah? hlmala?

“binalak niyang magpakamatay nung isang araw, at ngayon nga ay nasa hospital pa siya dahil nanghihina pa siya”

Ah?

Napatayo ako sa kinauupuan ko.

Ano daw sabi niya

“ulitIN MO NGA SINABI MO!!!”

“sabi ko muntik na niyang patayin sarili niya! At nasa hospital siya ngayo---“

“DALHIN MO KO DUN!”

Baliw ba siya??

Ako gustong gusto ko mabuhay!

Tapos siya sasayangin niya buhay niya??

Nababaliw na siya!!!

Pagdating namin doon sa hospital

Agad na si Gail ang sumalubong saakin

“bakit ka nandito? Umalis ka na di ka naman kailangan dito. Kasi kasalanan mong lahat ito. Kasalanan mo kaya nakipaghiwalay si lance sakanya! Kaya anong ginagawa mo pa dito? Alis!” pilit niyang hinihinaan ang boses niya.

Napatingin ako kay Miyuki.

“ano? Nakokonsensya ka ba sa ginawa mo? Wagi ka na! kaya umalis ka na dito!”

Si Gail lang nandito.

“pwes! Sabihin mo kay Miyuki.. BALIW NA SIYA!!! BALIW NA SIYA KASI SINASAYANG NIYA BUHAY NIYA!!! Gail maaring masama tingin niyo saakin—“

“so alam mo pala talagang sila ni Lance ganun?”

“HINDI! Ni minsan di ko nalaman! Oo ang manhid ko na para di malaman. Oo ang sama sama ko. Pero ni minsan hindi pinagpalit ni Lance ang girlfriend niya! LAGI!!! Parati niyang sinasabi saakin na mahal na mahal niya ang girlfriend niya at di niya ako kayang mahal! Tapos ano? Ako sisihin niyo dahil naghiwalay sila? Para sabihin ko sainyo!----“ hindi ko na natapos ang sasabihin ko.. bigla nalang ako humagulgo!...

Nasasaktan ako.

Nasasaktan akong nasaktan ko na pala si Miyuki...

“Eris... labas na...” pigil saakin ni Dennis.

“sabihin mo sakanya pag nagising siya. Aagawin ko talaga si Nathan sa kanya pag di pa niya pinahalagahan buhay niya!”

### **Gail's POV**

Nakakainis. Dalawang oras na ang nakakalipas mula nung pumunta si Eris dito

Nakakainis sila ni Lance



Ng dahil sakanila muntik ng mamatay si Miyuki.

Tapos siya pa may ganang umasta ng ganun? Sampalin ko siya eh! Pasalamat siya nakapagpgil pa ako.

Ilang oras na akong nagbabantay, labas masok ang bumibisita.

Ang totoo niyan naasar din ako kay Ales ngayon.

Hindi ko alam kung may alam ba siya talaga o wala.

Pati mismo siya nalilito.

Ewan ko.

Si Lance ang dapat sisihin dito.

“GAGO KA! WAG KANG PUPUNTA PUNTA DITO AH!” O\_\_O

Nagulat ako dun.

Galing sa labas...

Lumabas ako para tignan...

And.. si Lance nandito..

“ano? Ano hah? Masaya ka na! muntik mo ng pinatay kapatid kong gago ka!” sigaw pa ni kuya Lavi

Susuntukin na sana siya ni kuya Lavi kaso pinigilan siya ni kuya Rex at ni Kuya Shizu

Tapos

O\_\_O

\*bogsh\*

Bigla nalang sinuntok ni kuya shizu si Lance

“umalis ka. Don’t go near Miyuki. Hindi lang isa ang napahamak dahil sa kagaguhan mo”

Napatingin ako kay Lance

Nakaupo sa sahig and he look confused.

At pati na din ako.

Anong hindi lang isa? Si Eris ba yung isa? Lintek naman yan! Ang lakas pa nun kanina.

“dahil sa kagaguhan mo!!! Muntik ng mamatay ang kapatid ko! At dahil ang GAGO mo! Namatay yung bata!”

Pumasok silang iniwan kaming litong lito...

Anong ibig nilang sabihin?

“I thought I protected her...” he mumbled.

“my baby?” nakatingala siya saakin at parang nasa script lang na bigla siyang umiyak..

Biglang may tumulo sa mga mata niya.

Baby

Hindi ako makatingin kay Lance

Lalo akong naawa sa bestfriend ko...

Iniwan ko si Lance at pumasok ako sa loob.

Nakatingin saakin yung dalawa.

“don’t tell Miyuki about this. Baka lalo siyang masaktan... dahil di naman siya magtatangkang magpakamatay kung alam niyang may madadamay. Hindi niya alam na buntis na pala siya baka lalo siyang malungkot and more importantly wag mong sasabihin sakanya na pumunta si Lance dito” utos ni kuya Lavi

Tumango nalang ako..

Grabe ang galit nila kay Lance...

Kasalanan naman niya to...

Hindi sana mangyayari to kung pinili niya ang kaibigan ko.

pero ang pinagtataka ko naman nakipag-away ba si Lance?

may napansin akong pasa kanina sa bandang balikat niya

or am i thinking too much?

## **Chapter 48: forlorn**

### **Gail’s POV**

Papunta kami ngayon ni Seb sa hospital.

Nandun pa din si Sharly. Kasi mahina pa siya. Ang dami ding nawalang dugo sakanya ah and dahil na din sa pagkawala nung baby. I think we need to tell her that but not now. Mahina pa kasi siya :(

Nung nagising siya ang una niyang hinanap si Lance.

At umiyak siya nung malamang hindi siya pinuntahan ni Lance. Yun ay nung unang araw. Pero kahapon nung nagising siya ulit hinanap niya ulit si Lance. Sakto naman na wala na si Lance nun. Pero ang tagal niya din naghintay sa labas. Hindi ko ba alam kung maawa ako sa tao o ano.

Kasalanan naman niya eh. He chose eris over my bessy. Pero hindi ko mabasa ang nasa isip ni Lance.

“I thought I protected her?” kagabi ko pa din iniisip yung katagang binitawan niya.

Hindi! Hindi. Siya may kasalanan kung bakit muntik nang mawala si bessy >\_\_<

“Seb! Wag mo ko iiwan ah! Papatayin kita” sabi ko

“grabe naman to! Ikaw nga lang kasi HMLSS (honey my love so sweet) ko diba!”

“tse! Ni hindi mo pa nga sinasabi kung sino ba yung Shannen na yun talaga sayo! Baka naman kasi first love mo yun!”

Hindi na siya sumagot. I think naka bull’s-eye ako. Psh

Nanahimik nalang din ako. Ayoko na nga ulitin ang topic na yan.

Lagi kasi siya nananahimik amp.

Nandito na kami ngayon sa hospital.

And wow? Kysler is here, dennis din wala yung mga kuya niya.

Wala si Ales hah? Maybe she’s with Lance?

Lumapit ako kay Miyuki nakaupo lang siya sa kama at nakatulala pa din.

“Sharly” tawag ko

“ah bessy nandito ka na pala. Di mo kasama si Lance?”

“bessy naman eh, wag mo na siya hanapin. Tignan mo nga muntik ka na mapahamak ng dahil sa pagkamartyr mo!”

Bigla siya humiga at nagtaklob ng kumot.

Feeling ko pwede na tong umuwi. Malakas na eh.

“hindi ako magpapakamartyr ng ganito kung hindi ko sana alam ang nararamdaman ni Lance.” Rinig ko na sinabi niya

“umiyak siya” she continued “at nararamdaman kong nasasaktan siya”

“bessy naman! Edi sana nandito siya ngayon!” ayoko magsinungaling sayo kaso napapabayaang mo na sarili mo. Hindi mo na inintindi ang kalagayan mo

“Gail”

“Sharly magpalakas ka muna, pagkatapos kausapin natin siya hah?”

“talaga?” parang nabuhayan ang loob niya.

Napatingin ako dun sa tatlong kasamahan ko. Nakatingin sila saakin na parang pinapahiwatig nilang wag kong paasahin si Sharlot sa wala.

“Kysler diba girlfriend mo naman si Ales? Diba? May sinabi ba siya sayo about Lance? Kasi diba—“

“Miyuki wala siyang sinasabi saakin” yun lang ang sagot ni Kysler

Lumungkot nanaman tuloy ang expression ni Sharly

Ang hirap lang kasing tanggapin na ang laki ng tama ni Sharlot kay Mariano.

Sobra naman kasi si Lance, alam ko naman eh. Ramdam ko naman ang pagmamahal niya sa bestfriend ko. Hindi niya ako pauwiin noon mahingi lang ang second chance niya.

At alam kong hindi niya yun sasayangin kaya ko siya tinulungan noon.

Naguguluhan lang kasi ako.

Ang gulo lang kasi talaga.

Biglang tumayo si Dennis at si Kysler

“hoy Seb sama ka saamin” sabi ni Dennis

Napatingin nalang kami ni Sharlot sa tatlo. Pati si Seb nakasama sa line nila?

“total wala pa naman sila kami muna ang magpapasaya sayo Miyuki” ngiting ngiti pang sabi ni Kysler

“pwedeng ako nalang yung kumanta? Di ako marunong sumayaw!” sabi ni Seb

Sasayaw? Hahaha

“hindi!! Dapat sasayaw tayong tatlo!!!” sabi naman ni Kysler

Tiningnan ko si Sharlot. Nakakatuwang Makita siyang nakangiti.

Yung tatlo bigla nalang sumayaw ng teach me how to dougie -.-

Ang pangit sumayaw ni Seb kinakahiya ko siya >\_\_<

“ahahahaha” ang wagas na ng tawa ko ng dahil sa sayaw nila

Pero si Sharlot hanggang ngiti lang >\_\_<

Walang epekto!!! Nakakainis naman

“siguro mas nakakatawa kung si Lance yung sumasayaw nuh?” tanong pa niya sakin

Huminto tuloy yung tatlo

“mas magaling kaming sumayaw dun!” sambit ni Kysler

“oo nga crush! Mas magaling ako dun at mas talented pa ako! Lamang lang siya sa acads!” sabi pa nitong Dennis

“ako ba? Mas ma-appeal ako dun” asa pang sabi ni Seb

Batukan ko to eh >\_\_<

“oi papasok na kami ah” paalam nila Dennis

“salamat sa pagbisita” said Sharlot

Haist naman.

“Sweety alis muna ako” paalam din ni Seb

Okay edi ako na maiiwan ulit

Nang makaalis na sila bigla akong hinawakan ni Sharlot

“oh? Napapanu ka?” tanong ko

“pahiram ng cp! Tawagan mo si Lance”

“Sharly ang kulit mo di nga pwede”

“bakit di pwede? >\_\_< miss ko na siya”

“Sharlot naman eh”

“alam ko pupuntahan ako ni Lance ramdam ko yun!” pagpupumilit niya

Pinuntahan ka na niya Sharly, ayaw lang ng mga kapatid mo

Gustong gusto ko na yan sabihin sakanya ng matigil na siya

“hindi ka na pupuntahan ni Lance” si kuya Lavi pala nandito na

“kuya naman eh! Pupuntahan ako nun! Alam ko pupuntahan niya ako!”

“hindi ka na nga pupuntahan ng walang kwentang yun!” halos pasigaw na si Kuya Lavi

“oh? Anong nangyayari dito?” tanong naman ng kapapasok lang na si kuya Rex

“kasi si kuya lavi! Tinatawag niyang walang kwenta si Lance at saka di daw ako pupuntahan! Mahal ako ni Lance kuya kaya pupuntahan niya ako!!!” halos mangiyak na si Sharlot

“ANO BA! WALA KA NA BANG BUKAMBIBIG KUNDI LANCE! DAHIL SA PAGMAMAHAL MO SA LINTIK NA LANCE NA YAN! NAWALA ANG ANAK NIYO!”

“Lavi ano ba tama na!” awat ni kuya Rex

Natigil si Sharlot...

“a-anak? Kuya ano ba—“ umiiyak na siya...

Pati na din ako naiyak na... nag iwas naman ng tingin ang dalawa niyang kuya...

“kuya! A-anong anak ang sinasabi mo!!!” halos wala na siyang boses ng dahil sa pagkagulat... hindi na maipinta ang mukha niya...

“Miyuki you just lost your.... Child” paliwanag ni kuya Rex

“Gail! Tell me their lying! GAIL!”

Wala akong masagot sakanya kundi ang iyak ko lang...

Ewan ko kung ilang oras siyang humagulog hanggang sa makatulog na siya ulit.

Nagising nalang siya nung nandito na si Kuya Shizu...

“kasalanan ko kaya nawala si baby, kasalanan ko kasi mahina ako”

“baby no... hindi mo naman alam diba?” kuys shizu is comforting Sharlot.

Ewan ayoko iwanan si bessy dito.

“kaa-san... opo maayos na po si miyuki. I think.. .....opo..... naayos na po ni Shizu ang lahat.” Kausap naman ni kuya rex ang mommy nila

“bukas makalawa po, opo. Yeah “

“hai”(yes) saka na niya binaba.

Ano bang pinag-usapan nila???

Lumapit siya kay Sharlot.

“Princess” tawag niya. Si kuya lavi naman ay nakaupo lang sa sofa

“ang kuya Shizu mo pupunta ng japan. Nalaman naming na---“

Pinahinto siya ni kuya shizu

“ako na” sabi niya



“my real parents asked me to go back home. I wanted to be with them too that’s why long ago i—“

“iiwan mo din ako kuya?” naiyak nanaman si Sharlot

“napalitan na ang pangalan ko sharlot. I’m not a parco anymore” he explained

“but why? Bakit ngayon pa? kuya naman---“

“kilala ko ang totoo kong mga magulang, I just told them that I wanted to be in your family even for years. I asked them because I know they’ll give me what I want”

“kuya I don’t get you! Then why do you need to go and change your name again?”

Ako mismo naguguluhan na.

Hindi siya tunay na kapatid ni miyuki???

“kuya please don’t leave me” pakiusap niya..

“I won’t” he said

Eh??? Ang gulo naman nila >\_\_<

“because you’re going with me”

## **Chapter 49: HOPE**

### **Xyla’s POV**

Si kuya :(

Mula nung umuwi siya dito di na niya ako sinusungitan and then nalaman ko kay ate ales na wala na pala sila ng ate Sharly ko TT\_\_\_\_\_TT

Papunta ako sa room niya ngayon

“kuya...” nikakatok ko yung pintuan niya. Bukas naman kaya pumasok na ako

Nasaan na yun? TT\_\_TT

Wala nanaman siya

Saan ba nagpupunta yun ng gabi? Tatlong gabi na siyang nawawala. Pero tuwing gabi lang siya nawawala. Pagumaga nandito siya.

Hindi kaya...hindi hindi. Imposible kasi yun eh.

Baka nibebenta na niya sarili niya para makaipon ng pera kaya sila nagbreak ni ATE SHARLY KO!!  
WAAAAAAAAAAAAAH

Pero hindi eh T\_\_\_\_T

Bumaba ako at sakto naman nandito si Ate Ales

“ate” malungkot ang pagkakatawag ko sakanya

“wala nanaman ba kuya mo?” tanong niya

“wala TT\_\_\_\_\_TT”

Namimiss ko na si kuya at saka si ate sharly.

Si kuya nakikita ko yan pag nandito sa bahay ang tamlay tamlay

Hindi nga yan pumapasok ngayon

“sa tingin ko nasa hospital nanaman siya” O\_\_O

“sinong nasa hospital?? Si kuya ba? May malubhang sakit ba ang kuya ko?”

“KC wala”

“s-sino?”

“si Miyuki”

“HALA! ANONG NANGYARI SAKANYA?”

“KC” hala kinukutuban ako ng masama

“nagtangkang magpakamatay ang ate Sharly mo...”

Nagulat ako sa sinabi niya..

Parang ayaw magsink-in

“nakunan siya ...KC nawala na ang baby ng kuya Lance mo”

naiyak nalang ako bigla nung narinig ko yun

Kaya naman pala si Kuya...

Kaya naman pala nung minsan iyak siya ng iyak.

“ate puntahan natin si ate Sharly. Ate sige na... please??”

Tumango nalang siya at nagpunta na kami doon

Si ate Sharly..

Bakit niya yun ginawa? :(

Bakit niya sinaktan sarili niya???

T\_\_T

\*\*\*

“wala yatang nagbabantay sakanya?” tanong ni ate Ales

Nandito na kami ngayon sa hospital.

Para akong bata. hawak hawak niya ang kaliwang kamay ko >3<

Para di daw ako mawala.

“ang alam ko heto ang kwarto niya”

Di siya sigurado? Di pa siya nagpunta???

Napatingin ako sa kabuuan ng corridor

Nakita ko ata si Kuya??? Teka si Kuya nga ba yun?

“Kuya!” tawag ko

“shhhh KC wag ka maingay alam mong gabi na eh”

“ay oo nga, teka ate” sabi ko saka ako tumakbo papunta sa kahawig ni kuya

Hindi pala niya kahawig. siya pala talaga to >\_\_\_\_\_<

“kuya” tawag ko

“bakit ka nandito? Umuwi ka---“

“bakit wala ka sa loob ng kwarto ni ate? Bakit ka nandito?”

Yumuko lang siya at umupo

“hindi ko siya pwedeng lapitan”

O\_\_O

“b-bakit? Kuya! Pumasok ka na dun! Makipagbalikan ka sakanya!”

“Xyla” bigla nalang siya umiyak

“tell her I love her.. I love her so much” TT\_\_TT

Nasasaktan si kuya

Nararamdaman kong nasasaktan siya

Nakikita ko siyang umiiyak. Kaya di ko mapigilan ang sarili ko

Bumalik ako kay ate Ales

Binuksan na niya ang pinto.

Pagpasok ko kita ko kaagad si ate Sharly, nakaupo nakahwak sa tyan at umiiyak lang TT\_\_\_\_TT

Lumapit ako sakanya...

Tumingin siya saakin at sinabing "Xyla...I lost my child...Xyla I didn't know...I was careless.. XYla..." bigla ko siyang niyakap

Hindi ko kasi alam ang sasabihin ko.

PAIN, yan ang nararamdaman ko sakanila ni KUya..

"Xyla..." Humahagulgol lang siya...

"please don't tell Lance... please... I don't want him to know that I lost our child...Xyla.. don't tell your niisan please"

Alam ni kuya...

Kasi alam ni ate Ales

Pero ayaw ko sabihin.. kasi nalulungkot si ate Sharly

Hindi ko alam ang gagawin ko...

Wala naman ako ibang magawa kundi umiyak nalang din.

“ate mahal na mahal na mahal na mahal ka ni kuya ko.. mahal ka niya ate” yun nalang ang tanging nasabi ko sakanya

Patuloy lang siyang umiiyak...

“ate mahal na mahal na mahal ka niya” paulit ulit ko nalang sinasabi sakanya

Dahil wala akong alam sabihin para macomfort ko siya

So at least I can ease her pain.

Pero mali yata ako.

Baka lalo ko siya nasasaktan

T\_\_T

“Xyla I want to see Lance... please bring him here.. I want to hear his side...”

“please??? I want him to prove to my brothers that he’s different”

Patuloy siyang umiiyak..

Napatingin ako sa lugar ni ate ales kaso wala na siya dun

“at kahit ayaw ko malaman niya... sasabihin ko pa din...sasabihin kong...”

“sasabihin kong yung bata.....” iyak siya ng iyak

Hindi ko tuloy mapigilang sabihin na

“ate... tatawagin ko si kuya.. nasa labas siya” naawa na ako kay ate sharly T\_\_T

“ate pangako mo.... Ikaw lang magiging ate ko.. gusto ko ikaw lang... kasi ikaw lang ang babaeng minamahal ng kuya ko” nakangiti kong sabi habang pinupunasan ko yung luha ko... at pati na din luha niya

Iniwan ko siya sandali...at paglabas ko si ate Gail nandito na

“Lance anu ba! Duwag ka ba ah? Pupuntahan mo lang naman siya eh! Ayaw man kitang papasukin dun pero naman kasi! Kahit ngayon lang! kelangan ka ni Sharlot!” sabi niya kay kuya

Nakatayo pa din ako sa harap ng pinto

“Lance you should go... please” pakiusap ni ate Ales

Bakit ba ayaw ni kuya??? Ano bang problema niya???

“kahit simpleng silip lang di mo magawa hah? Sabihin mo naman ang dahilan Lance! Wag ka namang manahimik dyan! O baka naman kasi tootoong yung Eris nga!” hindi ko alam ang sinasabi nila..

Hindi naman ako makalapit T\_\_T

“Lance please.. kahit ngayon mo lang naman siya kausapin para naman hindi kawawa yung tao. Bakit ba ang hina hina mo! Naiinis ako sayo! Naiinis ako sayo kasi binigay ni bessy ang second chance na yan noon sayo at ngayon sinisira mo! Ang masama pa Lance nabigay niya sayo lahat! Naging mabuti siya sayo! Ano ba? Snap out that foolishness of yours!”

“I can’t. how many time do I need to tell you that I can’t?” umiiyak na si kuya...

T\_\_\_\_\_T

Biglang bumukas yung pintuan..

Napatingin ako kay ate Sharly, hawak hawak niya yung lalagyan ng dextrose niya T\_\_\_\_\_T

“tell her to forget about me”

“L-Lance??”

“bessy” agad tumakbo si Ate Gail papunta kay ate Sharly

“ano ka ba bakit ka tumayo agad” inalalayan na niya si ate sharly papasok

“t-teka si Lance”

Napatingin ako kay kuya...

“Kuya ano ba!!! Tatayo ka nalang ba dyan??? Kuya!” sigaw ko sakanya >\_\_\_\_<

Bakit ba ayaw niya lapitan si ate Sharly???

“kuya... gusto ko si ate sharly lang” I said crying

“Gail wait!” sigaw ni ate Sharly “Gail.. si Lance!” pinapasok na kasi siya sa kwarto niya

“Sharlot! Oo pinapayagan kita Makita si Lance pero hayaan mo naman siya ang mag-effort pumasok! Sharlot naman! Kita mong ang hina hina mo pa! ni hindi ka na nga kumakain tapos LANCE pa din?”

TT\_\_\_\_TT

Nasasaktan na ako para kay kuya...

Lumapit ako sakanya

“kuya naman... kahit sandali lang”

Bigla nalang ako niyakap ni kuya

Naiyak na ako...

Naiyak na talaga ako

Kanina pa pala ako umiiyak TT\_\_\_\_TT



Tapos bigla nalang niya ako iniwan at umalis na siya

Ano bang nangyayari sakanya???

Pumasok na ulit ako sa kwarto, kasama ni ate Ales.

“nasan na siya?” tanong ni ate Gail saamin

“umalis na” sagot ni ate ales

“duwag siya” sabi ni ate Gail

“hindi duwag kuya ko! Mahal niya si ate sharly! Hindi siya duwag!!! Kasi kung duwag siya mahihiya siyang ipakita saakin na umiiyak siya!!! Mahal na mahal niya ang ate Sharly ko” sumbat ko habang pinupunasan ko luha ko

“hindi duwag kuya ko.. mahal niya si ate sharly...” mahina kong sabi

Hindi kasi siya duwag

Nsasaktan din siya

“pupunta na akong japan, pero di ko pa din siya nakakausap”

Eh??

“Tell Lance I’ll wait for him... sa airport. Sa Wednesday.. please tell him...”

“this would be his last chance so please tell him”

“please....tell Lance I’ll wait..”

“because we promised..”

“we’ll be together, forever...”

“pero pag di ko siya nakita, pag di ko siya makakausap sa araw na yun”

She paused and stared at me blankly

“as he said, I’ll forget about him. And will move on”

## **Chapter 50: COMPLICATED LOVE**

### **Sharlot’s POV**

Bukas na ang alis ko

Bukas na ang huling chance para makausap ko siya.

Pupunta kaya siya?

O mananatiling mananahimik nalang siya?

“princess naayos mo na ba mga gamit mo?” tanong ni kuya Rex saakin

Ngumiti ako ng bahagya at sinagot siya “opo, lahat naayos ko na” habang hawak hawak ko ang singsing na nakita ko noon sa rosas.

Ang singsing na dapat nakakapagpasaya saakin ngayon.

“kuya... hihintayin ko pa din si Lance” sambit ko

Napatingin lang siya saakin at saka niya ako sinagot “hindi naman kita mapipigilan sa gusto mo, pero alam mo naman na---” hindi ko na siya pinatapos pang magsalita “kuya pag hindi siya pumunta bukas. Pangako kakalimutan ko na siya”

Kahit alam kong may pag-asa dahil alam kong mahal niya ako.

Mahal na mahal ako ni Lance.

Pinuntahan niya ako sa hospital diba?

Pinuntahan niya ako pero para bantayan lang mula sa labas.

Alam ko yun. Alam kong tatlong gabi na siyang nasa labas ng kwarto ko sa hospital.

Dahil naririnig ko naman sila, naririnig kong pinagbawalan siya ng mga kuya ko. Naririnig ko din kapag nag-uusap sila nila kysler.

Ang hindi ko nalang naririnig, ang mga dahilan niya.

Dahil ni minsan maski kina Kysler hindi na sinabi.

Bumukas yung pintuan ko at saka pumasok si Kuya LAvi

“may mga bisita ka sa baba hime” sabi niya saakin

Sila kuya Lavi at Kuya Rex ay susunod nalang daw sa Japan.

Medyo okay na din naman ako kaya nilabas na ako sa hospital.

Mabilis naman daw ako makarecover sabi ni doc, pero syempre hindi pa din ako pwede magpagod. May bandage pa din syempre yung wrist ko.

Pagbaba ko, sila Eris at Erick buti wala si Gail dito?

Umupo ako sa sofa. Nakatingin lang ako sakanila.

“oh” abot ni Eris saakin

“p-panung napunta sayo to?” nagtatakang tanong ko. yung diary ni Lance. Dati ko pa siyang nabasa. Paulit ulit kong binabasa ang bawat dulo ng bawat pahina.

Tumayo siya sa harapan ko.

Bigla niya ako niyakap.

“I’m sorry, Miyuki I’m sorry. I didn’t know. I’m sorry” hindi ko mapigilan mapaiyak sa ginagawa niya ngayon

I hugged her back. Para siyang batang umiiyak ngayon saakin.

“Miyuki... he’s lucky... Lance is lucky to have you... Miyuki please... ingatan mo ang sarili mo. Please?” pakiusap niya saakin

Bumitaw siya sa pagkakayakap at saka niya hinawakan ang dalawa kong kamay.

“try to value your life, don’t waste it. Kasi ako, I tried my best para sumaya ako... Miyuki....” Tumigil siya sa pagsasalita dahil hindi na niya mapigilan ang mga luhang dumadaloy ngayon sa pisngi niya

“I have a heart tumor” nagulat ako sa inilahad niya.

“Miyuki, I’m dying. Sinubukan ko maging Masaya, Lance made me happy at least he tried his best to fulfill all my wishes, but he cannot grant all of it, for he loves you so much. Habang tumatagal noon, nasasaktan na ako. You’re so cool Miyuki. Thank you. thank you because you agreed to fulfill my wishes.”

Ewan pero nagulat talaga ako, sinusubukan niya mabuhay samantalang ako halos ako na mismo bumawi sa sarili ko...

Naging makasarili ako, naging bulag at naging mahina. Kaya naman nawala ang anghel ko :(

Sa mga maling pagpapasya at pag-iisip ko.

Ng dahil naguguluhan ako.

Ang daming nawawala saakin.

At first si Lance, kung hindi ko ba sinabi ang mga salitang 'let's break up' nasaakin pa din ba siya?

Kung naging positive ba ako sa mga nangyayari, nagyari ka yata to?

Hindi na tumigil sa kakaiyak si Eris, inalalayan na siya ng kapatid niya pabalik sa upuan niya

"naiwan mo yan noong may laban tayo, nung bigla kang umalis" tinutukoy niya ang diary ni Lance.

Binasa ko yan noon bago kami sumalang sa stage.

Ramdam kong ako lang ang mahal ni Lance pag binabasa ko yun.

Kasi hindi naman siya manloloko tulad ng iba

I just love him so much kaya pinanghahawakan ko pa din ang pangako niya

"tuwing nag-uusap kami ni Lance, laging tungkol lang sa sakit ni eris ang pinag-uusapan naming, nung una hindi pa niya alam ang kalagayan ng kapatid ko. Pero nung may game siya sinabi ko na, pero hindi ko siya inoobligang gawin ang mga bagay bagay kay Eris dahil alam kong nasasaktan ka at pati na din siya. Kitang kita naman sayo. At saka isa kang babae na hindi dapat pinapaiyak. Nagulat lang ako dahil nakipaghiwalay siya sayo"

Nalungkot naman ako dun

"lalo ng malaman kong hindi ang kapatid ko ang dahilan."

"sinabi niya saakin na lalayuan niya si Eris, pero hindi niya sinabi saakin na pati ikaw lalayuan niya"

"kung anu man ang dahilan niya, tatanggapin mo ba siya? Tatanggapin mo pa din ba?"

Natulala ako sa tanong niya.

Kahit ano bang dahilan niya?

Matatanggap ko ba?

Ang paglayo niya saakin, ang hindi pagkausap saakin kahit ang lapit lapit na niya.

Ano bang dahilan niya?

Bakit nararamdaman kong takot na takot siya?

:’(

Whatever his reasons will be, bukas ko malalaman. KUNG darating siya :’(

Umalis na yung kambal.

Hawak hawak ko pa din yung singsing.

Tinitigan ko lang to. Iba pa yung singsing na sinuot niya saakin nung birthday ko. Couples ring yun.

“Lance? Will you chase me? Will you stop me? Or will you officially let go of me?”

Pumunta na ulit ako sa kwarto ko

Ayoko na umiyak, pero sa buong sulok ng kwarto ko na ito, naalala ko si Lance. Ang dami niya kasing mga bagay na nabigay saakin. Halos lahat ng sides nandun mga nabigay niya.

Buhay pa din ang rose. Pero wala na ang bulaklak nito.

Lanta na sila.

Kapag ba namulaklak ka ulit? Makukuha ko ba siya? O tuluyan ko na ba dapat siyang kalimutan at gumawa ng bagong alaala kagaya ng pamumulaklak mo ng panibago?

Lumapit saakin si Piffie yung aso ko.

Sabi nila ang mga aso daw nararamdaman ang mga nararamdaman ng mga amo nila.

“piffie” niyakap ko nalang siya hanggang sa nakaramdam ako ng antok.

Please see me.

At least for a moment.

\*\*\*

Umaga nanaman.

Mamaya na ang flight namin ni shizu-nii

Dalawang oras pa.

Hindi ko alam kung for good kami ni kuya shizu.

Hindi ko din alam kung kelan ako babalik dito.

At hindi ko alam kung babalik pa ba talaga ako.

“Miyuki dun na tayo” yaya ni kuya Shizu

“pero kuya, I’ll wait for Lance”

“tsk.”

“pagbibigyan ka namin Hime. Hintayin mo siya pero pwag hindi siya dumating---“ hindi ko na pinatapos si kuya Lavi

“kakalimutan ko na” I said

Umupo na muna ako sa mga hintayan doon.

Lance?

Pupunta ka dito diba???

Kasi diba forever tayo? We promised right?

Naalala ko nanaman

\*\*\*

*‘(please don’t get tired of me. Please love me always.)*

*"I will surely do Lance Mariano"*

*(promise?)*

*"yup promise ko sayo yan Lance.." ' "*

*\*\*\* tinutupad ko ang pangako ko. Tutupadin mo ba ang iyo?*

*"Lance.. pangako ko sa ilalim ng maliwanag na buwan na yan. Mamahalin kita forever! ^\_\_^"*

*(September 13 year 20—I promise that I will only love Miyuki Sharlot Sato Parco that whatever trials will come I promise that we will overcome those together. Signed Nathan Lance S. Mariano)*

*"haha Sino witness?" nakangiti kong tanong*

*(the moon and all the stars Sharlot... pag nabilang mo silang lahat magaling ka. Ang dami nating witness sa sumpaan natin.) he chuckled.*

*\*\*\* madami tayong witness diba? Hanggang hindi nawawala ang stars at moon. Mananatili ang mga pangako natin sa isa't isa diba?*

*(that our love for each other will last forever. Even there's no such thing as forever)*

*(next time lets watch this kind of a night together yung katabi kita. I wanna be with you so bad. )*

*\*\*\* diba humiling ka sa kalangitan na FOREVER tayong dalawa? Diba panunuorin pa natin ang kalangitan ng sabay diba???*

*\*\*\**

*"Sharly" Si Gail.*

*"buti nandito ka pa, mamimiss kita bessy. Akala ko noon ako ang mangiiwan sayo yun pala ikaw naman" sabi niya habang yakapyakap ako.*

*"bessy naman eh, bestfriends tayo diba?"*

*Kasama niya pa yung iba, sila kysler, seb, ales, dennis pati na din si Xyla.*

*Lumapit saakin si Ales.*



Tinignan ko siya ng may pagtatanong sa mga mata ko

Umiling iling lang siya

Wala na bang pag asa na darating siya???

Niyakap ako ni Ales

“sorry, sorry kasi maski ako hindi alam ang sagot sa mga katanungan niyo. Hindi ko din alam kung anong nangyayari sa bestfriend ko. Pero Miyuki, mahal na mahal ka niya. Dati lang yung problem about eris lang ang sinasabi niya, pero this time hindi ko na alam” she cried

“sorry kasi hindi ko alam, sorry kasi hindi ko nalaman”

Nginitian ko lang siya in return

“hindi mo naman kasalanan na hindi mo alam eh” pinipilit kong maging Masaya sa harapan nila. Kasi may pinanghahawakan pa ako.

Ang pangako mo

\*\*\*

*“ako, si Lance Mariano ay nangangako na hindi ko pababayaan ang magiging asawa ko sa hinaharap na si [Miyuki Sharlot Parco](#). aalagaan ko siya at aalagaan niya ako. at habang ako ay nabubuhay hinding hindi ko siya ipagpapalit kaninuman kahit na mas maganda at kahit pa type ko yung isang babae.*

**TANGING SI MIYUKI SHARLOT LANG ANG MAMAHALIN NI NATHAN LANCE SUAREZ MARIANO”**

\*\*\* mapapako nalang ba lahat ng mga pangako mo saakin?

Umaandar ang oras Lance.

Diba prinsipeng kita?

Sabi ko pa nun I wanna start a journey with you and fill this journey with happy memories.

Pero, bakit puro sad memories ang journey na to?

Mali ba ang daan na tinahak natin?

“Sharlot” tawag ng isang lalaki saakin

Sobrang familiar, at tumatakbo siya papunta saakin

Niyakap niya ako ng sobrang higpit

“akala ko di kita maabutan”

Niyakap ko din siya

“Jake”

“buti nandito ka pa, buti di ka pa nakakaalis” sabi pa niya habang yakap yakap niya ako

“oi ano ka ba! Kung yumakap ka naman HA-HA” fake laughs, fake smiles.

Kung nandito ka lang sana Lance

Naiiyak na ako.

“Miyuki, magagalit ka ba saakin?” tanong niya saakin

Hindi ko siya maintindihan.

“nangako ako Miyuki nangako ako”

“Anong oras na?” I asked pagpapalit lang ng topic. Kasi alam ko. Alam ko ang sinasabi ni Jake. Pero kasi. May hinihintay pa ako.

“1:45pm” sagot ni Kuya Lavi

Malapit na mag alas dos.

Lance...

Hindi mo ba ako pupuntahan???

Nakatayo na ako at hindi mapakali.

“hinihintay mo pa din ba siya?” tanong ni Jake

Yumuko lang ako.

Lance bibiguin mo ba ako???

Lumapit saakin si Xyla.

“ate” mangiyak ngiyak na siya.

Niyakap niya ako

Hindi ko na alam ang nararamdaman ko.

Parang nawawalan na ako ng pag-asa.

“Miyuki kelangan niyo ng pumunta doon” –kuya Rex

“pero si---“

“Miyuki you promised”

Aalis na ako.

Hahayaan mo ba akong umalis nalang ng ganito?

Hindi ka ba natatakot sa ginagawa mo?

Hahayaan mo bang mapalitan lahat ng nararamdaman ko ng puot?

Ng pagkasuklam?

Tumayo ako sa harapan nilang lahat.

Pinilit kong ngumiti kahit naiiyak na ako.

“neh minna-san...” (everyone)

Tumingin silang lahat saakin.

Lahat sila nandito, lahat ng di ko inaasahang dumating nandito.

Niyakap nila ako isa isa.

Lance... kahit ilang Segundo lang.

Magpakita ka please?

Aalis na ako.

Hindi ka ba magpapakita???

Lance???

“sayonara” (goodbye)

Yan ang mga huling salitang nasabi ko sakanila.

Pagtalikod ko sakanila, di ko na mapigilan ang luha ko.

Umiiyak na ako sa pag-iisip na wala na talagang pag-asa.

Nakasakay na kami sa eroplano.

Wala na talagang pag-asa

As I promised

I'll forget about you.

But at least I want to:

Thank you for all the happy memories.

Thank you because I met you Lance

And for the last time

I want to say I LOVE YOU.

I love you so much.

I am crying, kasi hinayaan mo ako Lance.

Umiiyak ako kasi hindi mo pinangatawanan ang mga pangako mo.

Mahirap lang kasi lumaban ng mag isa.

Mahirap panghawakan ang isang pangakong hindi naman alam kung matutupad.

Na kahit pinapamukha na saakin ng mga kuya ko na wala na talaga pinaglalaman pa din kita.

Bakit ba kelangan mo ko saktan ng ganito?

Bakit kailangan mong iparamdam saakin na mahal na mahal na mahal mo ako kung sa huli iiwan at pababayaang mo din ako?

Lance namatay nalang ba ang bata sa wala?

Mahal ko yun mahal ko siya kahit hindi pa siya buong buo.

Mahal ko siya tulad ng pagmamahal ko sayo.

O baka nga mas mahal ko pa siya kesa sa nararamdaman ko sayo.

Lance I love you at alam mo yan.

Mas minahal kita kesa sa sarili ko.

Now?

I just want to forget about you.

I wish all the memories to fade.

No.

I WANT all those memories to fade.

Gagawin ko ang gusto mo Lance

I will forget about you...

Pangako pagbalik ko.

Pagbalik ko

Iba na ako Lance.

Because time will come

I know this feeling of mine will fade

And

This COMPLICATED LOVE of ours will End.

Soon.

## Epilogue

I thought our love for each other WAS perfect.

But you proved me wrong

That was one of a kind hah?

You didn't just hurt me once but twice or maybe more than that.

Love? You said when loving someone we must not waste chances.

I gave you chances.

But you wasted it. ALL OF IT.

Or maybe because we are really not meant for each other?

That even though we faced lots of hindrances, END still came to us.

I thought HAPPY ENDING na kami noon.

Pero napatunayan lang na as life goes on, trials are there to test you. To test US.

COLLEGE LIFE?

I thought simple lang maging college.

I thought ganun pa din.

Tanging oras lang ang aagawin.

Akala ko puro aral lang.

Pero I guess I THOUGHT WRONG again.

May mga taong sadyang darating

At

makakagulo sa buhay kahit hindi naman sinasadya.

TIME and SPACE.

Yan siguro ang kailangan ko ngayon.

And that this is the perfect time to love myself first.

Akala ko kasi noon, pagnagmahal ka. OKAY na yun.

May panghahawakan ka na.

Kasi alam mo na mahal ka din niya.

Na kahit COMPLICATED ang lahat masasabi at masasabi pa din  
Ang mga salitang MAHAL KITA.

Makakayanan kaya kitang kalimutan?

Gayong MAHAL NA MAHAL TALAGA KITA?

May darating pa nga kayang iba?

May darating pa kayang iba para tuluyan na kitang makalimutan?

O patuloy nalang ako sa pamumuhay gaya ng patuloy na pag-ikot ng mundo

Kahit wala ka?

\*\*\*\*

Pangako ko:

Mamahalin ko na ang sarili ko.

Hindi na ako aasa pang muli.

Aalagaan kung anong mayroon ako.

Para sa pagbabalik ko.

IBANG TAO NA AKO.

Para naman sa pagbabalik ko.

PAGSISIHAN MONG PINAKAWALAN MO ANG ISANG TULAD KO.

At pangako ko,

Tutuparin ko ang pangakong binitiwang ko.

Para sa pagbabalik ko



HINDI NA KITA KILALA.

Na ang MIYUKI SHARLOT PARCO na mahina

Ay malakas na

at

tuluyan na niyang nakalimutan ang taong

MINAHAL NIYA NG LUBOS.

SAYONARA RANSU-KUN.